Cubao Midnight Express

Mga Pusong Nadiskaril Sa Mahabang Riles Ng Pag-ibig

Tony Perez

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
FILIPINIANA SECTION MAIN LIBRARY

Cubao Midnight Express

Mga Aklat Ng Cubao

Cubao 1980 At Iba Pang Mga Katha
Unang Sigaw Ng Gay Liberation Movement
Sa Pilipinas

Cubao Pagkagat Ng Dilim
Mga Kuwentong Kababalaghan

Eros, Thanatos, Cubao
Mga Piling Katha

Cubao Midnight Express
Mga Pusong Nadiskaril
Sa Mahabang Riles
Ng Pag-ibig

CUBAO MIDNIGHT EXPRESS

MGA PUSONG NADISKARIL
SA
MAHABANG RILES
NG
PAG-IBIG

UP MAIN LIBRARY
DMLF00068397

TONY PEREZ

CACHO PUBLISHING HOUSE

PL
6164.4
P49
C82

Copyright © ni Chito Miranda, 1994. Reserbado ang lahat ng karapatan. Hindi maaaring gamitin o kopyahin ang anumang bahagi ng aklat na ito sa anumang paraan nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may-copyright o tagalathala.

Nilathala ng Cacho Publishing House, Inc., Union corner Pines Sts., 1501 Mandaluyong, MM. Maaaring tumawag sa 631-8361 o sa aming distributor, ang Anvil Publishing Inc. sa 633-6121.

Unang Paglimbag:

5 4 3 2 1

Larawan sa pabalat: "Tren at Rosas". Kuha ni R. C. Sunico.

Dibuhong-Aklat: R.C. Sunico

I S B N : 971-19-0164-1 (Newsprint)
971-19-0165-X (Bookpaper)

MAR 2 9 2019

Kina Baby,
Remi,
Alice
at
Sylvia
ang aking mga kapatid

Mga Nilalaman

Pasakalye ix

Isang Gabing Madilim
Sa Malawak Na Distrito Ng Cubao xxv

First Trip
Tipanan 3
Pamamanhikan 27

Second Trip
Basted 69
Kaisplit 106
Katalo 128

Third Trip
Balani 149
Ligaw 185
Kirot 186
Relasyon 200

Tularan Sa Pagbuo Ng Isang
Handknitted Beach Poncho
Mga Rosas Na Papel 247

Pasakalye

Hunyango mandin ang tao: nilikhang taglay ang kakayahang magpabagu-bago ng nagtutunggaliang kulay maiangkop lamang ang buhay at sarili sa mga galaw ng pangyayaring mapait tanggaping katotohanan. Minsan, nagkukulay siyang di-kapani-paniwalang dilim ng kahayupan — wari nilalang na gumagala nang patago sa mga anino ng gabi, naghahanap ng biktimang masisila, lumalakad nang apat ang paa sa lupa, at hindi iyong nakatayo nang tuwid sa dalawa lamang at yumuyuko sa katwiran. Minsan, nagkukulay siyang maaliwalas na puti ng kawalang-malay upang mapalitaw lamang ang mapulang ngitngit at lupit na nagkukubli sa kanyang puso. Para bagang si Edipo ang mismong Espinghe na nasalubong niya patungong Tebas, na nang talunin niya sa wastong pagsagot sa bugtong na "Ano ba ang tao?" ay hinalinhan niya sa pagsasabog ng di-mapantayang sama sa kahariang tungkulin pa naman niyang iligtas. Kung bakit laging nasusumpungan ang pagiging kabilanin ng tao.

Lalo na sa larangan ng pag-ibig na nadiskaril, ayon sa kamangha-manghang koleksiyon ng mga maikling kuwento ni Tony Perez, ang *Cubao Midnight Express*. Muli, dinadala ni Perez ang kanyang mga mambabasa sa karaniwang-karaniwan at pamilyar na

pamilyar na lunsod ng Cubao upang ipakita kung paanong doon mismo nagaganap ang mga pangyayaring nais sana nating ituring na malayung-malayo sa pamilyar at karaniwan. Iyong hindi natin maiharap sa liwanag sa takot na talikuran ng mga taong ating pinahahalagahan, o ng lipunan. Iyong hindi natin matingnan sa suklam sa makikitang kapangitan sa ating sarili (dahil pumayag na nga tayong maniwala na ang kagandahan lamang ang makabuluhan sa buhay). Iyong ipinasiya nating ilibing sa lubog na kamalayan sa pag-asang makatakas sa masalimuot at di-natatapos na responsibilidad ng pagbuo sa ating sarili.

Ito. Itong bahaging nasa kulimlim, nasa lambong, nasa anino, ang itinatambad ni Perez sa kanyang koleksiyon. Ang bahaging tumiwalag sa katwiran at nangailangang lumikha ng isang ilusyon ng katwiran upang suhayan ang sarili. Ang bahaging mahirap suriin at tistisin dahil nasa madilim na sulok ng puso ng tao. Subalit kung bibihisan ng isang naratibo ng pag-ibig — ng nabigong pag-ibig — at isisiwalat nang tagpu-tagpo, makakayang *tuntunin* at *unawain* at *tanggapin* kahit pa ang kakaibang-kakaiba, ang karima-rimarim, ang kahambal-hambal, at ang kapanglaw-panglaw.

Sa pag-ibig nga higit na natutuklasan ang pagka-kabilanin ng tao. Alam na alam natin kung paanong ang pag-ibig ay tulad ng gatas na tigib ng sustansiya ng buhay. Sa sandaling makurta, nagiging lason. Gayon din, ang pagmamahal na nauklo ay nauuwi sa pagkamuhing

nakamamatay. O, sa kalungkutang nakawawala ng pag-asa. O, sa isang pagkaalipin na walang-kapara.

Sa koleksiyon ni Perez, ibinabalik niya tayo sa pamilyar na kapaligiran ng Cubao upang isalaysay ang mga kuwento ng pag-ibig na ngayon pa lamang nabubuhay sa mga dahon ng ating panitikan. Bunga nito, ang Cubao ay nagiging talinghaga kapwa ng lugar na kilalang-kilala at ng lugar na bago-pa-lamang-kinikilala. Wari ang tagpuan ng mga kuwento — ang Cubao mismo — ay kabilanin din, may dalawang mukha: ang sentro ng komersiyo, negosyo at trabaho, o ang Cubao na panlabas; at ang tanghalan ng emosyon, ilusyon at pasyon, o ang Cubao na panloob. Pinaghihiwalay ang dalawa ng pagtugtog ng alas dose ng hating-gabi: ang oras ng hiwaga o malikmata, ang oras ng pagbangon ng mga imahen ng alaalang pinatay sa limot bagaman balik nang balik sa kasalukuyan. Tulad sa mga antigong kuwento ng kababalaghan at katatakutan kung saan sa hatinggabi sumisipot ang sama, ang hatinggabi ni Perez ang hudyat ng pagkabunyag ng marurumi, mauuling at mapang-aliping katotohanan. Bagaman ngayon, hindi na kailangang papaglaruin ang guniguni sa malalayong kaharian ng pantasya upang saksihan ang kapangyarihan ng hatinggabi. Ang kailangan lamang ay tumingin sa realidad ng isang umiiral na lunsod — ang Cubao — at pasukin ang mga puso ng mga taong umiiral din doon — ang mga saleslady, cashier, manager, clerk-typist, Atenista, piano teacher, junior instructor, artista, laborer, manunulat. At agad

na mahahayag ang mga mapanirang puwersa sa psyche ng tao na pilit na inilingid sa maalikabok na liwanag ng mapaghusgang mata ng lipunan upang isagawa ang malupit o kakatwa o katuwa-tuwa o katawa-tawa nitong paghihiganti, o simpleng pagbuhay lamang sa sarili.

Ang hatinggabi, samakatwid, ang boundary o hanggahan na kailangang tawirin upang makarating sa isang *kabila* (anumang anyo mayroon ito), maramdaman lamang na may paggalaw ang buhay na kung tutuusin matagal nang naitirik sa isang lugar. Hawig ito sa hatinggabi ni Konde Dracula ng panitikan at ng mga aswang at manananggal ng mga kuwentong-bayan: ang hatinggabi ng mga maligno o puwersang negatibo. Literal na hatinggabi ito. At hindi rin literal kundi talinghaga ng isang pagtawid sa sagradong hanggahan. Lahat ng nakaranas ng ganitong pagpapakabila ng landas mula sa tuwid tungo sa pabalikuko at baku-bako, mula sa kawalang-malay tungo sa malisyosong kalupitan, mula sa mga kumbensiyon ng lipunan tungo sa mga eksperimentasyon ng indibidwal, ay nakaraan sa isang hatinggabi, at hinding-hindi na sila tulad ng dati.

Ang hatinggabi rin ay isang uri ng kalagayan ng *psyche* ng mga tauhan ng kuwento. Ito ang pagpasok nila sa isang estado kung saan nalilimanan sila ng lakas ng mga katangian, ugali, pananaw, at pangyayaring pinilit nilang iwaksi sa kanilang kamalayan dahil hindi nila matanggap ang sama o lungkot o takot na dulot nito. Hindi nila namamalayan na ang inalis nila ay hindi naman tumitinag doon, at ang tindi ng

pagsisikap nilang mawala ito ay siya ring tindi ng lakas nitong manatili. Sa lengguwahe ni Jung, ang hatinggabi sa mga kuwento ang katumbas ng *shadow* o anino, o ang mga di-kanais-nais na katangian ng tao na kailangan niyang harapin at ipaloob nang maayos sa kanyang pagkatao kung nais niyang magpatuloy ang kanyang paglago at pagkabuo.

Kaya inuri-uri ni Perez ang kanyang mga kuwento nang ayon sa lapit o layo o pagka-eksakto nito sa alas dose ng hatinggabi, sa katindihan ng dilim. Iniaagapay niya itong hatinggabi ng puso at ng kaluluwa sa iskedyul ng mga biyaheng nagmumula sa Cubao, palayo, at pabalik din, simula sa bandang alas onse hanggang alas dose ang "First Trip," bandang ala una at alas dos ang "Second Trip," at mga alas tres at alas kuwatro ang "Third Trip." Kung ang layo o lapit sa umaga ang sukatan ng lalim ng dilim sa mga puso ng tauhang nagbibiyahe sa kanila namang mga indibidwal na buhay, sumusunod na ang mga kuwento sa seksiyong "First Trip" ang nasa kasukdulan ng kapang-yarihan ng mga anino sa buhay. Ang mga nasa "Second Trip" naman ay naratibo ng mga pusong nakakalag na sa anino at nag-aaral nang mabuhay nang kaagapay ang mismong aninong ito. Ang kabilang sa "Third Trip" ang pinaka-malapit sa liwanag ng umaga. Kakikitaan ang mga tauhan dito ng kahandaang tanggapin ang sama at kapangitan ng buhay at ng sarili. Higit silang bukas na masaktan. Hindi na sila nagta-tayo ng sari-saring depensa upang iligtas ang puso sa sakit at pait. Bigo man sila sa dulo, may isang uri ng ningning ng kadakilaan ang

pagsisikap nilang lampasan ang sama sa pagkilala at pag-amin dito, at sa kanilang pag-ako sa sariling responsibilidad sa pagsapit nito sa kanilang buhay.

Saklut-saklot ng anino si Amor sa unang kuwento, ang "Tipanan," sa "First Trip." Isang peministang takot na takot na makaranas ng pandarahas ng serial rapist ng Cubao, masigasig niyang ipinagtanggol ang sarili sa posibleng pag-atake nito sa pagkakabit ng mga kandado sa kanyang pinto. Mapait ang mga karanasan ni Amor sa pag-ibig (kasimpait na balintuna ng kanyang pangalan). Ginamit siya; nanggamit siya. Minaliit siya ng unang nobyo; minaliit niya ang ikalawa at pinagdudahan ang motibo sa mga babae ng mga lalaki. Noong halos hatinggabi na, pagkaraang katakutan ang posibleng pag-atake ng serial rapist, binuksan niya ang mga kandadong kakakabit lamang sa pinto, lumabas ng kanyang silid, at nagpahangin sa labas nang wari hinihintay ang pagdating ng rapist. Sino si Amor? Biktima o mambibiktima? Paano siya makalalaya sa damdamin ng pagsisisi at panghihinayang sa pag-ibig na itinapon ng isang nakaraang pagkabigo? Hanggang kailan siya magtatago sa pagiging peminista? Sa pagnanais na laging makontrol ang mga pangyayari sa buhay? Patungo nga si Amor sa isang hatinggabi ng puso, sa isang pakikipagtipan sa kamatayang matagal nang nagkandado sa kanyang kakayahang umibig muli.

Sa "Pamamanhikan," papapasukin ni Perez ang mambabasa sa lubha pang madilim na bahagi ng puso. Pagkukuwentuhin niya ang

serial rapist ng Cubao tungkol sa kahindik-hindik at nakapanlulumong pagkadiskaril ng kanyang pag-ibig. Nakakukumbinsi ang malalamyos na salitang ginamit ng tagapagsalaysay sa simula: wari ba siya tipikal na romantikong mangingibig na walang ipinamamanhik kundi ang wagas niyang pagmamahal na nabighani ng walang-kaparang kagandahan ng nililiyag. Subalit nang sabihin ng lalaki na, "Pero hindi ako umalis, Mahal. Buong gabi kitang hindi iniwan," kinutuban na ang mambabasa na sa likod ng karaniwang kuwento ng dungong pag-ibig na kilala sa tawag na ligaw-tingin, naroon ang ka-kila-kilabot na naratibo ng isang obsesyon na muling makapagpatikim ng lupit sa isang magandang babae, yaman din lamang na sa kamay rin ng isa pang magandang babae siya unang nakatikim ng lupit ng panlilibak at pangmamaliit. Mula noong aksidenteng pagka-hulog sa hagdan at pagkamatay ni Rose, ang kaklase sa mataas na paaralan, noong marinig ng tagapagsalaysay ang "malutong na lagutok, parang yaong pagbali ng sanga ng punong bayabas," nabali at nasawi rin ang *bait* nito. Huminto iyon sa pagtubo. Napako sa tindi ng sakit ng mapagtawanan ng babaeng hinangaan at lihim na minahal. Napako sa pag-iwas sa realidad, sa pagtatago ng mga pangyayari, sa pagbabalik ng lupit dahil lupit ang naiwan sa kamalayan. Sa paghanga sa kagandahan, kalu-pitan ang isinukli. Mula noon, sa bawat pag-hanga sa bagong kagandahang aakit sa kanya, lupit din ang iiwang habilin ng tagapagsalay-say, iyong kasimbigat ng una niyang danas.

Subalit nakababagbag ng damdamin ang malungkot niyang pagsasagawa ng musmos na higanti. Pagkatapos siyang libakin ni Rose at mamatay ito pagkaraan, nawalan na ng pag-asa ang tagapagsalaysay na magkaroon ng mabuting pagpapahalaga sa sarili. Maaaring nakatapos siya ng pag-aaral. Nakaangkop sa antas ng buhay na pisikal: nagtungo sa Maynila at doon nagtrabaho. Ngunit, sa sulok ng kanyang puso, buhay na buhay ang alaala ni Rose, at ang bahaging ito ang nanatiling walang-muwang sa totoo, walang tiwala sa buhay, dungo, ligaw-tingin. Sapagkat tumubo ang pagnanasa (dahil nagbinata ang katawan) gayong naiwang uklo ang puso, sapilitan niyang inaangkin ang ka-gandahang mapagtuunan niya ng pansin. Sa paraang malupit nang tulad ng kalupitan ng mga batang lalaking nanghuhuli ng mga tutubi, ikukulong ang mga ito sa bote, at pagkaraang mamatay sa inis sa loob, bubuksan ang takip at saka hihimay-himayin ang mga pakpak, puputulin ang buntot, pipisain ang mata.

Iyon ang nangyari sa baluktot at walang-malay na unang pagpatay ng tagapag-salaysay. Bata siyang sabik na sabik makuha ang gusto. Kailangan niyang takutin ng balisong ang babaeng may pang-akit na hindi niya mapaglabanan. Maaaring sa katindihan ng panggagahasa, nailubog niya ang balisong sa leeg nito. Kaya, manghang-mangha siya nang makitang patay na ang kanyang hinalay. At saka niya inilabas-masok ang balisong sa iba't ibang bahagi pa ng katawan ng bangkay, wari isa pang bersiyon ng laro ng seks na kapapanalo lamang niya. Paulit-ulit din siyang bumaon sa

kawalan ng bait. Hindi na siya makababalik pang muli sa liwanag dahil wala na siyang kakayahang tingnan ang realidad bilang kung ano sadya ito, kundi lagi na, kung anong bersiyon ito ng una niyang pag-ibig.

Nag-ulol ang lupit ng rapist sa ikalawang biktima. Nang tugunan ng babae ng kasiyahan ang kanyang panghahalay, minasama niya ito dahil hindi bagay sa magandang panlabas ng babae ang gayong pangit na panloob. Kulong na kulong na ng dilim ang rapist. Hindi niya matanggap ang katotohanang nasa kanya ang higit na malaking guwang ng dalawang personalidad: ang tahimik, mahiyain at di-makabasag-pinggan na manliligaw, at ang mabalasik, marahas at walang-pakundangang berdugo.

Sa unang dalawang kuwentong ito, naipakita nang maliwanag ni Perez kung saang dilim maaaring masadlak ang pusong umiibig. Dahil bukas na bukas sa paghahandog ng sarili, maselang-maselan ang kalagayan. Sa munting pagkakamali, sa isang di-sinasadyang pananakit, nababasag ito at hindi na nabubuong muli nang walang pilat. Bunga nito, ang mga tauhan ay pawang napako sa isang yugto ng nakaraang hindi maiwan-iwan dahil sa malalim na kabiguan, malupit na pagsisi sa sarili, dahil sa pagsisikap na makabuo ng buhay na labas sa kumbensiyunal na moralidad gayong hinahanap ang pagdanas ng mga kumbensiyunal na damdamin tulad ng kaligayahan sa pag-ibig. Sa dulo, naglalaho ang pag-ibig. Nauuwi na lamang

ito sa isang makamandag na sekswalidad o *perversion*, sa isang panggagamit na di-maiwas-iwasan.

Kung paano niya inilubog ang mambabasa sa kailaliman ng takot at suklam sa "First Trip," palulutangin naman ito ni Perez sa mapaglarong pakpak ng tawa at halakhak sa pagpapalit ng lagusan ng naratibo mula sa trahedya patungong komedya sa "Second Trip." Sa "Basted," halimbawa, naunsiyami ang maaari sanang maging malusog na pag-iibigan ng pamimilit ni Venus Gisagis sa kanyang Daddy Kringle na makipag-ayos sa supervisor na nakagalit nito dahil ayaw na ayaw niyang sumipot sa Revelation Day nang walang daddy. Sabi pa niya kay Chris Kringle, "And what will my boss say — she will say I am inventing you only." Sa madaling salita, hindi na kasinlalim ang suliranin ng puso rito; kasing-antas na lamang ng nakasasakit-ng-tiyang pag-i-Ingles-an ng pareha sa pagpapalitan ng liham sa larong Kris Kringle.

Gayon din sa "Kaisplit," ang *saga* ng mga kahima-himalang pakikipagsapalaran ni Valentin, ang tarugo ng isang Atenista, na, ayon sa kanya, "Apat na pulgada siya kapag tulog, lima't kalahati kapag half-mast, anim at tres-medya't lampas-pusod kapag tayo at kapit-linta sa balat ng puson." Bibung-bibo at pilyung-pilyo ang siste ni Perez sa kuwentong ito ng *initiation* sa seks ng isang tinedyer na nagbinata nang ang tanging bokasyon sa buhay ay ang sundin ang anumang hingin at iutos sa kanya ng kanyang Valentin. Maraming detalye sa kuwento

ang talagang nakatatawa, at kahanga-hanga ang dokumentasyong tinipon upang ilarawan ang nakalululang pagsakay ng mga kabataang lalaki sa mabangis na kapritso ng kanilang *hormones*. (Gayon din ang kabataang babaeng nakatikim kay Valentin.)

Paano magkakapuwang ang pag-ibig sa buhay ng taong *libido* ang pinamayani? Kung tutuusin, malungkot ang sagot sa tanong na ito. Subalit sa henyo ng panulat ni Perez, sa henyo ng kanyang pagtuklas sa katawa-tawa mula sa bagay na kakatwa o kaiba, muli niyang napalutang ang katotohanan sa pagkalulong sa seks bilang isang *scenario* ng pagkahumaling sa sariling ari na siya ring *ego* at anino.

Kung may laro sa seks ang mga supermacho na tulad ng tagapagsalaysay sa "Kaisplit," hindi pahuhuli ang mga bakla sa "Katalo." Pumapaimbulog sa kalawakan ang halakhak at *hysteria* nila samantalang nilalaro ang Pretty Pretty Princess, kung saan ang panalo ay aakyat sa ikalawang palapag ng apartment upang serbisyuhan ng call boy na doon naghihintay. Laro ang ginagamit nila upang pahabain ang kapanabikan ng pagdulog sa hapag ng laro ng ng mga laro — ang seks — nang kasalo ang kauri at kaari.

Sa dalawang kuwentong ito, malululong din ang mambabasa sa pagkakarikatura sa mga ugnayang laging diskaril ang pag-ibig dahil nauuwi lamang sa ritwal ng seks. May lalim din ang lungkot dito subalit itinataboy ng pananaw na nagtuturing dito bilang isa lamang malaking

biro. Kung baga sa kulam, ang patawa o siste ang pangontra sa bitag o kamandag ng mga relasyong hanggang balat lamang at malayo sa puso.

Sa kabila ng pait, may silay na ng umaga sa mga kuwento sa "Third Trip." Mahirap na hindi makuha ng pangunahing tauhang si Adonis sa "Balani" ang pang-unawa at simpatiya ng mambabasa sa pag-ibig na bumukal sa puso nitong *young star* ng *That's Entertainment.* Pagkaraang ilayo siya ng amain sa direktor na nakagaanan niya ng loob, nahulog si Adonis sa kamay ng mga lasing na piyon na dumahas sa kanya. Tinanggap niya ang dilim ng pangyayari nang may hinahong hindi karaniwang matatagpuan sa isang kinse anyos. Ang maganda niyang mukha ang nagdala ng suwerte, paghanga, pag-ibig, at pagkalugso ng kanyang puri. Ito ang anino sa kanyang kaligayahan sa pag-ibig. Hanggang may katapatan siya sa sarili, marahil, mababata niya ang pag-iisa.

Ito naman ang hindi nabata ng asong si Kiss sa "Kirot" kaya siya pumanaw. Marami silang pinagsamahan ng kanyang amo na nakapaglapit ng puso ni Kiss dito. Maliliit na bagay lamang iyon subalit konkreto at tiyak kaya kapag nawala talagang hahanap-hanapin. At sapagkat kasintalino lamang ng kanyang mga pandama ang isip ni Kiss, alam niya na kapag nawala ang pamilyar na amoy, ang mga pasalubong, ang pagkamot sa kanyang ulo at tiyan, ang inihandang pagkain, nawawala rin ang

pag-ibig. Kay lamyos ng pangungulila ni Kiss sa kanyang amo, at kay lambot ng kanyang mapagmahal na puso: bukas hanggang wakas.

May malalim ding kirot ng pag-ibig na kailanma'y hindi na matutugunan sa "Relasyon." Tulad ng puso ni Kiss, bukas din ang kay Vir nang mahalin niya ang lesbiyanang si Carissa. Sinikap niyang abutin ang dalaga sa kabila ng maraming sugat nitong dala sa kaluluwa at sa katawan. Ngunit ayaw nang magpaabot ng dalaga, at naiwan si Vir na hinahanap-hanap ang napakakaiba at di-kumbensiyunal na buhay-mag-asawa na pinasok nila.

Ang sining ni Perez ay walang-kurap-mata, tuwiran at obhetibong representasyon ng mga maselang ugnayan ng tao sa larangan ng puso at katawan, ng pag-ibig at sekswalidad. Dahil dito, naisentro ni Perez ang isang diskurso ng sekswalidad na nagpapaliwanag sa madidilim na realidad ng pag-ibig na karaniwang inilalagay sa tabi-tabi, gilid-gilid o liblib-liblib. Naisagawa ito sa pamamagitan ng pagkawala sa gapos ng represyon ng masama, pangit o masagwa sa mga relasyon, at sa pag-alis sa makitid na moralistikong pananaw sa sekswalidad.

Nabigyan din ni Perez ng kamangha-mangha at kabigha-bighaning wawa ang lengguwahe ng sekswalidad at *perversion* na, makikita ng mambabasa na batbat ng kaayusan kung hindi ito aalisin sa konteksto ng semantika na buong-ingat, buong-intelihente at buong-ganap na itinatag ni Perez. Luminaw tuloy na sa mundo ng lengguwahe ang *sign* ng seks ay may

katangi-tanging posisyon na hindi rito maipagkakait. Sa sandaling iniluklok ang tanda o markang ito ng seks sa larangan ng pag-ibig, nabubuhay ang mga realidad na madilim at kasuklam-suklam subalit totoo.

Salita ang mundo ni Perez — o, lengguwahe. Bagaman alam ng maraming mambabasa kung paano mabuhay sa mundo ng lengguwahe, ang alam lamang nila ay ang mundo ng karaniwan. Sa mga naratibo ni Perez, ang mga pakikipagsapalaran ay pakikipagtalaban sa mga salita. Nariyang igawa niya ng ritmo ng takot ang *tik tak tok tik* sa "Tipanan." Nariyang makipagbuno siya nang buong dahas sa malamyos na Tagalog ni Balagtas at sa malupit at lihim na bokabularyo at idyoma ng kamatayan sa utak ng isang serial rapist sa "Pamamanhikan." Nariyang magkabali-balikuko siya sa baluktot na Ingles ng dalawang empleyado sa "Basted." Nariyang magsa-*juggler* siya sa pagpapalit-palit at pagbalasa ng mga *cliche* na naging pinakamakabuluhang komunikasyon ng isang lalaki at isang lesbiyana. Nariyang bumuo siya ng katalogo ng aktibidades ng isang tarugo, o kaya numenklatura ng eskrimahang-salita ng mga bakla.

Para kay Perez may kakaibang katangian ang mga salita. Hindi ginagamit ang mga ito bilang pantukoy ng isa o mga kahulugan sa isang relasyon, halimbawa, kundi upang maging *iyon na*. Iyon na mismong kondisyon ng isang partikular na relasyon: ang kapalaran o patutunguhan ng relasyong iyon. Halimbawa, sa "Relasyon," ang kabit-kabit na *cliche* na

namagitan kina Vir at Carissa ay hindi nagbabadya ng anumang kahulugan kundi ng hugis o anyo ng kanilang pagsasama. *Cliche* ang hitsura o mukha ng kanilang relasyon — kay daling sambitin, kay daling bawiin dahil gasgas na ngang plaka, sàid na ang kahulugan.

Samakatwid, ang bawat kuwento ay may sariling lengguwahe. Kaya, wala nang KAHULUGAN kundi *mga kahulugan*. Wala nang iisang paraan ng pag-ibig at pag-iral kundi kasindami ng paraan ng paglikha ng sariling lengguwahe; isang relatibismo ng pag-iral na ginagawang posible ng isang relatibismo ng mga kahulugan. Sabi nga ni Octavio Paz, mga abo ng kahulugan, mga abong walang kahulugan.

Kay lungkot at kay pait ng mga Midnight Express na pag-ibig ni Perez. Subalit kay tapat. Wala na marahil mahihinging higit pang kadakilaan sa sining.

Benilda S. Santos
Lungsod ng Quezon
Nobyembre 1994

ISANG GABING MADILIM SA MALAWAK NA DISTRITO NG CUBAO

Kung may isang silid na di ko malimut-limutan, yaon ang bedroom ko sa tahanan ng mga Perez sa P. Tuazon, na dati 'y Central Boulevard.

Labintatlong taon akong nangarap at nagsulat sa silid na iyon, na minana ko kay Alice; kasama ng bunso naming si Sylvia 'y lumipat siya sa katapat at mas malaking silid — na dati namang kina Baby (na nag-asawa 't nagtungo sa Australia) at Remi (na nag-asawa 't nagtungo sa U.S.A.).

Tanda ko ang mga dingding sa bedroom, bughaw at may wall moldings na walnut, ang Royal typewriter na bughaw rin at madalas mabalian ng titik na n, ang crocheted bedspread na sinimulan ni Tita Nena at tinapos naman ni Mom, ang glass lamp na uwi ni Dad mula Japan na may picture drum na underwater scene, ang maliit na altar ni San Luis Gonzaga, ang seniserong hugis-motorcar, ang secret drawers ng closet na lagi kong sinisidlan ng kung anu-anong bagay na lagi ko namang nakalilingatan.

Dalawang bintana ang tumatanaw sa compound ng mga Pineda sa Ignacio Santos Diaz, na dati 'y Banahaw; isa sa compound ng mga Manayon sa EDSA, na dati 'y Highway 54; at isang maliit sa servants' passage, sa gilid ng bahay. Kung araw, ang liwanag ay sala ng kaimitong pinupugaran ng ibong-bahay at may dahong baligtaran: luntian at kayumanggi, tag-ulan at tag-init, buhay at kamatayan. Kung gabi, sa halip na mga bituin, ang nagniningning ay pira-pirasong neon lights sa crossing, ang mala-parolang penthouse ng Medalla Building, ang tuktok ng yerong bulkan ng Araneta Coliseum at ang mataas niyang marquee.

Sina Alice at Sylvia 'y laging nakakatulog sa magdamag na himig ng aking Royal typewriter. Himbing na ang kapitbahayan, subalit tuwing titigil ako 't makikinig, maraming ibang tunog ang hatid sa akin ng gabi: kalansing ng kubyertos kina Pineda, lagabog ng pintuan kina Manayon, hugong ng mga trak sa aspaltadong highway, tugon ng iba pang makinilya sa iba pang bahay, malungkot na kampana ng Immaculate Conception Parish Church, at — bandang hatinggabi 't kung ubod ng tahimik — mahinang dagundong sa riles at pitada ng nagdaraang tren.

Binabanggit ko itong huli pagkat walang nagdaraang tren sa Cubao, ni walang abandonadong istasyon at riles tulad ng sa Bicol Express. Binabanggit ko rin pagkat nang una kong narinig ang tunog na yaon, sandaling sumiklab sa kaisipan ko ang anyo ko ngayon, 42 taong gulang sa taong 1994, nagsusulat pa rin at

kumakatha ng mga kuwento ng naiibang mga pag-ibig. Alam kong iyan ang dahilan kung bakit naaalaala ko ngayon ang sandaling yaon, noong ako 'y 16 sa taong 1967 at akin nang tinanggap na ako 'y mabubuhay na isang manunulat, at mamamatay na isang manunulat din.

Ang binansag ko sa mahiwagang tren ay Cubao Midnight Express, na pasahero 'y naglalakbay upang takasan ang lunsod ng hatinggabi, at gabi-gabing nagdaraan sa kamalayan ng sinumang gising pa sa dilim.

Sa sarili kong tinitirhan ngayon, hatinggabi man at aking pilitin, ang tunog ng Cubao Midnight Express ay di ko na naririnig. Naiisip ko tuloy na magbalik nang minsan sa aming lumang tahanan, at magpalipas ng gabi sa dati kong bedroom. Isang bagay lamang ang pumipigil sa akin — natatakot akong makita ang anyo ko 27 pang taon mula ngayon, at sa hudyat din ng hatinggabi.

Ang May-Katha
Cubao
Enero 1994

First Trip

TIPANAN

Pagkatapos ng Pulis Report sa *TV Patrol*, pinatay ni Amor ang telebisyon at ilang minuto siyang nanatiling nakaupo sa butterfly chair, balisa, lipad ang isip, di malaman kung ano ang gagawin. Di niya maatim na ipagpatuloy ang panonood pagkat tiyak na may kasunod na iba pang balita — makalulungkot din, maka-ririmarim din, makababagbag-damdamin din. Di na niya iyon makakayanan matapos ng kahahatid lamang at kaniyang napanood. *Through 50,000 watts of pure, solid-state, television power!* Tungkol sa serial rapist sa Cubao. Na anim na buwan nang naglalagalag, at di pa mahuli-huli. At ang binibiktima 'y mga dalagang nag-iisa sa bahay. Tulad niya. Na pinipiringa 't ginagapusan muna bago gahasain: una 'y saleslady ng Merriam-Webster, na sinundan niya sa dilim tungo sa silid na inuupahan sa St. Mary. Ikalawa 'y assistant cashier ng Max's, na nataunan niya sa aksesoriyang tinitirhan sa Mataba. Ikatlo 'y estudyante ng PSBA, na nagkamaling mag-papasok sa kaniya sa dormitoryong tinutuluyan sa South Road. "Ilan pang biktima ang pag-sasamantalahan bago madakip ang kriminal?"

ang hamon sa maykapangyarihan ng newscaster na si Julius Babao, at saka siya nagpayo ng karagdagang pag-iingat sa mga manonood.

"Ilan pang biktima — at sino ang susunod?" hugong na tanong-sa-isip ni Amor, at bagamat patay na ang telebisyon ay maliwanag pa rin ang close-up ng cartographic sketch na binuo ng NBI, batay sa pagsasalarawan ng tatlong biktima. Hugis ng mukha na di-pahaba at di-bilugan. Buhok na di-mahaba at di-maikli. Noo na di-malapad at di-makitid. Matang di-dilat at di-singkit. Ilong na di-matangos at di-sapad. Bibig na di-malaki at di-maliit.

Mukha ng isang lalaki.

Kahit sinong lalaki.

"Maamo siya' magsalita, akala mo, ang bait," testigo ng unang biktima, na pinakitang nakabidyo-teyp nang naka-silhouette.

Parang si Fred Filart, sa Las Azoteas, sa 9th Avenue. Si Brother Fred, na miyembro ng Sodality, na laging nangunguna sa mga Bible study session, na madalas asahan ng pari sa pag-oorganisa ng religious activities ng Our Lady of Perpetual Help Church.

Si Brother Fred, na maaaring may baltik sa katauhan, may sira, may kabaluktutan.

"Disente siya' kumilos, parang 'di gagawa ng masama," testigo ng pangalawang biktima, na pinakita ring nakabidyo-teyp nang naka-silhouette.

Parang si Harvey Sabio, sa Elizabeth Mansions, sa N. Domingo. Si Mister Harvey, na noong kararaang taon lamang ay hinirang na Father of The Year ng Inner Wheel Club of Quezon City, na na-feature sa *The Inside Story* bilang matagumpay na advertising manager, na ang maybahay ay si Au Montojo na dating Mutya Ng Pilipinas.

Si Mister Harvey, na maaaring may depekto, may tinatagong baho, may di-kanais-nais na katangian.

"Palabiro siya, parang masaya' kasama," testigo ng pangatlong biktima, na tulad ng una at ng pangalawang biktima ay pinakitang nakabidyo-teyp nang naka-silhouette.

Parang si Vicente Jamena, sa PM Apartments, sa Albany. Si Uncle Vic, na stock-holder ng Affiliated Publications, Inc., na taun-taon ay nagpapadaos ng magarbong party para sa street children ng Cubao, na minsan ay nag-donate ng tatlong trak na libro sa Paaralang Aguinaldo.

Si Uncle Vic, na maaaring may katok sa ulo, may sira, may taling sa kaluluwa.

Isang lalaki — kahit sinong lalaki.

Nangangawit man ang mga tuhod ay dali-daling bumangon si Amor upang muling magbihis. Alas seis beinte pa lamang: bukas pa ang mga tindahan sa Cubao.

Naglakad siya sa mga lansangan tungo sa pulu-pulutong na commercial building sa Araneta Center. Tuwing mayroon siyang nakasalubong ay nagpapabilis siya ng hakbang, at doon siya gumagawi sa maraming nagdaraang sasakyan. Palubog pa lamang ang araw, at ang langit ay nagparang puwit ng kalderong pilak na sinisinagan ng apoy — kaibang tanawin ng paglubog ng araw na alam niyang doon lamang masasaksihan sa Cubao. Sa Cubao na kaniyang tinitirhan. Sa Cubao na tinitirhan din ng serial rapist, na nandaragit ng dalaga tuwing makalawang buwan. At dalawang buwan na ang nakalilipas mula nang ang huling biktima 'y sinalakay at pinagsamantalahan.

Nangaligkig si Amor at lalong nagpabilis ng lakad. Naalaala niya ang mga rap session na dati niyang dinadaluhan tuwing Biyernes ng gabi sa bahay ni Agnes Ng, sa 7th Avenue, na nilalakad din niya pagkat di kalayuan sa apartment na kaniyang tinitirhan. Naalaala niya ang iba 't iba niyang naging kasamahan, at ang iba 't iba nilang hinaing at sama ng loob sa lipunan, sa kalalakihan, at sa pang-aapi at kakulangan ng katarungan na kanilang dinanas at ayaw nang danasin pa. Tulad ni Nedz Martinez, na minahal lamang ng kaniyang asawa bilang katalik sa kama, at isang araw ay bigla na lamang siyang nilayasan upang makipag-live-in sa iba. Tulad ni Therese Gaddi, na ang turing ng kabiyak ay bilang nakababababang nilalang, at walang ibang pakinabang kundi ang maging tagaluto at tagalaba at tagalinis ng bahay at tagapangalaga ng bata. Tulad ni Dolly Ignacio, na kinupkop at pinag-aral ng mayamang tiyuhin upang ma-

nilbihan bilang alila sa nalalapit niyang pagtanda. Tulad ni Babette Consti, na ayaw pahintulutan ng nobyo na mag-masteral degree at magpursigi sa sariling karera. Tulad ni Celia Sukontamarn, na pilit pinasusunod ng ama sa mga makalumang tradisyon ng kanilang angkan.

Tulad niya, na matagal munang pinahirapan sa kumpanyang pinamamasukan bago pagkalooban ng posisyong branch manager, sa dahilang nakararami roon ang lalaki, at babae siya.

Babae lamang.

Naalaala niya ang bawat pagtitipong iyon, ang pagmumukha ng kaniyang mga kasamahan, ang kanilang mga tinig, ang kanilang mga salaysay. Naalaala niya ang siklab ng galit na laging naging bunga niyon — galit na nagbuklod sa kanila at nagdulot din ng panibagong sigla at panibagong sigasig at panibagong pagasa.

Tumawid siya sa abenidang dinaraanan ng mga sasakyang patungong Project 4 at Murphy at Taytay at Antipolo, at mula roon ay inakyat niya ang batong hagdan ng dambuhalang musoleo ng SM. Lumagatak ang kaniyang mga takong sa sementadong pasilyo: tik, tak, tok (tik). Tik, tak, tok (tik). Ritmong nakagawian niyang pakinggan at saliwan ng titik-sa-isip mula noong siya 'y nasa mataas na paaralan, at naglalakad nang mag-isa sa koridor, at may ayaw-kilalaning kaba, tulad ng recitation sa Araling Panlipunan. Tik, tak, tok (tik). Ako, ay si, Amor (tik). Amor, ang nga, lan ko (tik).

Noon ay madalas niyang pagtakhan kung bakit (tik, tak, tok) tatluhan ang ritmong iyon (tik), samantalang dadalawa lamang ang kaniyang paa — isa sa maraming misteryo ng buhay na hanggang ngayon ay di pa niya napagtatagpuan ng angkop na kasagutan.

Ritmo.

Binaybay niya ang magkakatabing eskaparateng salamin — malalaking bintanang ang pinatatanaw sa madla ay mga silid ng kariktan, makikislap at makukulay, datapuwat mga silid lamang sa isang bahay-pantasya pagkat di mamamalas kailanman sa alinmang tahanan. Habang nagdaraan ay naaninag niya sa salamin ang sarili niyang anyo, balisa 't ginulo ng hangin ang buhok, animo 'y manipis na aninong tumawid sa maliwanag na eksena ng naggagandahang manikin.

Naalaala niya ang fashion writer na si Irma Lazatin, na nakilala niya minsang mag-promotional show ang Guess Jeans U.S.A. sa atrium ng Ali Mall Phase II. Isang feminist activist si Irma, at kaakit-akit man sa unang tingin ay may utak-amasona. Haka-haka niya na dapat tanggalin ang lahat ng binabaeng window dresser sa payroll ng malalaking department store, pagkat kung ang mga ito raw ay magbihis ng display window at manikin ay upang isalarawan lamang na ang mga babae 'y banedosa, maarte, malandi, magastos, materyosa, mapanila ng lalaki, mapagmata at mababaw ang kaligayahan. Isa raw iyon sa mga di-tahasang dahilan kung bakit ang mga babae 'y madalas bastusin. At paglaruan.

At pagsamantalahan.

Kinilabutan si Amor, at agad-agad siyang lumayo sa mga dingding na salamin. Nagmamadali siyang lumiko sa bungad ng SM Food Court, tungo sa basement ng gusali. Doon ay nakapagkubli siya sa kumakapal na dilim ng nagbabantang gabi, biglang niyakap ng mga ilaw at ingay at pinagsabay-sabay na usapan at tawanan at halakhakan ng mga naroroon. Mga mag-anak at magkasintahan at barkadang nangakaupo sa upuang abuhin at nagsisikain sa mesang puti 't may guhit sa gilid na matingkad na blood-red. Mga batang naglalaro sa kiddie cars at mini-train at bump cars ng SEVTA Amusement. Mga tin-edyer na nagpapakasasa sa computer games sa Paco Amusement Center. Kalampag ng mga plastik na trey sa mga counter na stainless steel. Paulit-ulit na melody ng "Für Elise" sa matining na tugtuging-kalyope at lagatak ng mga sasakyang Elektro-Mobiltechnik GmbH na hugis-kabayo, at -tren, at -motorsiklo, at -bapor, at -hirapa, at -eroplano, at -scooter, at -helikopter, at -pirate-ship, at -space-ship. Krrrrrr, krrrrrr, krrrrrr. Tsuka-tsuka-tsuka. Bog, bog, bog. Huwing, huwing, huwing. Ting! ting! ting! Tik, tak, tok (tik).

Ritmo.

Dumeretso siya ng hakbang sa Home Improvement Center (Your One-Stop Hardware Shop). Doon ay sandali siyang natuliro sa trapik ng mga mamimiling nagtutulak ng shopping cart (parang mga attendant na nagtutulak ng gurney sa morge), at lumilibot sa mapuputing standing shelves (parang mga dalaw na nag-

hahanap ng lapida sa pader ng mga nitso), at pumipila sa mga kaha (parang mga kaluluwang nagpapatimbang sa mga anghel ni San Pedro). Pinanlamigan siya ng palad at pinagpawisan ng noo, at sandali siyang sumandal sa barandilyang kromyum sa entrada.

"Ano 'yon, Mam?" usisa ng security guard, na malamang ay nakapuna sa kaniyang pagkabahala.

Nag-apuhap siya ng sasabihin. "Sa'n iyong mga lock sa pintuan?"

"Mam, sa counter po, sa gilid," sagot ng guard.

Lalaki ang guard. Dali-dali niyang nilayuan. Nagtungo siya sa hilera ng mga glass counter — at nag-atubili, pagkat lalaki rin ang salesperson doon. Pumikit siya at huminga nang malalim, at pilit-sa-sariling nag-usisa ng security lock sa salesmang yaon.

Matagal-tagal niyang pinagmuni-munihan ang iba 't ibang security lock na nangakakahon at nangakaayos sa ilalim ng glass counter. Tatlong barrel bolt na may tig-aanim na screw sa maliliit na supot na plastik. Isang door chain fastener — yaong tanso, hindi siroko na pandekorasyon lamang.

"Screw driver?"

"Sa Row 1, Mam, sa tapat ng Cashier 1A."

"Thank you." ("At mas lalong salamat kung hindi ka isang rapist.")

Di siya nagdili-dili sa pamimili ng gamit sa Row 1. Screw driver (ang daming klase). Martilyo (may mura, may mahal).

Bahagya niyang tanaw sa tagusang shelves ang dalawang saleslady sa Row 2, nag-huhuntahan samantalang nagbabaril ng price tags sa mga latang shoe polish.

"'Oy, 'intayin mo' 'ko mamaya, ha, 'sabay uli tayo," paalaala ng isa.

"Bilis-bilisan," tugon ng kasamahan. "Huli ka lagi' lumalabas, ang hirap-hirap sumakay."

Pinag-usapan nila sa mababang tinig ang serial rapist ng Cubao, at parang nabalaning unti-unting lumapit si Amor, hawak-hawak ang tatlong barrel bolt at door chain at screw driver at martilyo, at nagkunwa siyang naghahanap ng iba pang kakailanganin.

"'Buti na lang, dalaga lang ang nire-reyp," hagikgik ng una.

"Bakit," hagikgik din ng ikalawa, "dalaga pa tayo, 'di ba?"

"Ikaw, tawa ka diyan nang tawa, pero 'pag nire-reyp ka na, sisigaw-sigaw ka na."

"Sa sarap o sa sakit?"

Nagbungisngisan sila.

"Depende — 'di ba?"

Nagbungisngisan uli sila.

"'Pag ni-reyp ka raw, ibigay mo na. Tutal, naro'n na, di mag-enjoy ka na lang."

"Parang hold-up."

"Hindi — mas enjoy ang reyp."

Naghalakhakan sila, at ilang kostumer ang napalingon.

Biglang pumasok sa isip ni Amor si Dingjo Manlapaz, ang una niyang naging boyfriend noong kanilang junior year sa college. Bagamat maagang nagsipag-nobyo ang kaniyang batchmates (at nangakailang-nobyo pa nga), noon lamang siya nahumaling sa isang lalaki, pagkat si Dingjo 'y makisig at malinis at mahusay manamit at (higit sa lahat) matalino.

Noon ay ayaw niya sa lalaki sa apat na dahilan: Brusko sila. (Tik.) Maingay. (Tak.) Parang baboy kung kumain. (Tok.) At may kakaibang amoy. (Tik.)

At minsa 'y gayon din ang birong namutawi sa mga labi ni Dingjo, minsang nag-outing sila sa Matabungkay. "'Pag ni-reyp ka, 'bigay mo na. Na'ndo'n na kasi, di mag-enjoy ka na lang."

Hindi siya natawa sa birong iyon.

Noong gabing iyon, sa Matabungkay, sa loob ng nylon tent na fluorescent orange na

dala-dala nila, sa ilalim ng nakalululang langit na sinabuyan ng sanlaksang bituin, sa saliw ng mga alon na parang hilik ng Cyclops na nahi-himbing, sa ibabaw ng beach mat at ng pulbos na gintong buhangin, natikman niya kay Dingjo ang madonselya.

Naghubad si Dingjo, at pagkat di siya tumalima 'y hinubaran siya nito, dahan-dahan, blusa muna, pagkatapos ay ang bra, at maingat siyang hinalik-halikan at dinilaan at nginatngat at niromansa. Para silang dalawang batang naglalaro ng bahay-bahayan na kulob ng isang parakayda — malambot at makislot ang kisame 't mga dingding sa bawat ihip at haplos at tulak at kuyumos ng hangin.

Nang pasukin siya ni Dingjo 'y napatda siya. Maingat si Dingjo, kayat di siya nasaktan.

Ngunit di rin siya nasarapan, o naantig man lamang.

Nasaan ang mga bulalakaw, ang tanong-sa-isip niya, nasaan ang sax and violins, nasaan ang fanfare, nasaan ang stinger, nasaan ang pagtigil ng panahon at ng buong mundo, nasaan ang biglang pag-iba ng buhay ko? Nasaan ang kulog at kidlat na yumanig sa kalangitan nang kumagat sa mansanas sina Adan at Eva? Nasaan ang arkanghel na may tangang espadang ubod ng liwanag at umaapoy?

Nasaan ang sensation? Nasaan ang climax?

Ang namalayan lamang niya 'y ang mga balikat at likod ni Dingjo samantalang ang katawan nito 'y nakapaibabaw sa kaniyang katawan, at ang ngawit ng mga balakang niya, at ang mabagal na giling at ikot at paglayo at pagsalubong ng mga bahaging ibaba nila, na nakiayon sa dausdos at ragasa ng mga alon sa dalampasigan, sa hilik ng Cyclops, sa tunog ng dalawang libong pakpak ng isang libong ibon, sa huni ng mga sirena.

Nang matapos sila 'y matagal siyang hinalikan sa labi ni Dingjo, at nahiga sa siping niya, dikit ang katawan, bahagyang humihingal. "Okey ba?" bulong niya.

Wala siyang isinagot.

"Sa una, 'di masyado' masarap," dugtong niyang bulong. "'Tapos no'n, okey na."

Ngunit di sila muling nagniig noong gabing iyon — maging pagkatapos noon, pagkat makalipas ang isang buwan ay di na sila magkasintahan.

Ang katotohanan kasi, sa tinagal ng panahon ay naging napakahirap na pasanin ang palagian niyang pagsusumikap na pumatas sa talino ni Dingjo. Ang binata 'y nasa dean's list, at napakamaalam, at nakapagdidiskurso kaninuman tungkol sa mabibigat na paksang tulad ng international security, at ng foreign policy, at ng pulitika, at ng ekonomiya ng bayan. At tuwing siya 'y maglalakas-loob na maki-

pagdiskusyunan o maghandog ng katiting niyang natutunan o napulot sa kung saan ay lagi siya nitong pinagtatawanan.

Minsan, ang sabi sa kaniya ni Dingjo: "Tumahimik ka na lang — tutal, babae ka lang."

Hindi na niya kinausap si Dingjo mula noon.

Paulit-ulit niyang pinagtakhan kung bakit kayraming babae at kayraming lalaking nagtatagpo at nag-iibigan at nagsasama habang-buhay, gayong kayrami nilang taglay na pagkakaiba, tulad ng salungat na hilig at pag-iisip at pangangatuwiran at layuning pang-matagalan. Bulong ni Malambot-Na-Amor sa kaniyang kaliwang taynga, "Mahal mo siya. Siya ang Una. Magtiis ka. Makipag-compromise ka. Mag-sacrifice." (Tik.) Bulong ni Matigas-Na-Amor sa kaniyang kanang taynga, "Huwag kang martir. Hindi siya ang Una 't ang Huli. Maghanap ka ng iba. Kailangan mo ng dignity. Kailangan mo ng self-esteem." (Tak.) Sulsol ng mga ka-ibigan niya, "Huwag ka' lalayo sa kaniya. 'Pakita mo, magaling ka." (Tok.) At isang gabi, matapos niyang magpunas ng mga luha sa mata, ang naging sagot-sa-sarili niya, "Ginamit ka lang niya. Maghiganti ka." (Tik.)

Ritmo.

Tumigil siya sa dulo ng Row 1, kung saan may mga wood chisel na may iba 't ibang haba at lapad ng talim.

Pait. Kakatuwang pangalan, kakatuwang salita. Parang pait ng panlasa. Parang pait ng karanasan. Pait na pinang-uukit ng kahoy. Pait na maipandedepensa sa salakay ng isang rapist.

"Kung me hawak akong gan'to," ang katuwiran-niya-sa-isip, "puwede kong saksakin ang sinumang magtangkang man-reyp sa 'kin. Puwede kong putulan. Puwede kong laslasan. Para madala. Para maturuan ng liksiyon."

Datapuwat nilampasan niya ang mga pait at pumila na siya sa kaha, pagkat naisip niya na di rin siya hahantong sa gayon kung may tatlong barrel bolt at isang matibay na door chain fastener sa kaniyang pintuan na mamamagitan sa serial rapist at sa kaniya.

Pumasok siyang muli sa Food Court, at doon ay sinalubong siya ng liwanag ng malakidlat na guhit ng neon lights na pula at bughaw at berde at dilaw ng Sizzling Plate, at ng Chicken Company, at ng Bodhi Vegetarian Health Food, at ng Dimsum's Dumplings, at ng Pinoy Toppings. Sumaglit siya sa Flaming Hot Grilled Specialties upang magpabalot ng tigisang order na spare ribs at callos at java rice. "Pakidalian mo lang, Miss, me hinahabol ako." ("Ang puri ko. Ang dangal ko. Ang buhay ko.")

Patakbo siyang umakyat sa hagdang bato patungong labas, bitbit ang kaniyang supot ng mga kasangkapan (pananggalang, pampahaba ng buhay) at ang kaniyang supot ng pagkain (pampalakas, pampahaba ng buhay). Pagtingala niya sa langit, wala na ang puwit ng kalderong pilak na sinisinagan ng apoy — sa

halip niyon ay ang walang-hanggang gabi ng Cubao na lamang, na binubulusukan ng madidilim na ulap, animo 'y matatayog na toreng usok na tumatabing sa buwan at mga bituin.

("Hayun ang usok — nasaan ang sunog?")

Sinundan siya ng gabi, kayat di siya tumigil ng paglakad sa mga lansangang pauwi sa apartment na naghihintay sa kaniya. Naisip niyang sumakay ng traysikel, datapuwat naisip din niya na lalaki rin ang nagmamaneho ng mga yaon, at baka ang mataunan pa niya 'y ang serial rapist na pinakaiiwas-iwasan niya.

Lalaking sa unang tingin ay maamo 't mabait at disenteng kumilos.

Tulad ni Nitoy Villaflor, ang technical writer sa unang kumpanyang pinasukan niya, ang pangalawang lalaking inibig niya — hindi — ang *unang* lalaki, ang *kaisa-isang* lalaking inibig niya.

Pagkat si Dingjo Manlapaz ay di niya inibig — si Dingjo ang siyang umibig sa kaniya. At si Nitoy Villaflor naman ay siyang inibig niya.

Ganoon nga.

Nahumaling siya kay Nitoy pagkat — bakit nga ba? — pagkat si Nitoy ay di nahumaling sa kaniya — ganoon nga ba? Tahimik si Nitoy, palabasa ng pocketbook at walang ka-appeal-appeal sa mga babae. "Ano ka ba naman, Amor, ano ba 'ng nakita mo diyan, ba't mo

natipuhan iyan?" ang naging katanungan ng kaniyang mga kasamahan. Mga katanungan at mga kasamahang nginitian lamang niya 't kinibitan ng balikat at tinugunan ng, "Basta. Type ko siya."

Ngunit ang totoo 'y nahumaling siya kay Nitoy pagkat kabaligtaran siya ng lalaking dumonselya sa kaniya. Hindi maboka, hindi arogante, hindi intelektuwal. Kayat si Nitoy — si Nitoy na laging naka-sports shirt, si Nitoy na matipid ang ngiti, si Nitoy na di sumisipot sa Christmas party at birthday party at excursion, si Nitoy na di man lamang naggu-"Good morning" at di man lamang nakikipagbiruan tuwing breaktime at di man lamang nakiki-upo sa mesa sa cafeteria, si Nitoy na laging nasa background at torpe — ay naging malaking hamon sa pagkababae niya.

Naging agresibo siya kay Nitoy: una 'y nakipagpalitan ng mga pocketbook na Judith Krantz at Anne Rice, pagkatapos ay nagyayang maghanap ng mga bargain paperback sa Book Sale, pagkatapos ay nagregalo ng dalawang hardbound na Danielle Steel, pagkatapos ay nagyayang kumain sa labas, pagkatapos ay nagyayang pumasok muna sa apartment niya, pagkatapos ay pinakain niya ng hapunan, pagkatapos ay pinainom niya ng Cerveza Negra, pagkatapos ay hiniga niya sa sopa 't hinubara 't hinalik-halika 't dinila-dilaa 't nginatngat at niromansa 't —

— "Amor, delikado yata —"

— "'Bayaan mo lang — ako 'ng mag-dadala —"

— at pinagsamantalahan. At ginahasa.

Ang lalaki ba 'y nagagahasa?

Dinonselya. Dine-virginize.

Ganoon nga.

Tik, tak, tok (tik).

Ritmo.

Pagkatapos? Pagkatapos ay unti-unti siyang nanghinawa sa pagbabasa ng pocket-book at sa kawalang-salita ni Nitoy at sa kaniyang kawalang-appeal at sa kaniyang mga sports shirt at sa kaniyang matipid na ngiti at sa kaniyang hindi pagsipot sa Christmas party at birthday party at excursion at sa kaniyang hindi paggu-"Good morning" at sa kaniyang hindi-pakikipagbiruan tuwing breaktime at sa kaniyang hindi-pakikiupo sa mesa sa cafeteria at sa kaniyang pamamalagi sa background at sa kaniyang pagiging torpe at —

"Alam mo ba 'ng problema mo, Nitoy — masyado kang mabait."

Walang sagot.

"Paminsan-minsan, magpakasalbahi ka naman."

Walang sagot.

At wala ring mga bulalakaw, walang sax and violins, walang fanfare, walang stinger, walang pagtigil ng panahon at ng buong mundo, walang biglang pag-iba ng buhay, walang kulog at kidlat na yumanig sa kalangitan nang kumagat sa mansanas sina Adan at Eva, walang arkanghel na may tangang espadang ubod ng liwanag at umaapoy.

Walang sensation. Walang climax.

Kayat isang umaga, nang lapitan siya ni Nitoy at abutan ng tatlong Sidney Sheldon na naka-giftwrap at may lasong old rose, nagbuntunghininga lamang siya 't ang sabi, "Ayoko nang magbasa ng libro, Nitoy."

Lumuha si Nitoy. At saka niya nabatid na bagamat tapos na ang lahat, hindi ganoon kadali para kay Nitoy ang bumitiw sa isang pakikipag-ugnayan.

Nagalit siya. Nag-histerya. "Huwag mo nga' 'ko 'iyakan — ke-lalaki mong tao, iiyak-iyak ka diyan! Kung ako, babae, hindi umiiyak, ikaw pa! Ikaw ang lalaki, huwag ka' iiyak!"

Kinabukasan ay nagbitiw si Nitoy sa trabaho, at di na niya nakita kailanman.

Bulong ni Malambot-Na-Amor sa kaniyang kaliwang taynga, "Sinaktan mo siya. Ginamit mo lang siya. Nang-agrabyado ka ng kapuwa." (Tik.) Bulong ni Matigas-Na-Amor sa kaniyang kanang taynga, "Nakaganti ka na. Wala nang balanse. Amanos ka." (Tak.) Sulsol naman

ng mga kaibigan niya, "Maraming kapalit diyan. Ang bagay sa 'yo, iyong mas mahusay sa kaniya." (Tok.)

Ngunit nagdaan ang mga gabi, at nagpunas din siya ng luha sa mata, at madalas ay nagsumamo siya, "Patawad, Nitoy. Patawad, please." Sa mga dingding. Sa gabi. Sa kaniyang konsiyensiya. (Tik.)

Ritmo.

Naging madalang ang tao sa lansangan, at di-minsan siyang sinundan at sininghut-singhutan ng mga asong gala dahil sa bitbit niyang supot na may spare ribs at callos at java rice. Tinastas niya ang staple wire at nakatiklop na resibo sa kabilang supot, at inapuhap ng kaniyang mga daliri ang screw driver na naroroon. Nagpalibot ng kamao sa hawakang kulay-lemon-candy at yari sa hard resin. Malaki man ang nerbiyos ay nagbanta siya, "Huwag kayo' magkamali. Kahit na sino. Huwag kayo' magkamali." Sa mga daang-aspalto. Sa gabi. Sa lahat ng aninong nakaririnig sa kaniya.

Pagdating niya sa apartment, agad-agad siyang pumasok at nagkandado ng pintuan at naglapag ng mga supot sa mesa ng dining area. Inilabas niya ang tatlong barrel bolt, at an mga screw, at ang door chain fastener, at ang martilyo, at ang screw driver ay maingat niyang ipinatong sa dibuhong-rococo ng formica. Naghanda siyang lumabas muli upang tumawid sa kalsada at tawagin si Mang Lacio, na tinuring na handyman ng kapitbahayan at siyang

pinakukumpuni niyang lagi ng alulod at bintanang iskrin at gripo. Subalit napaisip siyang muli, at naupo siya sa silya.

"Amor, gaga ka. Lalaki si Mang Lacio, 'di ba? E, kung siya iyong serial rapist? Di mas lalong napahamak ka."

Dinakot niya ang mga gamit, at sinimulan niyang magsukat sa hamba at pinto upang ipukpok at turnilyuhan ang mga barrel bolt at door chain fastener. "Kung kaya ng lalaki, kaya rin ng babae." (Tik.) "Hindi dapat maging helpless, hindi dapat mag-panic, hindi dapat maging clinging vine, hindi dapat maging dependent sa iba." (Tak.) "Kahit bata, maikakabit iyan. Barrel bolt lang iyan. Door chain fastener lang iyan." (Tok.) "Sa kaunaunahang pagkakataon, mauunsiyami ang balak ng serial rapist na iyan." (Tik.)

Ritmo.

Naisagawa niya ang pagkakabit makalipas ang dalawang oras. Pawisan siya 't pagod na humilata sa butterfly chair, may nerbiyos pa rin, may kaba pa rin, ngunit may mainit nang ginhawang namamayani sa dibdib nang dahil sa mga bakal na sagang sa kaniyang pintuan. Naisip niyang magpainit ng tubig: magpuno ng balde, maglublob ng water heater. Magshampoo. Mag-astringent. Maglinis muna ng buong katawan, bago maghapunan.

Ginulantang siya ng sunud-sunod na katok sa pintuan: malakas, malutong ang lagabog.

Bog-bog-bog-bog-bog. Bog-bog-bog-bog-bog. Tik, tak, tok (tik).

Ritmo.

Napatda siya. Dahan-dahang bumangon. Lumapit sa pintuan. Manginig-nginig ang mga daliri sa pagbukas ng mga barrel bolt at pag-hulog ng mabilog na ulo ng door chain fastener sa tansong kanal.

Pinihit niya ang hawakan. Bumigay ang pintuan. Tumigil sa takdang sukat ng door chain. Apat na pulgada. At sa apat-na-pulgadang puwang na iyon, naaninag niya ang mukha ng isang lalaki. Malapad ang ngiti at masayang-masaya sa pagkakabungad sa kaniya.

"Mamwa! Kumusta ka na, Mamwa!"

Si Gemini — ang baklang nangangasera sa kanto.

"Me new arrival ako, Mamwa, ikaw ang buwena-mano para ma-enhance ang beauty mo!" patuloy ng bakla, sabay-taas ng dalawang supot na naglalaman ng iba 't ibang RTW. "Me blouses na Peony, mga blazer, mga faldang aristocratic ang dating — open the door and Open-Sesame, Mamwa!"

"Tsaka na, tsaka na," mabilis na tugon niya, at may pangangatal ang tinig: bakla man si Gemini ay lalaki rin, at di kataka-taka kung may binabalatkayuhang pagkatao na kaniyang inililihim.

"Pero, Mamwa," tutol ni Gemini, "Limited offer lang iting, at falling leaves pa rin! Kung wa ka look, go na lang aki kina Bibing!" May kaunting sibi ang bibig.

"Go ka na, go ka na, ayoko' tumingin!"

"Aba, mataray!" Mayroon pang dugtong, "Me benta rin akong Whisper."

"Putang ama ka, bakla ka!" sigaw niya, at binagsak niya ang pintuan.

"Antipatika!" sigaw ni Gemini sa kabila ng pintuan, sumunod ay ang mga yabag niyang palayo, pagkatapos ay katahimikan.

Nanatili siyang nakasandal sa nakapinid na pinto, pinanginginigan, pinag-aagawan ang damdamin ng mahihigpit na kamay ng galit at ng inis at ng takot. Muli niyang kinandado ang pintuan at isinulot ang mga barrel bolt, at hapo siyang nagtungo sa banyo upang magpuno ng balde at magpainit ng tubig.

Nang iwan siya ni Nitoy — hindi, nang iwan *niya* si Nitoy — ay di na siya muling umibig pa. Marahil ay pagkat ayaw niyang muling ma-saktan. Marahil ay pagkat ayaw niyang muling manakit ng kapuwa. Nagpaunlak siya sa mga date, nagpa-dinner-dinner, nagpa-disko-disko, datapuwat pagayon-gayon lamang. Walang seryosohan. Walang palitan ng singsing. Walang mga balak pakasal. Bulong ni Malambot-Na-Amor sa kaniyang kaliwang taynga, "Masaya ka na ba?" (Tik.) Bulong ni Matigas-Na-Amor sa

kaniyang kanang taynga, "Maligaya ka na, 'di ba?" (Tak.) At sapantaha ng mga bagong kaibigan niya sa bagong kumpanyang pinasukan niya, "Amor, hanggang diyan ka na lang ba?" (Tok.) Pagkat sila 'y isa-isang nagsipag-engaged, at nagsipag-asawa, at nagsipag-pamilya. (Tik.)

Ritmo.

Matapos maligo 't mag-shampoo ay nagblow-dry siya ng buhok at nagpahid ng astringent sa mukha.

Mag-aalas diyes medya na nang maupo siyang muli sa dining area at magbuklat ng spare ribs at callos at java rice sa mga styrofoam nilang sisidlan. Ang ginamit niya 'y ang kalakip na tinidor na plastik at puting paper napkin na may tatak ng Flaming Hot Grilled Specialties, upang pagkahapuna 'y di na siya maghugas ng kubyertos at pinggan.

Nagsipilyo siya 't nag-imis ng kinanan at nagtimpla ng Ovaltine at muling lumuklok sa butterfly chair at pumindot sa remote control ng telebisyon at nanood ng gitnang bahagi ng lumang pelikulang *Rain*.

Di pa tapos ang pelikula 'y muli niyang pinatay ang telebisyon, at tahimik siyang nakinig sa kapaligiran. Walang katunug-tunog, maliban sa mga ingit ng dilim sa kalayuan.

Naghintay siya nang isang oras. Ng tinig. Ng yabag. Ng katok. Ng sutsot.

Lumingon siya sa pintuan. Pinagmasdan niya ang tatlong barrel bolt at ang door chain fastener. Bumangon siya, at binuksan niya ang mga yaon. Lumabas siya sa pintuan, at matagal siyang tumayo roon, at marahan niyang niluwagan ang pagkakabuhol ng grosgrain piping sa neckline ng suot niyang nightgown.

Walang naroroon — ang kayhabang gabi lamang.

1993

PAMAMANHIKAN

Mahal, mula nang masilayan ng aking paningin ang lantay mong kagandahan, anyo mo 't tinig ay lagi nang laman ng bawat kong panagimpan. Wangis mo 'y puting rosas na matatagpuan lamang sa gubat ng mga ada, bukadkad sa liwanag ng araw at mahalimuyak sa ilaw ng buwan. Talulot mo 'y perlas ang hamog na handog ng bukang-liwayway, hiyang titikom 'pag natagkil ninuman. Bawat salitang namumutawi sa iyong bibig ay ubod-tamis na tugtugin, awit na kagalak-galak at walang kaparis saanman, at ibig kong tapatan ng mga abang tulang likha ng aking damdamin, sa saliw ng paghaharana, nang ako 'y dinggin mo at bintana 'y iyong buksan, at ako 'y iyong dungawin, at ako 'y iyong ngitian, at kung palari 'y hagisan mo ako ng kahit munting kabutihan —

Pero hindi na puwedeng gano'n, 'di ba? 'Di na uso iyon ngayon.

Kaya ganito na lang. Sa makabagong paraan. Sa paraang natuklasan ko. Sa paraang nakasanayan ko. Sa paraang aking-akin lang.

Uma-umaga kitang inaabangan, Mahal. Paglabas mo ng apartment, sinusundan kita hanggang department store na araw-araw mong pinapasukan. Sa John Elysse Exotic Home Decors. Doon, umaga 't hapon kitang binabantayan.

Doon kita unang nakita, Mahal, minsang nagkataon akong mapadaan. At mapatigil. At maakit ng pambihirang ganda mo. Noon pa lamang, alam kong ikaw lang ang mamahalin ko.

Buong araw akong umali-aligid sa department store, buong araw kitang hindi maiwan-iwan. Nakihalo ako sa tao. Nagpatabing sa likod ng maraming katawan. Nagbabad sa Aura. Sa Kameraworld. Sa Gibson's, sa tapat ng kinaroroonan mo. Hindi mo ako napansin, Mahal, kasi hindi ako nagpapansin.

Kasi, hindi pa panahon.

Hindi pa.

Noong gabing iyon, pagsara n'yo ng department store, nagpaalam ka sa dalawa mong kasamahan. Naglakad ka hanggang sa stop ng mga sasakyan.

Sumakay ka ng dyipning Marikina-Calumpang. Sumakay din ako, agad-agad, para hindi tayo magkahiwalay. Hinintay kong mag-abot ka ng bayad, pinakinggan kong mabuti nang banggitin mo sa drayber ang bababaan mo. Pagkatapos, nagbayad din ako.

Hindi mo ba ako napansin noong gabing iyon, Mahal? Doon ako naupo sa harap mo. Minsang nahulog sa sahig ng dyipni ang sisidlan mo ng sinsilyo, 'di ba? Bilugan iyon. Hugis-bola. Kulay-pula.

Ako ang pumulot sa sisidlan mo, Mahal. Malambot. Mainit-init. May kaunting langis ng pawis at pabango. Nang hawakan ko iyon, para ko na ring hinawakan ang kamay mo. Ang katawan mo. Ang puso mo.

Inabot ko sa iyo ang sisidlan. Ngumiti ka at nagpasalamat.

Natatandaan mo pa ba iyon, Mahal?

Bumaba ka sa kanto ng 15th Avenue. Pinabayaan kong umandar nang muli ang dyipni, pagkatapos, nagpapara ako sa kabila ng daan. Bumaba ako. Tumawid. Nagmamadali. Kinakabahan. Kasi, baka hindi na kita makita. Kasi, baka mawala kita.

Naglakad ka hanggang apartment mo. Binuksan mo ang tarangkahan. Naglabas ka ng susi. Pumasok ka sa pintuan. Makalipas ang isang oras, dumating ang tatlo mong kahati sa upa. Nakauniporme silang pangguro. Binuksan nila ang tarangkahan. Naghanap sila ng susi. Kumatok sila sa pintuan. Tinawag ng isa sa kanila ang isang pangalan: Fina!

Pagkatapos, binuksan mo ang pintuan.

Noon ko unang narinig ang pangalan mo, Mahal.

Fina.

Napakagandang pangalan. Bagay na bagay sa kagandahan mo.

Walang ibang pangalang babagay pa sa iyo.

Buong gabi akong nagbantay sa labas ng apartment mo, buong gabi kitang hindi maiwan-iwan. Ilang ulit kitang nakita sa bintana. Nagtali ka ng buhok. Nagsuot ka ng damit na manipis at maluwang. Minsan kang sumilip sa daan.

Nakita mo ba ako, Mahal? Nakita mo ba akong nakatayo roon, at nakatingala sa bintana, at nagbabantay nang buong pagmamahal?

Saglit ka lamang sumilip, pagkatapos, nawala ka. Narinig ko ang ingay ng pagluluto sa kusina. Ng kubyertos, nang maghapunan kayo. Ng telebisyon. Ng matunog n'yong tawanan. Ng mga pinggan sa lababo. Ng tabo sa timba. Ng buhos ng tubig sa banyong pinagliliguan.

Bandang alas diyes, nagsara na ang lahat ng ilaw.

Pero hindi ako umalis, Mahal. Buong gabi kitang hindi iniwan.

Kinaumagahan, alas kuwatro pa lamang ng madaling-araw nang magbukas ka ng pintuan. Tumawid ka ng daan, nakabalabal ng tuwalya. Parang giniginaw. Naglakad ka

hanggang Ebenezer Bakery. Doon ka bumili ng pandesal. Bumili rin ako ng pandesal, nang huwag mo akong paghinalaan.

Nakita mo ba ako noon, Mahal? Nakita mo ba akong sumubo ng pandesal, matapos mong magbayad, matapos mong magbilang ng sukli, matapos mong pumasok na naman sa apartment?

Pagbalik ko sa tarangkahan, nalanghap ko ang kape at piniritong itlog at daing. Nagdaan ang magdidiyaryo at naghagis ng *Manila Bulletin* sa pintuan. Lumabas ang isa mong kasamahan. Pinulot niya ang diyaryo. Sandali niyang tiningnan. Muli siyang pumasok. Sinara niya ang pintuan.

Alas seis pa lamang nang magsialis ang tatlo mong kasamahan, nakasuot uli ng unipormeng pangguro, at sumakay ng dyipni papuntang EDSA.

Mag-isa ka na sa loob ng apartment, Mahal.

Tulad ng sa ibang araw. Alas onse pa kasing nagbubukas ang John Elysse sa Farmers Plaza.

May apat at kalahating oras kang mag-isa.

Noon pa lamang, puwede na sana kitang pasukin. Para magpakilala. Para kilalanin ka. Para makipagkilala. Para magtapat ng pagmamahal.

Pero hindi ko ginawa, Mahal, kasi, baka matakot ka.

Kapag natakot ka, masisira ang lahat. Ang ganda ng pagmamahal ko. Ang ganda ng pagmamahal mo. Ang ganda ng pagmamahalan natin.

Minsan kang nagbukas ng pintuan. Naglabas ka ng basura. Tumingin ka nang pakaliwa 't kanan. Pumasok kang muli.

Alas diyes medya na nang lumabas ka na naman. Bihis ka 't patungo na sa department store. Muli kitang sinundan, pero hindi ko sinampahan ang dyipning pinara mo 't sinakyan. Kasi, baka mamukhaan mo ako at pagtakhan. Kasi, baka matandaan mo ako at iwasan.

Masakit man sa loob kong magkahiwalay tayo, sumakay ako sa ibang dyipni, Mahal. Nainip nang gumapang iyon sa trapik. Nainis sa pag-akyat-baba ng pasahero. Nagalit nang tahimik. Kasi, hindi kita kasama. Kasi, hindi kita nakikita. Kasi, wala ka.

Ganyan kita kamahal, Mahal.

Pagdating ko sa John Elysse, naroon ka na sa harapan, kausap ng isa mong kasamahan, naghihintay pagkat sarado pa ang department store.

May kalahating oras ang lumipas bago dumating ang isa n'yo pang kasamahan, na may dalang susi ng padlock sa aluminum grilles na nakaharang sa bungad. Binuksan niya ang grilles. Tumuloy kayo at nagbukas ng ilaw.

Kaunti lamang ang tao noong umagang iyon, kayat nagtago ako sa likod ng mga poste, para di mo ako paulit-ulit na makita at pag-hinalaan.

Bandang tanghali, nagpabili kayo ng ulam at kanin sa suput-supot na plastik, at sabay-sabay kayong kumain sa likod ng department store.

Bandang alas tres, nagmirindal kayo ng turon at sop dringks, na binili ng isa mong kasamahan sa Food Plaza, sa basement ng gusali.

Bandang alas seis, may kostumer na pumasok at tumingin-tingin. Inasikaso siya ng isa mo pang kasamahan. Narinig ko silang nagtatalo tungkol sa presyong dapat bayaran kung ang gagamitin ay credit card. Nang umalis ang kostumer, bumaling sa iyo ang kasamahan mo. Nagsalaysay siya tungkol sa pagtawad sa presyo ng kostumer. Nagsiwalat siya ng kaunti niyang sama ng loob.

Alas siyete medya na naman nang magsara kayo ng department store, at nagpaalam ka sa dalawa mong kasamahan. Lumabas ka ng gusali. Naglakad ka hanggang sa stop ng mga sasakyan.

Muli kitang sinundan, Mahal. Buong gabi uli kitang binantayan. Buong gabi uli kitang hindi maiwan-iwan.

Gayunpaman, noong ikalawang gabing iyon, naging labis-labis ang ligaya ko.

Labis-labis, kasi, ikaw lang ang Mahal ko, at batid ko nang ako lang ang lalaki sa buhay mo. Walang naghahatid-sundo sa iyo sa apartment at sa department store. Walang dumadalaw. Walang ibang tumatayo sa ilalim ng bintana at nagbabantay.

Malaya akong magmahal, Mahal. Malayang manligaw. Malayang mamanhikan.

Noong ikatlong araw, maaga kang nagpaalam sa dalawa mong kasamahan sa department store. Naglakad ka hanggang Aurora. Sumakay ng bus papuntang Montalban. Sumakay din ako, agad-agad, para hindi tayo magkahiwalay. Hinintay kong mag-abot ka ng bayad, pinakinggan kong mabuti nang banggitin mo sa konduktor ang bababaan mo. Pagkatapos, nagbayad din ako.

Bumaba ka sa harap ng simbahang Saint Joseph. Tumawid ka, umakyat sa hagdan, pumasok sa simbahan. Nagsawsaw ng daliri sa binasbasang tubig. Nagkurus. Pumili ng luhuran sa gawing kaliwa, bandang harapan, malapit sa mga santo, malapit sa altar. Lumuhod ka at nagdasal.

Naupo akong may tatlong bangkong puwang sa likod mo. Naghintay ako sa iyo. Nagbantay.

May isang oras ka doon, sa loob ng simbahan. Di-minsan kang nagbukas ng bag, at dumukot sa loob ng bag, at naglabas ng kapirasong tissue. At nagdampi niyaon sa mata.

Bakit, Mahal?

Ano ba ang suliranin mo, at isang oras mong 'pinagdasal?

Tungkol ba sa magulang? Tungkol ba sa mag-anak? Sa kaibigan? Sa trabaho? Sa kalusugan? Sa pera?

Tungkol ba sa pagmamahal, Mahal?

Noong hapon iyon, ibig na sana kitang lapitan at hagkan. Yakapin at halik-halikan. Pagtanungan ng dahilan ng pagdalaw mo sa simbahan, ng pagluha mo, ng pagdarasal.

Pero hindi ko ginawa, kasi, baka matakot ka lang, Mahal.

At ayaw kong mangyari iyon. Ang layuan mo ako. Ang iwasan mo ako. Ang tumanggi ka sa pagmamahal ko.

Minsan kang napahikbi.

Malungkot ba ang buhay mo, Mahal?

Mabigyan kaya ng ligaya ng isang tulad ko?

Malungkot din, malungkot din ang buhay ko.

Pero alam kong yaon ay mabibigyang-ligaya mo. At alam kong ikaw lang ang makapagbibigay noon.

Kasi, ikaw lang ang mahal ko.

Kasi, ikaw lang ang mamahalin ko habang-buhay.

Batambata ako noong una akong natutong magmahal, Mahal. Noong una akong tunay na nagmahal. Nasa ikaapat na baytang ako sa mataas na paaralan.

Rose ang pangalan niya. Kaklase ko siya. Maganda siya. Napakalaki ng paghanga ko sa ganda niya.

Lihim ko siyang minahal, Mahal. Lihim ko siyang pinadalhan ng mga liham ng pagmamahal. Sinuksok ko ang mga iyon sa mga aklat at kuwaderno niya, sinilid ko sa loob ng baunan at bag niya. Tuwing mayroong pagkakataon. Tuwing walang ibang nakakakita.

Isang taon kong 'pinagpatuloy ang pagliham sa kaniya. Hindi ako makapagtapat sa kaniya nang deretsahan. Sinasaklot kasi ako ng hiya kapag kaharap ko siya. Marami kasi ang humanga rin sa ganda niya, marami ang nanligaw. Walang-wala ako kung ihahambing sa kanila.

Hinirang si Rose na maging isang Lakambini Ng Mataas Na Paaralan noong katapusan ng taon. Isa ako sa anim na konsorteng napiling maglakad sa tabi ng tiburin niya, na pinalamutian namin ng papel, at nilagyan namin ng mga higanteng talulot ng bulaklak, at nilibot namin sa bayan kinahapunan ng Foundation Day ng paaralan.

Napakaganda ni Rose noong hapong iyon. Mataas ang buhok niya, at pinakapitan ng mga bulaklak, at ginuhitan ang kilay niya, at pinintahan ang mukha niya, at nakasuot siya ng mahabang damit na makinang ang tela. Para siyang artista, parang isa sa mga artistang nag-shooting noon sa plasa at sa tabing-dagat at magdamag kong pinanood. Napalingon at napatitig ang lahat ng dinaanan niya.

Di-maubos ang ligaya ko noon. Malapit kasi ako kay Rose, malapit na malapit sa aking mahal. Isa ako sa mga guwardiya niya. Naglalakad sa tabi niya. Nagbabantay.

Pagkatapos ng parada, sinundan ko siya sa ikalawang palapag ng gusaling pagbibihisan niya. Pinabitbit niya ako ng bungkos ng mga rosas na handog ng mga magulang niya. Akit na akit ako sa kaniya habang sinusundan ko siya. Para akong asong bumubuntut-buntot sa kaniya.

Wala pang ibang tao sa loob ng silid na pinasukan namin. Sinara ko ang pintuan. Humarap sa dalawang Rose na naroroon sa loob ng silid: si Rose at ang katuwang niyang anyo sa malaking salamin, sa harap niya.

Pagtatapat ko sa kaniya:

Napakaganda mong talaga. Ika 'y dili iba 't isang talang nanaog sa lupa, at dito nagpasiyang manatili at magsabog ng kaniyang kariktan. Ika 'y di taong nilalang kundi isang himala ng Maylikha, kayat huwag ka sanang magtaka kung tanan ay sumamba at magsaad ng paghanga sa taglay mong karilagan.

Matagal niya akong tinitigan.

Pagkatapos, tumawa siya.

At ang sabi niya, Ikaw ba? Ikaw ba?

At tumawa siya nang tumawa.

Dalawang Rose ang nakita kong tumawa sa akin: si Rose at ang Rose sa malaking salamin. Naroon din ako, sa pagitan nilang dalawa, nakita ko sa salamin, nahihiya, nanliliit, di na makapagsalita tulad ng dati.

Humakbang akong palapit sa kaniya.

Isang halik lang — isang halik lang, nagmakaawa ako.

Pero tumawa pa siya. Lumayo siya sa akin. Tumakbo sa pintuan. Tumakbo sa tuktok ng matarik na hagdanan.

Doon siya nagkamaling tumapak sa laylayan ng mahabang damit na suut-suot pa niya. Nadulas siya. Nahulog sa paanan ng matarik na hagdan. Nang bumagsak siya sa sahig, bigla akong nakarinig ng malutong na lagutok, parang yaong pagbali ng sanga ng punong bayabas na minsan kong nahulugan sa mababang paaralan, lagutok na may-halong kalabog na basa, parang labahin sa tabing-ilog na minsang hinataw ng palupalo.

Tumakbo ako. Nagtago. Binayaan kong iba ang makatagpo sa kaniya sa paanan ng hagdan. Nang mangyari yaon, natakot ang lahat. At nagsigawan.

Anong laking gulo sa katapusan ng Foundation Day!

Narinig ko sa iba, patay na si Rose. Pero noong sandaling iyon, noong sandaling nahulog siya, hindi ko inisip na mamamatay siya.

Akala ko, masasaktan lang siya.

Ang inisip ko noong sandaling iyon, Mabuti nga sa kaniya. Kasi, tawa siya nang tawa.

Dumalo ang buong paaralan sa libing ni Rose. Umaga pa lamang, nasa loob na siya ng nitso. Hinagisan na ng semento ang mga gilid ng lapida niya. Nagpaalam na ang pari. Binaklas na ang tolda. Sumakay na ang mga kamag-anak at kaibigan sa mga dyipning inupahan nila.

Walang nakapansin sa akin, kasi, nag-tago ako sa likod ng isang musoleo. Naiwan akong mag-isa sa kampusanto.

Magtatanghali na noon. Matindi ang sikat ng araw. Inisip ko pa nga kung di kaya naiinitan ang bangkay ni Rose sa loob ng nitso niya, kung di kaya yaon maluto at umalsa nang parang relyenong isda sa pugon.

Lumapit ako sa lapida. 'Binulong ko, Tumatawa ka pa ba, Rose? Rose, tumatawa ka pa ba?

Hindi siya sumagot, kayat naisip kong tumatawa pa rin siya.

Pero matagal na iyon, Mahal. Matagal na matagal na. Nagpunta ako sa Maynila, at naghanap ng trabaho, at naghanapbuhay. At nag-isa. Kasi, ayaw ko na sana uling magmahal. Ayaw ko na uling mapagtawanan, at malayuan, at matanggihan ng pagmamahal.

Paminsan-minsan, umibig ako nang palihim lamang. Pero 'tinago ko lang ang mga iyon sa kaloob-looban ko.

Paminsan-minsan din, umuuwi ako sa lalawigan. Para bumisita. Para sandaling magbakasyon. Dumadalaw ako sa kampusanto sa bawat bisita kong iyon. Sa nitso ni Rose.

At lagi akong bumubulong sa lapida:

Tumatawa ka pa ba? Tumatawa ka pa ba?

Di pa rin siya sumasagot sa mga tanong kong iyon, kayat sa pakiwari ko, tumatawa pa rin siya hanggang ngayon.

Pero tao lang ako, Mahal, kayat nagmahal akong muli.

Nang makita ko si Queenie. Isa siyang weytres sa Dayrit's Roast Beef & Burger House, sa labas ng Coliseum.

Napakaganda ni Queenie. Tunay siyang maganda.

Kayat muli akong nagmahal, at minahal ko siya.

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
ILIPINIANA SECTION MAIN LIBRARY

F, T15270g

Doon ko siya unang nakita, minsang nagkataon akong mapadaan. At mapatigil. At maakit ng pambihirang ganda niya. Noon pa lamang, alam kong siya lang ang mamahalin ko.

Buong araw akong umali-aligid sa restawran, buong araw ko siyang hindi maiwan-iwan. Nakihalo ako sa tao. Nagpatabing sa likod ng maraming katawan. Nagbabad sa Hokson Emporium. Sa Ulamnilad. Sa mga bakal na harang ng Green Gate ng Coliseum, sa tabi ng kinaroroonan niya.

Noong gabing iyon, pagsara nila ng restawran, nagpaalam siya sa kahera at sa dalawang cook at sa dalawa pa niyang kasamahan. Naglakad siya. Umakyat siya sa oberpas sa EDSA.

Pumanaog siya sa kabilang dulo ng oberpas. Naglakad siya hanggang eskinita Mesias. Sinundan ko siya para hindi kami magkahiwalay. Inoberteyk ko siya nang minsan. Nagpadanti ng dibdib sa balikat niya. Para kahit sandali, mapalapit ako sa kaniya.

Humiyaw siya.

Nagpaumanhin ako. Umismid siya.

Pero di ko malimut-limutan ang bango ng pawis niya at ang mainit niyang hininga. Nang amuyin ko iyon, para ko na ring inamoy ang liig niya. Ang katawan niya. Ang maseselang parte niya.

Lumiko siya sa eskinita. Pinabayaan ko munang lumaki ang distansiya sa pagitan namin, pagkatapos, nagpabilis ako ng lakad para habulin siya. Kinakabahan. Kasi, baka hindi ko na siya makita. Kasi, baka mawala ko siya.

Naglakad siya hanggang maliit na bahay na tinutuluyan niya. Sinalubong siya ng matandang babae na masayang bumati sa kaniya: 'Eto na si Queenie, o!

Pagkatapos, pumasok siya sa bahay.

Noon ko unang narinig ang pangalan niya.

Queenie.

Napakagandang pangalan. Bagay na bagay sa kagandahan niya.

Walang ibang pangalang babagay pa sa kaniya.

Buong gabi akong nagbantay sa labas ng bahay niya, buong gabi ko siyang hindi maiwan-iwan.

Nagkunwari akong taga-ibang-lunsod na naghahanap ng nawawalang pinsan para di ako pag-interesan ng mga taga-roon.

Dito po ba iyong Mesias? Dito po ba si Rose? Meron po ba ritong Rose?

Kinaumagahan, alas nuwebe siyang lumabas ng bahay, at muli siyang naglakad papuntang oberpas sa EDSA.

Umakyat siya. Sinundan ko siya.

Noon pa lamang, puwede ko na sana siyang kausapin. Para magpakilala. Para kilalanin siya. Para makipagkilala. Para magtapat ng pagmamahal.

Pero hindi ko magawa, kasi, baka tumawa siya.

Kapag tumawa siya, masisira ang lahat. Ang ganda ng pagmamahal ko. Ang ganda ng pagmamahal niya. Ang ganda ng pagmamahalan namin.

Pumanaog siya. Sinundan ko siya.

Sinundan ko siyang muli sa Dayrit's.

Buong araw ko siyang binantayan. Buong araw ko siyang hindi maiwan-iwan.

Bandang gabi, nakitayo ako sa harap ng bintanang salamin, sa tabi ng paskil na tinitikang Live PBA Coverage Tuesdays Fridays and Sundays. Nakititig sa telebisyong mataas ang pagkakasabit sa dingding.

Sa kaniya ako tumititig tuwing hindi siya nakatingin.

Lamang, paminsan-minsan, tumutuon sa mukha ko ang mga mata niya. May kaunting pagtataka. May kaunting paghihinala.

Alas onse ng gabi na naman nang magsara ang restawran. Nagpaalam siya sa kahera at sa dalawang cook at sa dalawa pa niyang kasamahan. Naglakad siya.

Paminsan-minsan, lumingon siya.

May pagtataka. May paghihinala.

Umakyat siya sa oberpas sa EDSA.

Walang tao sa oberpas noong oras na iyon.

'Binaba ko ang switch ng fuse box. Tumunog iyon. Parang may sumipa ng latang gatas. Namatay ang mga pluresente sa kisame ng oberpas.

Napahiyaw siya.

Sandali siyang tumigil sa paglakad. Sandaling nakiramdam sa dilim.

Lumingon siya. Humarap siya sa akin. At muli kong pinagmasdan ang ganda niya sa salit-salit na ilaw ng billboard sa kaliwa 't kanan: sa pulang neon ng Coke, sa kaliwa; sa berdeng neon ng Sprite, sa kanan. Pula, berde. Coke, Sprite. Kaliwa, kanan.

Si Queenie Pula, si Queenie Berde.

Si Queenie Coke, si Queenie Sprite.

Si Queenie Kaliwa, si Queenie Kanan.

Nilapitan ko siya.

Pagtatapat ko sa kaniya:

Isa kang hiyas ng kababaihan! Kariktan mo 'y higit pa sa mamahaling esmeralda at rubi! Emperador man o hari 'y lulusong sa malalim na dagat, at tatawid ng matayog na bundok, at darakip ng pilak na buwan at gintong mga bituin, malasin lamang nang kahit minsan ang mukha mong maningning!

Nagalit siya.

Ang sabi niya, Ano ka, luku-luko?

Ang lakas-lakas ng boses niya.

Huwag maingay, pakiusap ko.

Bayag mo! sigaw niya. Tinadyakan ako, tumama sa puson ko.

Tatakbo na sana siya, pero pagkatapos kong magsapo ng puson, bigla akong yumakap sa mga balakang niya. Pareho kaming tumumba sa sahig ng oberpas.

Nagpumiglas siya. Nagmura nang nag-mura.

Bakit nagagalit, ha? tanong ko. Bakit nagagalit, ano ba' kasalanan ko, bakit nagagalit, ha?

Naglabas ako ng balisong. 'Tinutok ko sa lalamunan niya.

Saka siya tumahimik.

Saka siya tumigil sa pagpupumiglas.

Kumislap iyong balisong sa lalamunan niya. Pula sa kaliwa. Berde sa kanan. Pula, berde. Kaliwa, kanan.

Hinablot ng isa kong kamay ang damit niya. Nilantad ko ang mga suso niya.

Tinaas ko ang palda niya. 'Nilantad ko ang biyak ng ari niya.

'Kakatawa, 'no, ang sabi ko. Kasi, nakadamit ka naman, pero nakalabas naman ang suso mo. Kasi, nakapalda ka naman, pero nakalabas naman ang biyak ng ari mo.

Hindi siya sumagot.

'Galit ka pa ba, ha, 'galit ka pa ba?

Hindi pa rin siya sumagot.

Sinampahan ko siya. Minahal ko siya. Pinatunayan ko sa kaniya kung gaano ko siya kamahal. Minahal ko siya nang minahal. Paulit-ulit. Walang tigil. Walang sawa.

Ngayon, tanong ko, ngayon, 'galit ka pa ba? 'Galit ka pa ba, Queenie, 'galit ka pa ba?

Pero hindi pa rin siya sumagot.

Saka ko nakita kung bakit.

Iyon kasing balisong, iyong balisong kasi. Bumaon iyong balisong sa lalamunan niya.

Bumaon sa kaliwa, bumaon sa kanan.

Pula, berde. Kaliwa, kanan.

Patay na siya.

Pero hindi naman ako ang pumatay sa kaniya, hindi ba?

Hindi ako ang pumatay.

Hindi ko siya pinatay.

Kung pinatay ko man siya, hindi ko sinasadyang patayin siya.

Ayaw ko kasing mamatay siya.

Hindi ko sinasadyang mamatay siya.

Kasi, mahal ko siya.

Queenie, tanong ko, Queenie, patay ka na ba?

Ganito pala ang pumatay, ang isip ko.

Pero kailan bumaon ang balisong? Bakit hindi ko namalayan? Bakit hindi ko natatandaan?

'Nilabas kong muli ang balisong. 'Pinasok kong muli sa butas, sa lalamunan niya.

'Nilabas kong muli ang balisong.

'Pinasok ko sa suso niya. 'Pinasok ko sa puson niya. 'Pinasok ko sa biyak ng ari niya.

Ganito pala, ang isip ko, ganito pala.

Para kang sumasaksak ng baboy. Tumatalbog. Sa una, akala mo lang, hindi papasok. Pagkatapos, lulusot.

Para mo lang hinulog sa tubig ang balisong.

Lumulusot.

'Nilabas kong muli ang balisong.

'Pinasok ko sa kaliwang mata niya. 'Pinasok ko sa kanang mata niya. 'Pinasok ko sa kaliwang taynga niya. 'Pinasok ko sa kanang taynga niya.

Kaliwa, kanan.

Pula, berde.

Coke, Sprite.

Hindi naman kasalanan iyon, hindi ba?

Kasi, patay na siya.

Kung buhay pa siya, pagkatapos, sinaksak ko siya, iyon ang kasalanan, hindi ba, kasi, mamamatay siya, kasalanan iyon, kasi, papatayin ko siya, hindi ba?

Hindi ba?

Pumanaog ako sa oberpas.

Hindi ako makatulog noong gabing iyon.

Kasi, wala na si Queenie.

Kasi, wala na siya.

Kasi, wala na ang mahal ko.

Kasi, wala na akong mahal.

Pero matagal na iyon, Mahal. Matagal na matagal na. Nagpatuloy ako sa trabaho, nagpatuloy ako sa paghahanapbuhay. At nag-isa. Kasi, ayaw ko na sana uling magmahal. Ayaw ko na uling makagalitan, ayaw ko na uling malayuan, ayaw ko nang matanggihan ng pagmamahal.

Paminsan-minsan, umibig ako nang palihim lamang. Pero 'tinago ko lang ang mga iyon sa kaloob-looban ko.

Paminsan-minsan din, umaakyat ako sa oberpas sa EDSA. Para bumisita. Para magpalipas doon ng panahon. Dumadalaw ako sa bahagi ng sahig ng oberpas na hinigan ni Queenie.

At lagi akong bumubulong sa sahig:

'Galit ka pa ba? 'Galit ka pa ba?

Di pa rin siya sumasagot sa mga tanong kong iyon, kayat sa pakiwari ko, nagagalit pa rin siya hanggang ngayon.

Pero tao lang ako, Mahal, kayat nagmahal akong muli.

Nang makita ko si Dulce. Isa siyang beautician sa Baby Pascual Beauty Saloon for Men & Women, sa tabi ng Farmers Annex.

Napakaganda ni Dulce. Tunay siyang maganda.

Kayat muli akong nagmahal, at minahal ko siya.

Doon ko siya unang nakita, minsang nagkataon akong mapadaan. At mapatigil. At maakit ng pambihirang ganda niya. Noon pa lamang, alam kong siya lang ang mamahalin ko.

Buong araw akong umali-aligid sa parlor, buong araw ko siyang hindi maiwan-iwan. Nakihalo ako sa tao. Nagpatabing sa likod ng maraming katawan. Nagbabad sa D'Sunflower Bread Mart. Sa Powerhouse Industrial Supply. Sa mga pasilyo ng D. Insas Baguio Fresh Flowers, at ng Baguio Benguet Fresh Flowers, at ng Dannie's Fresh Flowers, sa harap ng kinaroroonan niya.

Noong gabing iyon, paglabas niya ng parlor, nagpaalam siya sa lima niyang kasamahang stay-in. Naglakad siya. Bumaybay siya sa Tuazon.

Tumawid siya ng daan, at naglakad siya patungong 5th Avenue. Sinundan ko siya, para hindi kami magkahiwalay.

Sinutsutan ko siya. Hinawakan ko siya sa balikat. Tinawag ko siya.

Queenie!

Hindi ho ako, ang sabi niya. Nanginginig ang tinig.

Natakot siya.

Nagpatuloy siya ng lakad.

Pero di ko malimut-limutan ang pag-hipong iyon sa bilog ng balikat niya, at ang kaakit-akit na kislap sa mga mata niya. Nang hipuin ko siya, para ko na ring hinipo ang katawan niya. Ang kaluluwa niya. Ang puso niya.

Lumiko siya sa 5th Avenue. Pinabayaan ko munang lumaki ang distansiya sa pagitan namin, pagkatapos, nagpabilis ako ng lakad para habulin siya. Kinakabahan. Kasi, baka hindi ko na siya makita. Kasi, baka mawala ko siya.

Naglakad siya hanggang Woodland Townhouse, kung saan siya nangangasera sa isang yunit, at namamasukan bilang yaya na panggabi at pang-umaga. May dalawang batang babae sa isang bintana sa ikalawang palapag ng yunit. Sumigaw sila nang pabiro: Si Ate Dulce, ginabi na naman!

Pagkatapos, pumasok siya sa yunit.

Noon ko unang narinig ang pangalan niya.

Dulce.

Napakagandang pangalan. Bagay na bagay sa kagandahan niya.

Walang ibang pangalang babagay pa sa kaniya.

Buong gabi akong nagbantay sa labas ng yunit niya, buong gabi ko siyang hindi maiwan-iwan.

Nahiga ako sa likod ng mga naka-paradang trak ng Bulacan Garden, para di ako sitahin ng security guard na pumapatrolya sa Sidcor Resort.

Kinaumagahan, alas diyes siyang lumabas ng bahay. Muli siyang naglakad papuntang Farmers Annex.

Noon pa lamang, puwede ko na sana siyang kausapin. Para magpakilala. Para kilalanin siya. Para makipagkilala. Para magtapat ng pagmamahal.

Pero hindi ko magawa, kasi, baka magalit siya.

Kapag nagalit siya, masisira ang lahat. Ang ganda ng pagmamahal ko. Ang ganda ng pagmamahal niya. Ang ganda ng pagmamahalan namin.

Pinalampas ko siya.

Sinundan ko siyang muli sa Baby Pascual.

Buong araw ko siyang binantayan. Buong araw ko siyang hindi maiwan-iwan.

Alas diyes ng gabi na naman nang lumabas siya ng parlor. Nagpaalam siya sa lima niyang kasamahang stay-in. Naglakad siya. Bumaybay siya sa Tuazon.

Muli ko siyang sinundan.

Pero noong ikalawang gabing iyon, nagkaroon ng dungis ang ligaya ko.

Nagkaroon ng dungis, kasi, nakita ko ang security guard na kumatok sa yunit at 'tinanong siya, at nabatid kong hindi lang ako ang lalaki sa buhay niya.

Lumabas siya. Nakipag-usap siya sa security guard. Naupo sila sa isang bangko sa Aling Nena Store, sa liko ng daan, sa lilim ng puno, sa di-mailawan ng poste at ng mga sasakyan.

Nagtago akong muli sa likod ng mga trak.

'Di ka ba natatakot, tanong ng guard, lagi ka na lang gabi umuuwi?

Sanay na 'ko, sagot niya.

Kun' 'di lang ako duty, ako 'ng susundo sa 'yo.

'Di bale, sagot niya. Baka mapalitan uli 'ng shift mo.

Sana nga.

Kumusta na 'ng pakiramdam mo?

May sinat pa rin.

Huwag ka na' pumasok bukas.

Sinat lang. Kun' 'di lumala, okey lang.

Baka ka matrangkaso.

Okey lang ako, basta okey ka.

Kagabi, me lalaking sumunod sa 'kin. An' takot ko. Binilisan ko 'ng lakad ko.

Kanina, napansin mo ba?

Hindi. Kagabi lang.

Mag-iingat ka.

At noong ikatlong araw, sinundan ko siyang muli.

Buong araw ko siyang binantayan. Buong araw ko siyang hindi maiwan-iwan.

Bandang hapon, nang masilip ko siyang walang kostumer at nagpapahinga sa upuan at nagbabasa lang ng magasin, pumasok ako sa parlor, at tumikhim.

Tumingala siya sa akin, at ngumiti.

Sir, 'pa-trim kayo?

Inupo niya ako sa harap ng salamin. Binalabalan sa balikat at dibdib ng cutting bib. Binalutan sa liig ng hand towel.

Hindi mo ba 'ko natatandaan? gusto ko sanang itanong.

Binasa niya ang buhok ko. Sinuklay. Sinipitan.

Hindi mo ba 'ko namumukhaan?

At saka niya sinimulang gupitan ang buhok ko. Sa mga dulo. Sa palibot ng ulo.

'Di ba, noong isang hapon, sinutsutan kita?

Parang sutsot ng gunting.

'Di ba, noong isang hapon, tinawag kita?

Muli niyang sinuklay ang buhok ko.

'Di ba, noong isang hapon, hinawakan kita sa balikat?

Hinilut-hilot niya ang anit ko. Sa tuktok. Sa mga gilid. Sa likod.

Ako ang lalaking sumunod sa iyo. Ako ang lalaking sumusunod sa iyo.

Pagkatapos, binlow-dry niya ang buhok ko.

Ako ang lalaking nagbabantay sa iyo.

At inayos niya ng brush.

Ako ang lalaking hindi ka maiwan-iwan.

Inalis niya ang hand towel sa liig ko, at ang cutting bib sa balikat ko 't dibdib.

Kasi, mahal kita.

Nagtaktak siya ng pulbos.

Kasi, ikaw lang ang mahal ko.

Pinaspasan niya ang mukha ko 't braso. At balikat. At dibdib. At gawing harapan.

Gusto n'yo' 'pa-cleaning, sir? tanong niya.

Oo.

Kasi, mahal kita.

Kasi, ikaw lang ang mahal ko.

Hinawakan niya ako sa kamay. Maingat niyang ginupitan ang mga kuko ko. Maingat niyang nilinis.

Pagkatapos, hinilut-hilot niya ang bawat daliri ko.

Pagkatapos, pinunasan niya ng lotion.

Alas diyes ng gabi na naman nang lumabas siya ng parlor, at nagpaalam siya sa lima niyang kasamahang stay-in. At lumabas siya ng gusali. At naglakad siya at bumaybay sa Tuazon.

Muli ko siyang sinundan.

At noong gabing iyon, walang security guard sa Sidcor Resort. Kumubli ako sa likod ng gate.

Pagkatapos, sinutsutan ko siya.

Fidel?

Lumapit siya sa gate.

'Kala ko, hindi ka —

Hinila ko siya sa likod ng gate.

Pagtatapat ko sa kaniya:

Walang kasintulad ang iyong mga kamay, anaki 'y sa isang Musa, ang Dakilang Musa ng Musika, at palagiang haplos sa lira ang bukod nilang katungkulan! Ang iyong mga daliri 'y hubog sa kristal — madiinan ng labi ko, hanggang ngayo 'y sa pangarap lamang!

Sumigaw siya.

Kayat nilabas ko ang balisong, para siya tumahimik.

Umiyak siya at nanginig.

Huwag n'yo 'ko' sasaktan, pakiusap niya. Huwag n'yo 'ko' sasaktan. 'Bibigay ko' lahat ng gusto n'yo, huwag n'yo 'ko' sasaktan.

At saka siya naghubad ng katawan.

Okey ka, a, sabi ko. Okey, okey ka, a.

Pumulot ako ng kapirasong lubid sa sukal. 'Ginapos ko siya sa steel truss na winelding sa posteng bakal ng pelota court.

Huwag n'yo 'ko' sasaktan.

'Tatakot ka? 'Tatakot ka? Bakit 'tatakot, ha? 'Tatakot ka?

Nilamutak ko ang mga suso niya.

'Diniin ko ang tuhod ko sa biyak ng ari niya. Tinumbuk-tumbok ko. Kinaskas-kaskas. Tinagasan siya ng hima. Mainit. Malapot. Parang mantika.

Lumuluha pati 'baba, a, sabi ko.

'Tatakot ka? 'Tatakot ka?

At minahal ko siya. Pinatunayan ko sa kaniya kung gaano ko siya kamahal. Minahal ko siya nang minahal. Nang paulit-ulit. Nang walang tigil. Nang walang sawa.

Ngayon, tanong ko, ngayon, 'tatakot ka pa ba? 'Tatakot ka pa ba, Dulce, 'tatakot ka pa ba?

Namilipit siya 't kumisay-kisay sa likot ng pagmamahal ko. Nagpagiling siya ng balakang. Bumukaka 't nagsukbit ng paa sa mga hita ko 't alak-alakan.

Saka ko pinagmasdan ang dalawang Dulce sa iisang katawan.

Ang Dulceng Panlabas, beautician, magaan ang haplos ng daliri, mayumi, makislap ang mata, matamis ang ngiti, ulirang dalaga.

Ang Dulceng Panloob, hubad ang katawan, tukso, maharot, babaeng haliparot, walang kahihiyan, mandedemonyo.

Ayoko na! Ayoko na! ang iyak ni Dulceng Panlabas.

Bakit ayaw, 'tatakot ka?

Tama na, ayoko na! ang iyak ni Dulceng Panlabas.

Bakit tama na? Bakit ayoko na?

Ubos na 'ko, said na 'ko! ang iyak ni Dulceng Panlabas.

Nasa'n si Dulceng Panloob? tanong ko.

Pero umiyak lang siya. Hindi siya sumagot.

Kayat pinulot ko uli ang balisong, at binuksan ko siya.

Para hanapin si Dulceng Panloob.

Para palabasin siya, kung nagtatago siya.

Para ilabas ang nasa loob.

Labas, loob. Loob, labas.

Dulceng Panlabas, Dulceng Panloob. Dulceng Panloob, Dulceng Panlabas.

Hello, Dulceng Bituka. Nandiyan ba si Dulceng Panloob?

Walang sagot.

Hello, Dulceng Atay. Nandiyan ba si Dulceng Panloob?

Walang sagot.

Hello, Dulceng Pantog. Nandiyan ba si Dulceng Panloob?

Walang sagot.

Hello, Dulceng Puso. Nandiyan ba si Dulceng Panloob?

Walang sagot.

Wala, wala si Dulceng Panloob.

Si Dulceng Panlabas lang.

Pero si Dulceng Panlabas, gutay-gutay.

Basang-basa na ng dugo.

Hindi ko siya pinatay. Ginutay ko siya.

Kaya ko yaong aminin, ginutay ko siya.

Akala mo ba, hindi ko kayang aminin yaon?

Akala mo ba, hindi ko kayang tanggapin yaon?

Patay, gutay. Gutay, patay.

Gutay, patay. Patay, gutay.

Latay. Bitay.

Bantay. Hintay.

Hototay.

Tatay.

Sitay, batay, patay-ni.

Patay na, 'ni? Patay na? Patay na, 'ni? Patay na?

Pinatay ko siya.

Pinatay ko, pinatay ko siya.

Pinatay ko siya, kasi —

Kasi, dapat, parusahan siya.

Kasi, naghubad siya.

Masama iyon. Bastos iyon. Kasalanan iyon.

Kasi, tukso siya. Kasi, maharot siya. Kasi, babaeng haliparot siya. Kasi, wala siyang kahihiyan. Kasi, mandedemonyo siya.

Masagwa iyon sa dalagang Pilipina, hindi ba?

Pinatay ko, pinatay ko siya.

Pinatay ko siya, kasi —

Kasi, wala na siyang matitikmang ibang ligaya pa, 'gaya ng ligayang 'binigay ko sa kaniya. Kahit sa nobyo niya. Kahit sa sinumang ibang lalaki sa buhay niya.

Pinatay ko, pinatay ko siya.

Pinatay ko siya, kasi —

Kasi, natatakot siya.

Pinatay ko, pinatay ko siya.

Pinatay ko siya, kasi —

Kasi, mahal ko siya.

Kasi, siya lang ang mahal ko.

Kasi, siya lang ang babaeng mamahalin ko.

Oo.

Mahal ko siya.

Kayat kinuha ko ang mga kamay niya.

Pinutol ko. Binalian ko ng buto sa mga pulso. Binalot ko sa plastik. Inuwi ko.

Ang mga kamay na gumupit at nagsuklay at nag-blow-dry ng buhok ko. Ang mga kamay na humilut-hilut sa anit ko. At humawak sa mga kamay ko. At gumupit at naglinis ng mga kuko ko. At humilut-hilot sa bawat daliri ko.

Para kahit anong oras, puwede ko siyang mahalin.

Lagi. Magpakailanpaman.

Ang mga kamay ng aking Musa.

Matigas ang mga daliri at nakatikom. Nangangamoy pa ng lotion.

Pero matagal na iyon, Mahal. Matagal na matagal na. Nagpatuloy ako sa trabaho, nagpatuloy ako sa paghahanapbuhay. At nag-

isa. Kasi, ayaw ko na sana uling magmahal. Ayaw ko na uling makatakutan, ayaw ko na uling malayuan, ayaw ko na uling matanggihan ng pagmamahal.

Paminsan-minsan, umibig ako nang palihim lamang. Pero 'tinago ko lang ang mga iyon sa kaloob-looban ko.

Paminsan-minsan din, binubuklat ko ang plastik na balutan na 'tinatago ko.

At lagi kong binubulungan ang mga kamay ni Dulce:

'Tatakot ka pa ba? 'Tatakot ka pa ba?

Di pa rin siya sumasagot sa mga tanong kong iyon, kayat sa pakiwari ko, natatakot pa rin siya hanggang ngayon.

Pero tao lang ako, Mahal, kayat nag-mahal akong muli.

Nang makita kita.

Ikaw.

Napakaganda mo, Mahal. Tunay kang maganda, Mahal.

Kayat muli akong nagmahal, Mahal, at minahal kita.

Nagkurus ka, at bumangon, at lumabas ng simbahan.

Sinundan kita.

Nagbalik ka sa John Elysse.

Binati ka, kinumusta ka ng dalawa mong kasamahan.

Alas siyete medya na naman nang mag-sara kayo ng department store. Tatlo kayong lumabas. Sabay-sabay. Sama-sama. Naglakad kayo patungong Fiesta Carnival. Doon ka nila sinamahan, para sandaling mamasyal.

Para maaliw ka.

Para aliwin ka, Mahal.

Sumakay kayo sa Sky Ride, at sa Fiesta Funtasia. Binantayan kita mula sa lapag, mula sa mga barandilyang bakal.

Nagpalamig kayo sa Fiesta Delight Ham-burger House. Nagpalamig din ako, doon, sa mesang katabi ng mesa n'yo.

Hindi mo ba ako napansin, Mahal?

Hindi mo ba ako namukhaan?

Nagtawanan kayo. Bumili kayo ng tiket sa Dino-Express. Bumili rin ako.

Naupo kayo sa gitnang kotse ng ma-habang tren.

Naupo ako sa likod mo.

Sa likod mo, Mahal.

Nakita kitang kumaway nang buma-tengteng at sumipol at umandar ang tren.

Narinig kitang nag-babay sa mga batang dinaanan natin, sa Merry-Go-'Round.

Narinig kitang nagbiro at humalakhak nang magdaan tayo sa pagitan ng mga binti ng higanteng dinosaur.

Narinig kitang tumili nang pasukin natin ang madilim na kuweba, at nagbaga ang mga mata ng iba 't ibang dambuhalang naroroon, at ngumanga sila 't naglabas ng ngipin, at humugong at umalingawngaw ang mga hiyaw nila 't alulong.

Naghiwalay kayo sa bungad ng gusali.

Narinig kong nagpasalamat ka sa kanilang dalawa.

Bukas, ang sabi ng isa, bukas, magkikita uli tayo.

. . . Ngayon, alas diyes na ng gabi, at nagsara na ang lahat ng ilaw.

Pero hindi ako aalis, Mahal. Buong gabi kitang hindi iiwan.

Naririto ako sa labas, naririto ako sa ilalim ng bintana mo. Nagbabantay. Naghihintay.

Mangarap ka, o puting rosas, sa gubat ng mga ada. Abangan mo ang mga abang tulang likha ng aking damdamin, na guguhit sa katahimikan, at maririnig mo rin.

Huwag kang maiinip.

Malapit na, Mahal.

Malapit na malapit na.

1994

Second Trip

BASTED

PERFECT FOOD PRODUCTS
Pasig, Rizal

Office of the President

MEMORANDUM November 26, 1979

TO : ALL EMPLOYEES
(Levels 6 and above)

FROM : THE CHAIRMAN
Ad Hoc Committee
for X'mas Party

RE : KRIS KRINGLE '79

---

1. An early Season's Greetings to one and all! We are launching once again into our traditional Kris Kringle (KK) affair, culminating in our company outing/celebration in December 20 on Hidden Valley, Alaminos, Laguna.

This year the Ad Hoc Committee has decided to prolong the fun, thrills and suspense of our

game. Our KK is to start officially on Monday, December 3 -- three exciting weeks of sharing and caring before the final Revelation Day!

2. The Committee has also decided that this year's KK will involve all employees from Levels 6 and above (Clerical to Managerial). This applies to Office of the President, Administration, Project Implementation, Information and the five main plants (Powdered Milk, Breakfast Cereals, Poultry Processing, Livestock Processing and Lab Tech) -- some 5,000 employees all in all! More fun, more thrills, more suspense, more excitement -- moreover, an excellent chance to get to know a particular co-employee before the year comes to an end!

3. The procedure for this year's KK is simple. All female participiants will draw names from the box of male participants, and all male participants will draw names from the box of female participants. Since there are more females than male employees, last ones to draw will have to draw names from the box of females only.

For your daily gift, you may as usual avail of the Slurpy carton by the security guard at the main entrance lobby. The contents of the carton will be distributed by our utility boys during the day.

4. Regulations.

a.) Each gift to be dropped in the Slurpy carton should cost no more and no less than P1.00. The exchange gifts, to be given on Revelation Day, should cost no more and no less than P15.00 each. As per last year's schedule, Revelation will be conducted after programs, luncheon and party games.

b.) There will be themes only for the first week of KK, to be strictly followed, as following:

December 3 -- Something Usual
4 -- Something Sweet
5 -- Something Special
6 -- Something to Eat
7 -- Something to Keep

Within the two weeks following, all participants may give whatever gifts they wish to.

5. Are you ready, one and all? The drawboxes will be making their rounds at 1:00 this afternoon. Start thinking of your initial gift for December 3.

See you on December 20!

"Cluck-cluck-putak!
Perfect Foods Gives You Perfect Eggs
Every Morning of Your Life!"

Eudelita T. Maparas
Executive Secretary

etm/cvz

December 3, 1976

TO MISS MARIA VENUS GISAGIS
CLERK-TYPIST
PROJECT IMPLEMENTATION DIVISION
VITUCA BLDG., 4th FLOOR

Dear Baby Kringle,

I hope you are glad to received this letter, with my humble gift to you. When I get your name from the box last week I was very happy, because your name was new to me. I said to myself at last I can add a new chick to my present list of girlfriends.

I now report the positive results of my research:

Your name is Maria Venus Mantecado Gisagis. You are 25 years old, single, and resides in Cubao City. You graduated from Araullo University in 1976, and been with PFP for almost six months now.

Your favorite color is green. Your hobbies are reading, listening to radio, watching movies, bowling, and going to parties. Most importantly you do not yet have a boyfriend.

Hope you're impressed with my research. Good I do not belong to your division, if not you will suspect who I am.

So today I must give you "Something Usual" - here is one box of real, authentic paper clips. May you organize all the papers in your division! Ho - ho - ho!

Clip Kringle

TO THE DADDY KRINGLE
OF MISS MARIA VENUS GISAGIS
Address Unknown

Daddy "Clip" Kringle:

T.Y. for your "Something Usual" gift to me. But I have very many paper clips already. Next time do not steal our office supplies, ha? Hee - hee - hee! (Joke only.)

Glad to know that my Daddy "Clip" Kringle is alive and well. The others here are complaining already, because their Daddy Kringles are not yet giving them anything. They do not like to be an orphan, you know. I guess I am lucky Baby Kringle too.

How impressive you're research on me! You have so many information on me, so I suspect you are from the Information Division.

Hint about yourelf, please.

(T.Y. again for the paper clips. I used one already.)

Your Baby Kringle,
Venus Gisagis

TO MISS VENUS GISAGIS
CLERK-TYPIST
PROJECT IMPLEMENTATION DIVISION

December 4, 1979

Dear Baby Venus,

For you today are "Something Sweet." Some sweet candies, in mint and cherry flavors. Christmas colors, no?

Sorry but this is all I can afford now. Nevertheless I am looking forward at our Revelation Day, when I will give you something nice. But tell me first what you like so I can save enough money to buy for you.

Okay – I will give you a hint, but even if you try and try again you may not succeed. No, I am not from Information Division, so your guess is wrong. I am an "assistant quality control checker" in one of our five main plants. If I tell you which one, you will know it already, so now you have to guess which one of the five. There are 76 "QCs" in our staffs. You will have a hard time to know who I am.

Another hint is that I am good-looking, of fair complexion and avergae built. I am a very macho playboy, very fond of chicks. And I sincerely and with my deepest regards hopes to meet you on the Revelation Day.

My supervisor is looking – I must close now.

Daddy Macho Playboy

TO THE DADDY KRINGLE
OF MISS VENUS GISAGIS

December 4, 1979
3:30 p.m.

"Daddy Macho Playboy" —

T.Y. for the sweet candies I received this morning. I gave one to my boss, because she did not eat her breakfast. The others I will give to my sisters at home.

As to your request re what I like for the Revelation Day, it's just up for you. I'm not exclusive anyway. It's even more meaningful if I receive something from out of your own choice -- no?

But you're the one to tell me what you like for the Revelation Day. It's very hard to buy for guys, and since I do not know you, I don't know what your taste will be.

T.Y. for the hints you gave. Based on what you said I will show you my conclusions:

If I choose my own guess I think you are from Lab Tech, because you are a "Daddy Macho Playboy." Because we say here that Lab Tech is like "Love Tech." (Another joke for you.)

More hints, please.

Baby Venus Gisagis

TO VENUS GISAGIS
PROJECT IMPLEMENTATION DIVISION

December 5, 1979

Dear Venus,

You want to be a detective, ha? I will send you a microscope and a .45, you will see.

I will only tell you the following about myself:

I am 25 years old, single and from Matungao, Lanao del Norte. My family resides in the province. My parents are still alive and I am the eldest of five brothers and four sisters. I presently am boarding a room in Sampaloc. It's only a very small, but I have a bed, a cabinet, a table and chair. I stay in my room reading magazines, when I have no money and my friends also cannot lend me. He - he - he!

The name of my landlady is Mrs. Almendras. She is a very good but very strick. Her children are now in the United States. Sometimes she lets me use the telephone. If you give me your telephone I will call you. He - he - he!

When I first worked here I was already an "assistant quality control checker." My superviso5r is still the same one as before. I was not so happy with him because he always shouts at us and give us bad evaluations. So we give him bad evaluations too. Good our salary was adjusted in November. I am working here for almost two years now.

Every Christmas I go home to the province and give money and gifts to my parents, and brothers and sisters. Last year I bougth a silver Christmas tree and brought it home, and all of my relatives liked it very much. We put all our gifts under the tree, for display.

The New Year I spend in my boarding room in Sampaloc. I talk with Mrs. Almendras about different topics, until her visitors arrived. I go out drinking, watching movies, and I come home very late. Anyway I have a key to my room. My room is at the top of the stairs.

This year I am surprising my brothers and sisters with plenty of gifts. My system now is that I buy some gifts every payday, since January, so I have plenty gifts to bring at home.

My gift for you today is "Something Special." Hope you liked it. You can put it in your notebook or in your bag.

Tell me about yourself, or if you like you can give me your telephone. He - he - he!

Lover Kringle

TO THE DADDY KRINGLE
OF VENUS GISAGIS

December 5, 1979
3:30 p.m.

Lover Kringle,

You, ha? Always joking me.

T.Y. for the "Special" name card you gave. I put it in my plastic folder, and my boss even asked me where I had it made. I said to her it was given to me by my Daddy Kringle. And you know what -- she said I have a very good and a very thoughtful Daddy Kringle. Is your head growing big already? Hee - hee - hee!

Sorry, I don't have a telephone. We stay only in my auntie's house, and my cousins do not like to apply for a telephone. I am from Hagonoy. My parents are in the province. I have three sisters, also staying with my auntie -- two are still studying and one is also working as a secretary.

We also go home to the province on Christmas. My mother is fond of cooking puto, kalamay and pansit. We go to Mass in our church, early in the morning. I always the first one to wake up, because my sisters are very lazy.

Sometimes my boss is also shouting. But we always try to understand. There is plenty of work to do and she has to ensure that it is finished. Otherwise we will have a back lag, then we have to O.T. it and go home late. But I like my job now. It is the highest salary I am getting, comparing to my other jobs.

After six months in the Project Implementation Division I could say that I have improved my skills considerably in PFP, and hoping to become a regular employee with company benefits. I hope to say one day that I have worked here for two years already, like you.

Tell me about your many, many girlfriends. Do I know any of them? Maybe some of them are working here. Maybe one of them is in this division, ha? Pity you when I show her your letters. You said you are a very macho playboy.

Venus

P.S. Enclosed is also "Something Special" for you. Hope you like it -- put it in your desk or throw it, if you like.

I'm A Loco Locomotive

'Cuz I'm Crazy 'Bout You

My little steam whistle
Is tootin' for you –
Have a Merry Chug-Chug
And a Happy Choo-Choo!

FOR VENUS GISAGIS
Project Implementation Division

December 6, 1979

Dear V,

Thank you very very much for the one you gave. A million thanks to you, and rest assured that I will love and cherish it for the rest of my life. Why will I throw it? I like it.

When I receive it I did not put it in my desk because I am afraid of someone else will get it. I put it in my cabinet door, so now I can see it everyday — when I wake up in the morning and when I go to sleep at night. When I go home to the province I will put it in our ~~VChrsitmas~~ Christmas tree.

You ask me about my girlfriends. I will tell you honestly because you are very nice and amiable. To tell you the truth, I have no girlfriends, not even one. You know, I cannot afford to have omne because all of my money goes to my boarding and to my family in the province. We have to bouy foods and medicines, and the educations of my brothers and sisters. I even sp3end money on rides, and because I smoke cigarettes.

When I said that I was a very macho playboy, that was my joke to you. I think the cats will always say that, especially to chicks, even if it is not true. Everybody want to be a very macho playboy, with wheels, good clothes, and discoteques.

Today, Thursday, I give you "Something to Eat" — "cheese sadnwich" from the Co-op. Hope you did not bring your baon.

No more hints — it's too delicate already.

DK

TO THE DADDY KRINGLE
OF VENUS GISAGIS

December 6, 1979
3:30 p.m.

Dear DK,

You really are a very nice and a very thoughtful Daddy Kringle. It is a misfortune that I brought my baon this morning (two "luncheon meat sandwiches"), but because I received from you "Something to Eat" I gave one sandwich to my boss. The other I will give to my sister at home. One good turn deserve another.

O.K. if you do not want to give me anymore hints. Even if I do not know you, I feel the good nature and thoughtfulness of your honorable personality. To tell you the truth I do not prefer macho playboys to be my friends. Correct me if I am wrong, but I prefer truthful and sincere people like you.

As for me, I do not have a boyfriend as yet because I do not like being fooled. Very many have already asked me to be their girlfriend, but I refuse. I tell them I am not ready for it yet. I just save money in my bank account and prepare for the future.

One day, of course, I intend to have a boyfriend, settle down and get married. It's but natural. Please correct me if I am wrong. As they say, love happens, love cross your path, and love is best when not sought for.

T.Y. again for the lunch. I bought some dessert and I want to share it with you. Happy eating!

V

FOR VENUS GISAGIS
Project Implementation Division

December 7, 1979

Dearest Venus,

I am very ashamed to be your Daddy Kringle., Why are you giving me gifts when I should be the one to give them to you. And you flutter me with your truthful and sincere words.

I am so worried now because of many problems. One of them is my attitude to you. I think you should not send me gifts, even if I appreciate the fact.

Another problem for me is that our supervisor instructed us this morning to work overtime on Saturday and Sunday. Lucky for you that you are not in the food producxtion staffs, so you have only five working days. As for us, we have to work overtimes on Saturday and Sunday as deemed necessary, and for the fulfillment of our monthly quota.

Good I have no family waiting for nme at home. Although one day too I intend to settle down and get married, but I don't know when. But I feel that I even have no friends, when I feel lonely and blue. My friends here go drinking with me and we tell stories, but in the plant sometimes they are not my friends. They tell lies to our supervisor, and even if it is not my fault they say so. They are plastic and hypocritical, and they always tell our supervisor good things so that they will get high evalkuations.

But not me,. I am not plastic a nd hypocritical. And sometimes they do not listen to me, acting as though they do not know me.,

It is very hard even to have good friend, a friend you can trust and who can I turn to.

The theme for today is "Something to Keep." It is the last theme for this week, and starting on Monday anything goes. I was debating with myself what I should give you, and acquiesced to buy you this simple memento of our acquaintance.

I can hear the siren sounding now, and I must go back to work.

Very truly yours,
Chris Kringle

TO THE DADDY KRINGLE
OF VENUS GISAGIS

December 7, 1979
3:30 p.m.

Dear Chris Kringle,

T.Y. for the beautiful stampita you gave. "Something to Keep," it is indeed a simple memento of our acquaintance, and I will as ever keep it always among my most treasured possessions.

I am happy for you that you should intend to settle down and get married in future, and I wonder who the lucky girl will be. Like you, I know feeling lonely and blue. We are many here in our typing pool, and from time to time we talk of favorite things and the different happenings. But this is only small talk, and afterwards we are lonely again.

For you I copy the simple lyrics of a song:

When you're weary
Feelin' small
When tears are in yoir eyes
I will dry them all
I'm on your side
Oh when times get rough
And friend just can't be found
Like a bridge over troubled water,
I will lay me down
When you're down and out
When you're on the street
When evening falls so hard
I will comfort you
I'll take your part

Oh, when darkness comes
And pain is all around
Like a bridge over troubled water,
I will lay me down
(Ad lib)
Sail on silver girl
Sail on by
Your time has come to sine
All your dreams are on their way
See how they shine
Oh if you need a friend
I'mm sailing right behind
Like a bridge over troubled water,
I will ease your mind
(Repeat)

Enclose receive two packs of cigarettes for your overtime work -- one red and one menthol. With my compliments. Christmas colors too.

I wish my warmest regards for your overtime work. It is part and parcel of our work. Remember the advantageous privileges of salary loan and insurance that is being offered by our company. Also remember in your time of trouble . . . I'm on your side . . . I'll take your part . . . See how they shine . . . I will ease your mind . . .

Someone who cares,
Venus

FOR VENUS GISAGIS
Project Implementation Division

December 8, 1979

Dearest Venus,

It is Saturday lunch break and I take time out to write to you a letter.

Extreme thanks for the cigarettes you showered on me. Again I ask myself why.

This morning i had a big headache but my supervisor cannot let me go because there is no relief. I was able to get medicines from a companion in the machine area.

As to your query of the lucky one I will marry one day I hope it is a someone who understand me, know me inside out and the entirety of my being. I wish that she will love me very much, accept me for myself and takes care of the family and children.

As of now I wish to work where I am happy and feel importance in my duties and resposnsibilites. Here it is not the ideal, but as yet I must have a stable designation to support ~~mysiself~~ myself.

I get many headahces every now and then because of the noisy machines. Dr. Alulon in our clinic tells me it is alright,m but we have to check up once a month because of the dusts in the machine area. When the machines are working sometimes I want to vomit. I feel sick, and when I look around everything is happening very fast.

Thank you for being my friend, Venus. You understand me very much and I know it is to some avail.

With love,
Chris K

***

Attachment to letter
dated December 8, 1979

Deciember 9, 1979

Dearest Venus,

I will tell you a curious story. last night I was dreaming I was still a small boy going to school again. I am dressing up but I take a very long time to put each clothes on my body. I know I will be late, but I cannot move fast. But I want to. I am a very worried and getting afraid because I know I will be late and the teacher will scold me. When I woke up I still feel my dream. My body was very weak when I time in and reporting for work.

I am thinking of ~~your~~ you this afternoon, because I am smoking your ciagarette I wishe you are here besides me, and then I can willingly escape from ~~wotk~~ work and watch a mov ie in Guadalupe. I want to rest and take vacation, if only there is pay.

Today after lunch break I fell down the stairs and everybody laugbed at me. It was my fault because my shoes get caught by a nail. At first I was angry, but

now I am okay. I am also glad to think that no bones broken, and in good condition.

With love and kisses,
Chris K

***

Attachments to letters
dated December 8, 1979,
and December 9, 1979

December 10, 1979

Dearest Venus,

Starting today I send you anything my heart's desire.

last night, before taking my ride to go home, I went to Producers Market and look around for ~~you~~ something to buy you,. when lo and behold a host of mirrors for ~~V~~Christmas gifts! I choose a cute one especially for you. Immediately I approach and purchased said item, to bequeath my darling baby. Filled with the spirit of elation I go home and pack it, proceeding to imagine your acceptance of this gifted surprise.

May it evermore reflect the ~~natural~~ ~~natural~~ undaunted image of your beauteous face.

Always yours,
Chris

TO THE DADDY KRINGLE
OF VENUS GISAGIS

December 10, 1979
3:30 p.m.

Dear Chris,

Acknowledge receipt of letters dated December 8, 1979, December 9, 1979, and December 10, 1979, respectively.

T.Y. for the cute mirror. I used it already.

Hope you enjoyed every stick of cigarettes I gave. You are my industrious and hardworking Daddy-Clip-Macho-Playboy-Lover-Chris-Kringle, and your baby is very proud of you.

Be careful to take care of yourself for your recurrent headaches. As you are not yet entitled to a faithful and loyal wife, there is no one can tend to you and give you good advices as to your status. I wish for your lucky girl to be attentive and loving to all of your problems.

Guess what? I will tell you a story so you will be proud of your industrious and hardworking baby too. Last Saturday I was a volunteer to O.T. my work for a half-day, from 8:00-12:00! Anyway it is good to earn out extra pays for the coming holidays. And my boss will see me serious and efficient more.

While typing, I was very happy to know you are working in the same vicinity. On lunch time I looked on the ground and saw the

production staffs coming out of the plants. I was thinking to myself that you are one of them.

So long for now, my dear Daddy Chris.

Accept these three chewing gums for you, to while your time away. Hope you don't get toothache!

Sincerely,
Vee

FOR VENUS GISAGIS
Project Implementation Division

December 11, 1979

Dearest Vee,

You are my kind and beneficent, darling Baby Kringle. Yet, upon second thoughs, I harbor the fears and tribulations of your disappointment with me, come the Revelation Day.

You continue to flutter me with your industrious and hardworking words. And yet, to be frank and candid at last, I am not worth of all your high praises. I am very ugly and even wears tick spectacles. Everybody in the machine area always laugh and makes fun of me. Anbd maybe this is why I as yet do not have that lucky girl.

Accept my offering today, three pieces of flower that I pick for you. ~~Sorryvthart 0~~ Sorry that I cannot afford roses to give you yet. But maybe next time, when I win the sweepstakes and I am already a rich man.

All my love,
C

TO THE DADDY KRINGLE
OF VENUS GISAGIS

December 11, 1979
3:30 p.m.

Dear C,

How sweet and memorable of you to give me the three pieces of flowers. I showed it to my boss and she said they are growing in her garden too. I put it in my flower vase on top of my desk, besides my high school picture.

I am eagerly anticipating our Revelation Day, when at long last I will meet you. I, too, like you, harbor the fears and tribulations of your disappointment with me, come our final day. Yet it is unfair for you to describe of yourself as not a presentable human being. Correct me if I am wrong, but it is not what is visible that matter, but what can be percieve by the mind, heart and soul. Beauty is truly in the eyes of the beholder.

Just do not notice them when people laugh at you. Maybe you can joke them also, and then laugh in turn.

For you today -- a keychain for your sportscar, to buy when you are a rich man, and hoping I am the first to ride in it.

Forever,
Vee

TO THE DADDY KRINGLE
OF VENUS GISAGIS

December 12, 1979
3:30 p.m.

Dear C,

I receive nothing, not even your letter, today. Did something happen? I suspect it only got lost in the carton, but if your are joking me again, I will forgive you this time.

Checking only, to make sure.

Yours,
Vee

***

TO THE DADDY KRINGLE
OF VENUS GISAGIS

December 13, 1979
2:30 p.m.

Dear C,

I cannot sleep last night, because I am wondering about you. Maybe tonight, too, as you have not yet forwarded your communication to me.

If you are absent or sick, Daddy, I pray for you. Is your headache again?

I am worried for you and urgently request the information as to your status.

Heartbroken,
Vee

VENUS GISAGIS
Project Implementation Division

DSecember 14, 1993

Dear Vei,

Rest asured to be informed I am returned in percfect condition. Maybe I should say that I was out in the field for the two days previous.

But, to confess, last Monday, December 11, I had a discussion with my supervisor. He called inside his office to blame me for a machine breakdown and a ,malingering. I put up my voice and fought with him, especially about the malingering, because I am not malingering. I even took off my watch and pointed to him my breaktime. And you know what he did, he broke my watch on his desk. I run away and did not come back that day.

That night, you know, I come home late to my boqarding room, and I cried on the stairs. The next day I did not feel like going to work.

But here I am again. This morning I talk to my boss and show him my letter of resignation and togather we are called to the personnels office., Upon explanation the P.O. ~~orf~~ officer asure me that my resignation will not be accepted. I cried again in relief and am so happy feeling better afterwards.

For you, <u>three</u> shiny gifts – one for yesterday, one for today, and one for the day before yesterday.

Signed,
X

TO THE DADDY KRINGLE
OF VENUS GISAGIS

December 14, 1979
3:30 p.m.

Dear X,

Glad to hear you once again. I was always watching the elevator, in deep suspense, and was so happy to receive your retroactive letter and three peso coins.

I sympathize with you for the sad happening in your plant. My good advice is, please do not do it again. As the case may be in our office, the boss is always right in his capacity, and it is up for you to abet him in obtaining his functions and objectives. More so on your plant, where the work is plenty.

I will tell you, when my boss is also angry, it goes in one ear and out another. And afterwards she forgot what she is talking about, all going well and smoothly. So always be patient and kill the fire with water.

At least we may look forward to payday, which is on Monday. In the meantime accept this little gift of a coin purse which my boss was merchandising to us this morning. Anyway it is four gives, without interest. A reward to my hardworking Daddy — hope you like it!

With love,
Venus

VENUS GISAGIS
Project Implementation Dibvision

December 17, 1979

To Venus,

This sad letter is mys econd to the last one to you. Allow me to explain, for it is right and just.

Because this mornging, when I time in and report for duty I receive a ~~confiential~~ ~~confidn~~ confidential memo from the personnels office. And I am shock to inform that my resignation has been accepted! I read and read the memo, and I even confirm it with the personnels office.

I proceed to my supervisor but he is not in his office. I wait and wait but he is not reporting for duty. And then my companbion say that he is on a vacation leave untuil January! I am sad and confuse, and even when I tried toi cry, I cannot. I just keep it as a secret and not to tell anybody, because I am ashamed.

Now I am angry anbd even broke one part of the machine. Good that my supervisor is not here and scold me. I angry at eveyrbody ,, more so at him and the ~~p.~~ P.O. I even know that our President Vituca will not listen to the situation. So now I hate tyo see Slurpy and YumYum, and hear "Cluck-cluck-putak!" on radio. It is a ~~qustion~~ question of manhjood and of principals.

I will be here only tomorrow for my separation pay and paper. I am so ashamed to you, but I have no more money and I want to leave here now and forever, and never to come back again.

Forgive me, but I will not go to our company outing/celebration on the Revelation Day.

X

TO THE DADDY KRINGLE
OF VENUS GISAGIS
Urgent

December 17, 1979
2:30 P.M.

Dear X,

I am sad today to read your letter. More so, I am shock to read you intend not to go to our company outing/celebration, and implying we shall never meet and look into each other eyes! For me and my sake, please, please, go to the Revelation Day. If only you know. I will not be disappointed with you and we shall be together. I will be faithful and loyal to you, and I will comfort you with your feelings. And I have many important plans and things to tell you.

Do not be impulsive, please. Be strong and sway your decision, and I will meet you on the Revelation Day even if you will not give me an exchanged gift. Please come because I will cry and be an orphaned, and if I will have no Daddy there I will be ashamed to everyone. And what will my boss say -- she will say I am inventing you only.

For good advice, make appointment with your supervisor and to the personnel office. Ask them to reconsiderate you and give you one more chance. Give them a beautiful Christmas gift and then work, work hard.

I say to you that climb ev'ry mountain, for all things pass. Time will heal all, the sun rise at dawn, and the rain clear away, for every cloud has a silver lining.

With love and devotion,

Vee

V. GIGSAGIS
Project ~~Impelem~~ Implementation Division

December 18, 1979

Venus,

You are not understanding to me. And maybe even from the first time you are not understanding to me. Please forget now everything I said before, as it is cancelled and do not appply. And do not write me anymore because I will not be here to receive your letter.

Never mind if we do not meet, and you will not know who I am. ~~I will work very hard, and one day when I am already rich I will show to everybody who I am.~~

Goodbye —

X

TO THE DADDY KRINGLE OF VENUS GISAGIS
URGENT

December 18, 1979
11:30 a.m.

Dearest X,

Why are you angry at me? Is something the matter?

Please do not hurt and offend me, because in truth I am understanding to you. I have feeling for you, and it is hard to say but for the first time I am responsive to something deep within my heart, which did not happen before. And hoping you know what I mean.

Pity your darling baby, because I will get sick and pine away. Do not destroy my surprise for you, for it is mandatory to meet you on the Revelation Day.

Waiting for your reply —

Vee

TO THE DADDY KRINGLE OF VENUS GISAGIS
IMPORTANT AND URGENT

December 18, 1979
4:30 p.m.

Dearest X,

Please, please, answer me.

I will tell you ~~my~~ now my secret, even if I am crying as I write to you this letter. You know I cannot sleep tonight.

Last Thursday I withdraw my savings in my bank account and buy a watch in Guadalupe Shopping Center, ~~epse~~ especially for you. It is my exchanged gifts surprise for you, but you do not beleive me.

I tell my problem to my officemates, but they impart me with different advices, and I do not wish to follow. And my boss is lauhging at me already.

Please, please, inform me as to where you are, and where are yOu going.

Please, please, don't leave me . . .

1979

KAISPLIT

1.

Naging kaisplit ako ni Valentin sa gulang na 12.

Kababata ko si Valentin kayat matagal ko nang kilala: maliit pa 'y naghahawakan tuwing nagkikita, madalas naglalaro, kung minsa 'y nagkakasakitan, at laging magkasama sa ipit, sa gipit, sa hawa, sa ginhawa.

Mabait sa akin si Valentin; mabait ako sa kaniya. Kaniya lahat ng laruan ko; akin lahat ng laruan niya. Alam niya ang bawat sikreto ko. Alam ko ang bawat sikreto niya. Wala kaming natatago sa isa 't isa. Ganyan katibay ang samahan namin.

Ang nakakapagtaka, magkalayung-magkalayo ang ugali namin ni Valentin.

Sa mababang paaralan, mahiyain ako 't palabati naman siya. May oras na bigla siyang nagagalit, kahit hindi ko alam kung bakit. 'Pag galit siya, ang nararamdaman ko nama 'y iba — aburido sa kinalalagyan, at ibig gumala. Maglakbay. Lumaya. Parang sinisinat, parang

nais lagnatin. Parang nilalagnat, parang nais gumaling. Umibayo. Mangibang-lunan. Mangibang-bayan. Mangibang-daigdig.

Sa mababang paaralan pa lang, masyado nang usisero si Valentin. Nang magcamping kami sa Puerto Azul, madaling-araw na 't tulog na ang lahat nang bigla siyang kalabitin ni Dicky Pamialungan, na class treasurer namin. Nagising si Valentin at nakipaglaro ng buntalan. Palibhasa magulo, nagising din si Mr. Leandro Masias, ang Explorer Scouts moderator namin. "Quit that!" kahol ni Mr. Masias. Nagtakip ng kumot si Dicky, at si Valentin naman ay naiwang bitin.

Natutuhan ko sa unang baytang ng mataas na paaralan ang maraming bagay tungkol kay Valentin. Kung bakit siya nagagalit, kung bakit siya sumpungin. Madalas ko noong pag-isipan kung bakit siya kalbo, samantalang may buhok ako sa ulo, at kung bakit ganoon ang hugis niya, na madalas pagbiruan ng samahan namin sa eskuwela: Kabuti. Talong. Upo. Patola. Hot dog. Chorizo de Bilbao. Vienna Sausage. Lungganisa. Turon. Banana-Q. Lollipop. Tiratira. Putobumbong. Lawit. Bandila. Tako. Baston. Kambiyo. Handbrake. Batuta. Hard hat. Tarugo. Barena. German helmet. Espada. Riple. Machine gun. Silencer. Secret agent. 007. Kanyon. Tore ni David. Monumento. Pito. Black-light bulb. Antenna. Remote control. Zoom lens. Flashlight. Pedro. Manoy.

Madalas din naming pagbiruan kung sinu-sino sa amin ang supot, at ang sungaw, at ang kinakamatis, at ang may lambi, at ang paling, at ang baluktot.

Sa mataas na paaralan, ang usiserong si Valentin ay naging abalero 't makulit, kahit sa gitna ng pagsusulit, at lalo tuwing tatawagin ako sa recitation ng Physics teacher naming si Miss Chiquita Buctut. Payo ng tsuper ng kapitbahay namin, talian ko sa ulo 't hilahing pababa — gayon daw ang ginagawa ng mga seminarista. Ayaw naman ni Valentin, kasi 'y baka matulad siya sa class president naming si Romeo Gamat, na laging tinatalian ng yaya niya noong bulinggit pa siya; ngayon, kapag umaasinta siya, laging patuon sa lupa. Bida namang solusyon ng isang senior ay isaisip ang mga paborito niyang santo, at ang nanay niya, at ang mga ate 't mga batang kapatid niya.

Pero kung mautak ako, mautak din si Valentin. Kahit paulit-ulit kong subukan, di ko siya maisahan. Nariyan ang maglaro ako ng basketball, at maligo ng malamig na tubig, at manood ng T.V., at lumantak ng kakanin, at magdasal ng rosaryo, at magbasa ng libro, at piliting matulog. Nariyan ang lumabas ako ng bahay, at magkalat sa lansangan, at manood ng sine, at magbabad sa pinball.

Iisa lang ang kalalabasan ng lahat: magkukulong ako sa kuwarto, maglalabas ng hiram na *Hustler* na lukut-lukot, magdidikdik ng bawang sa almires, o magbabayo ng palay, o magbabate ng itlog, o magpapagatas ng kambing.

Siguro, sa mga hilig niyang iyan, si Valentin ay may lahing kusinero. At pagkat ang tagapagluto 'y higit na magaling kaysa sa walang alam kundi kumain, naging tagasunod lang ako ni Valentin. Kapag sinabi niyang sisikat ang araw, ako ay gigising. Kapag sinabi niyang aakyat ang buwan, ako ay aantukin. Kapag sinabi niyang bubuhos ang ulan, ako ay maghahandang sumilong, o maglabas ng payong, o magsuot ng kapote, o magbotas, o lumikas sa bahaging mataas.

2.

Sa gulang na 12 din namulat sa mundo si Valentin. Naghalo ang gulat ko 't pagkamangha, at di ko malaman kung yao 'y ihahantad o ililihim. Tanda ko 'y noong hapong iyon ay nakipaglaro ako sa bahay ng Reading beadle namin na si Hero Maranun, at nag-swimming kami sa pool nila, at uminom kami ng instant chocolate. Kinagabihan ay napanaginipan kong naghuhubad pa kami sa loob ng kabana, pagkatapos ay may biglang kumatok sa pintuan. Pagbukas namin ng pinto, nakatayo roon si Pancho Pantera, mukhang cartoon pero hubad din, nakangisi sa amin at biglang kumanta ng, "Pancho, Pancho, Pancho Pantera!" Naramdaman kong nagsimulang utugan si Valentin. (Hungkag at kakaiba ang pakiramdam sa ibaba ng puson, sa puno ng ari, sa pagitan ng mga binti). Tumawa si Pancho Pantera. Nilundagan kami. Dinaganan kami. (Parang hindi na cartoon, para nang malaking oso.) Mabigat. Pinilit naming makawala. Nangalay lahat ng

masel ko — sa dibdib, sa braso, sa kamay, sa binti, sa paa. Humalakhak si Pancho Pantera. At saka siya dinuraan ni Valentin. May bilis. May bagal. May ngawit. May ginhawa. May kati. May kiliti. Parang daloy ng pulot. Ng malapot na dagta.

Gumising akong may hinuha kung ano yaong nangyari, batay sa kuwentu-kuwentong naririnig ko na sa mga kaklase ko. Bumangon ako at nagpalit ng brief. Ang hinubad ko 'y pinagmasdan at inamoy at hinawakan. Parang katas ng kaimito. Ayon kay Romeo, puti. Ayon kay Hero, dilaw. Tiniklop ko at sinuksok sa isang sulok ng kabinet — ayaw kong ipasok sa hamper at baka makita ng labandera namin.

Matapos ang isang taon, saka ko muling natagpuan sa sulok ng kabinet ang brief na iyon — size 18 pa rin gayong size 21 na ang suot ko — at muli akong namangha nang dahil sa mga bahid na parang mantsang instant chocolate na parang natuyong dugo.

Namangha ako, kasi waring kaytagal nang panahon nang huli kong suot ang brief na iyon.

Namangha ako, kasi noon lang nangyari na katas ko 'y nagmantsa nang ganoon.

Sa mataas na paaralan, hindi naiwasang lumitaw si Valentin sa locker room at sa shower, pagkatapos ng P.E. namin. Madalas mangyari ang hambingan at sukatan — at si Valentin lagi ang lumalabas na champion. Apat na pulgada siya kapag tulog, lima 't kalahati kapag half-

mast, anim at tres-medya 't lampas-pusod kapag tayo at kapit-linta sa balat ng puson.

Sabi ng lahat, matipuno si Valentin sa kaka-exercise. Ang totoo niyan, noong una 'y pihikan si Valentin. Ayaw niyang matulad sa row leader naming si Lover Boy Malatictic, na naging panay ang dayo sa Pasay hanggang palarin siyang pudpuran ng sapatilya sa gripo. Di siya makaihi nang maginhawa dahil doon, at pamaya-maya 'y tinagaktakan sa dulo — ng kulay-uhog, ng kulay-nana — na una 'y sinapnan niya ng toilet paper, pagkatapos ay ng panyo, pagkatapos ay ng Kotex na isa-isa niyang ninakaw sa aparador ng ate niya. Dalawang buwang nagpagamot sa isang clinic sa Columbia Street si Lover Boy. Umutang sa lahat ng kaibigan makabili lang ng Gardan (500 mg), ng Ketoporin (250 mg 1 tab 2x/day) at ng Ciprobay (500 mg 2 tabs 2x/day), hanggang sa gumaling din nang walang kahina-hinala ang magulang.

Ayaw din ni Valentin na matulad sa gold medalist namin sa elocution na si Tiger Papa-apulu, na sa gulang na disisiyete 'y nakabuntis ng siyota niyang disiseis at taga-C.H.S., at napilitang pakasal. Sa ikatlong baytang, may kambal sila; sa ikaapat na baytang, may sumunod na isa pa. Ang mga biyenan ni Tiger, leon saka alamid. Nagbigay ng curfew, ng maraming bawal: umuwing dis-oras, maki-barkada, mag-shopping mag-isa, mag-diskong di kasama ang asawa. Ngayon, si Tiger, naging Pussycat na.

Naging kuntento si Valentin sa magasin at sa pelikulang FF; sa himas, sa kaskas, sa sakal, sa sakmal, sa solo flight, sa pagtira ng tiniklop na unan; kay Mariang Palad, kay Daling Daliri, kay Caridad Kamay, kay Corito Kamao; sa mga posisyong pahiga, patayo, paupo, paluhod, patalungko, patuwad, patagilid, paliyad, pabaligtad, pabisaklat, patiwangwang at pabukaka; sa tuyo at sa basa, sa madulas at sa magaspang, sa maalinsangan at sa maginaw, sa busog at sa gutom, sa lusog at sa sakit, sa saya at sa lungkot, sa gabi at sa araw.

Nakuntento rin siya sa sari-sari naming pag-eeksperimento.

Tulad ng paglapat ko ng target paper sa headboard, para pagkatapos ay bilangin ko ang na-bull's eye niya.

Tulad ng pagtikim ko sa kaniyang buko juice, na kung minsan ay parang hinaluan ng asukal, at kung minsan naman ay maalat-alat.

Tulad ng pagpahid ko ng kaniyang cream sa kagat ng lamok at langgam, para ikompara sa epekto ng Numotizine.

Tulad ng pagpapatuyo ko ng patak-patak niyang Elmer's Glue, para talupin nang buo at durugin at ipulbura.

Tulad ng pagpunas ko ng kaniyang gesso sa watercolor project na ginawa ko para sa Allied Arts.

Tulad ng paghalo ko ng kaniyang tartar sauce sa crab foo yong na minsa 'y pinakain ng katulong sa bisita, para tingnan kung sila 'y malalason. O mapupuruhan. O magiging Captain Marvel. O magiging Frankenstein.

Tulad ng pagsulat ko ng secret messages sa kaniyang invisible ink, na lumilitaw lang kapag binasa ng katas-kalamansi.

Tulad ng pagbuhos ko ng kaniyang fertilizer sa Bangkok orchids ng kapitbahay, para malaman kung yaon ay mamamatay o lalago.

Tulad ng pag-ipon ko ng kaniyang fluid sa test tube na naarbor ko sa Chem Lab, para obserbahan kung pagkatapos ng siyam na buwan, may duwendeng mabubuo.

Panay ang tawag ng pansin ni Valentin: bubukol siya sa harap ng suot kong pantalon at sisikip ang suut-suot kong brief. Kadalasa 'y wala akong magagawa kundi ang magbaba na lang ng siper — parang stainless na tren sa stainless na riles sa ambok ng burol.

3.

Ilang buwan bago sumapit ang pagtatapos namin sa mataas na paaralan, nagpadaos ang student council ng malaking campus fair. Nakulelat sa bidding ang klase namin. Tuloy, fishing booth lang ang binagsakan naming paandarin.

Toka-toka kaming lahat sa pagbabantay ng fishing booth: 36 kami sa klase, tatlong araw ang campus fair (Fri-Sat-Sun), 9:00 a.m.-11:00 p.m. (Fri and Sat) at 9:00 a.m.-5:00 p.m. (Sun), kayat may tigalawang oras ang dalawang bantay. Nagpalabunutan kami sa oras. Kasama kong bantay ang repeater na si Amado Pangalibi. Ang nabunot naming oras, 3:00-5:00 p.m. Sun — ang pinakahuling toka sa lahat.

Inulan ang unang araw ng campus fair, kayat sumigla lang kinabukasan, mula umaga hanggang gabi, at iyon din ang naging kalakasan ng tatlong araw. Kakalug-kalog tuloy ang fair nang mag-report ako sa fishing booth 2:30 p.m. noong Linggo. Hindi ako siniputan ni Amado — lakuwatsero talaga iyon. Sumipot man siya, korning-korni ang fair noong oras na iyon: wala nang pera ang mangilan-ngilang tao; walang gumagalaw na rides; nabalian kami ng tatlong fishing rod; walang natirang prizes kundi mga LP ni Joan Baez at ni Judy Collins at ng Tijuana Brass mula sa Naida's at tig-isang black-and-white poster nina Humphrey Bogart at Montgomery Clift at James Dean mula sa The Owl at dalawang paperback edition ng *Le Petit Prince* mula sa Erehwon. Ang masama sa lahat, pinuwesto ng campus fair committee ang mali-it na booth namin sa kadulu-duluhan ng grounds, malayo sa mga C.R., malayo sa bilihan ng pagkain, sa likod ng malaking punong akas-ya, sa tapat ng Administration Building, at sa harap ng tanggapan ng Prefect of Discipline. Lagi pa kaming napagkamalang generator ng ferris wheel.

Walang kostumer na lumapit sa fishing booth sa loob ng dalawang oras ko roon. Tatlong beses akong nanghila ng kakilala, pero sabi nila 'y mas gusto nilang mag-fishing ng totoong isda sa totoong tubig. Ilang ulit ko tuloy naisip na magsara na lang at gumala sa ibang mga booth at sa rides.

Alas kuwatro dumating ang ate ko, kasama ng kaklase niya sa Assumption San Lo na si Virginia Talacad. Sinabihan ko kasi ang ate na bumisita sa campus fair saka hanapin ang booth namin. (Na isang oras nilang hinanap at hindi makita-kita.) Madali silang naaburido sa fishing booth, kayat niyaya ng ate si Virginia na tumingin-tingin sa Flower Power Booth, sa kabilang dulo ng grounds.

Alas kuwatro medya nagbalik si Virginia. Mag-isa.

"Ang ate?" usisa ko.

"Nasa jail booth," hagikhik ni Virginia. "Ji-nail ko siya for thirty minutes, me dala pa siyang one dozen paper roses!"

Umikot si Virginia sa kanto ng booth at naupo sa isang plastic chair sa siping ko. "I'll help you na lang here. How do you do this ba?" Binutingting ang nalalabing fishing rod, kinutingting ang mga pirasong goldfish na naka-paper clip at naka-cut-out sa art paper. "How funny naman your fishes, they're blue and white, there's no fishes naman this color, a."

"Siguro, Atenistang isda iyan," sagot ko.

"How much is this ba?"

"Five pesos bawat fish." 'Pinaliwanag ko kung paanong isususukbit ang kalawit ng fishing rod sa mga paper clip na nangakaipit sa bunganga ng mga isdang papel.

"A, I know na — then you look behind the fish for the number, then you get the prize with that one." Hinimay-himay ang mga isda, hinipu-hipo ang mga prize.

"Huwag ka' titingin. Madaya iyan. Tsaka do'n ka magfi-fishing sa labas ng booth."

"Never mind na lang, I'm so tamad." 'Binalik ang fishing rod. "How tagal naman your ate, it's so hot."

Namaypay ng kapirasong Kleenex.

Bumaling sa akin. Tumingin sa binti ko.

"I like the tela of your pants, what tela ba's this?"

'Pinatong ang kamay sa tuhod ko, unti-unting inakyat sa hita.

Kumislot si Valentin.

"Corduroy," sagot ko, at sinalubong ko ang tingin niya.

"How fine the ribbing, parang it's like velvet."

Bumukol si Valentin sa harap ng suot kong pantalon.

"How nice to touch, how lambut-lambot the feeling."

Sumikip ang suut-suot kong brief.

"How tigas already!"

Bigla akong humawak sa kamay niya, pero unti-unti niyang binaba ang siper. Dahan-dahan. Tuluy-tuloy. Stainless na tren sa stainless na riles sa ambok ng burol.

Pinutukan si Valentin.

'Pinasok ni Virginia ang kamay niya sa ibinukang entrada ng siper, at maingat niyang inangat ang garter ng brief ko. "How bad you are."

"Ikaw kasi, e," ungol ko.

Hinawakan niya si Valentin. "It's still tigas." Inilabas sa siwang ng brief. "How big it is pala." Dinikdik nang dinikdik, hanggang muling pinutukan.

Saka niya pinunasan si Valentin ng kapiraso niyang Kleenex, at nagpunas din siya ng kamay.

Pagkaraan ng kalahating oras, tinanong ng ate kung uuwi akong kasabay nila. Sabi ko, hindi na lang: baka kasi may dumating pang magfi-fishing.

4.

Noong mahabang bakasyon, niyaya ako nina Hero at Lover Boy na mag-enrol sa summer classes ng Philippine Combat Aikido, sa ikalawang palapag ng UNI Building.

Iba 't ibang tao ang nag-enrol sa course na iyon. May propesyonal, may office worker, may bata, may estudyanteng tulad namin.

Doon ko nakilala si Pet Lambis, na katatapos din ng high school sa S.T.C. Kaaapruba ng petition ng ina niya sa Illinois at kasalukuyan niyang tinatapos ang checklist para sa Immigration and Naturalization Service ng U.S. Embassy.

Tahimik si Pet, parang laging malungkot — siguro 'y hiwalay kasi ang magulang, siguro 'y senglot kasi ang ama, siguro 'y nag-asawa kasi ng puti ang ina, siguro 'y nasa drug rehabilitation center kasi ang kapatid niya. Bihira siyang makipagkuwento pero madalas siyang nakikinig at nakikitawa sa mga biro namin tuwing break time. Sabi nga niya, ang pinaka-enjoy sa summer course namin ay ang "palitan ng jokes." Lagi daw siyang "naglu-look forward sa classes" namin di dahil sa aikido lessons kundi dahil sa jokes.

Kay Pet ko natutuhan na hindi lang may Ricky Belmonte jokes at moron jokes at chicken jokes at parrot jokes at green jokes kundi blue jokes at black jokes at white jokes at iba 't iba pang kulay na jokes. Sa kaniya ko rin natutuhan na parang paghahandog ng regalo sa kapuwa

ang pagsasalaysay ng joke. 'Pag nagbahagi ka raw ng joke, para ka na rin daw nagbigay ng kendi, o ng laruan, o ng abubot. Malaking bagay raw kasi ang makapagpatawa o makapagpasaya o makapagpangiti man lamang ng tao nang dahil sa kahit pagkaliit-liit na joke. Tuloy, sa bahay pa lang, nag-iipon na kami ng jokes para sa klase namin kinabukasan.

May oras ding late dumating ang instructor namin na si Mr. Johnny Tatalan — parati raw natatrapik mula Taguig, pero laging joke nami 'y late na namang gumising pagkat napuyat sa kapapanay ng puto 't dinuguan. Kapag nale-late si Tatalan, ang ibang miyembro ng klase 'y nagsasanay na lang sa mga dilaw na mat, o kaya 'y paulit-ulit na nag-aayos ng uniform sa harap ng malalaking salamin, o kaya 'y nagpapalamig sa maliit na kantinang Lyd's. Kami naman nina Hero at Lover Boy, pumupuslit sa madilim at makitid na service stairwell, at doo 'y naninigarilyo nang patago ng L&M ni Hero o ng Pall Mall ni Lover Boy hanggang matunugan naming parating na si Tatalan Batalan (na naha-high-blood at nananabon kapag nakakakita ng isa sa aming nakasupalpal ng sigarilyo sa bibig, nakasindi man yaon o hindi).

Lagi kaming sinusundan ni Pet sa service stairwell.

Pagkat maalingawngaw doon at dinig ang bawat tunog mula sa lahat ng palapag, kadalasa 'y tahimik lang kaming nakatayo sa landing o nakasandal sa barandilya o nakaupo sa hagdan.

Pagkatapos naming manigarilyo nang patago 'y si Pet naman.

Hindi ng L&M. Hindi ng Pall Mall. Hindi rin ng Mary Jane.

Tatastasan niya kami ng white belt, at luluhuran sa harap, at bababaan ng pantalong katsa at brief, at saka niya kami ibo-blow — si Hero sa landing, si Lover Boy sa barandilya, ako sa hagdan. Tumitigil lang kami kapag may umaakyat o bumababa sa hagdan.

Kung minsan, sabay-sabay namin siyang titirahin — parang mga player na naka-huddle sa sulok ng court, sa pagitan ng game — ako at si Hero at si Lover Boy na kapit-bisig, si Pet na nakaluhod sa gitna namin.

Paborito ni Pet si Valentin. Lalanghap-langhapin muna niya si Valentin at hahalik-halikan. Susupsupin muna sa bandang ilalim (joke: penoy-balot), papasadahan ng dila mula ibaba hanggang itaas (joke: harmonika), si-sipsipan ang ulo (joke: baby bottle).

Nang umalis na si Pet papuntang Illi-nois, ang joke namin sa kaniya, si Petra Labandera.

5.

Bandang katapusan ng Mayo, bago magsimula ang registration sa kolehiyo, nagkaisa kami nina Lover Boy at Tiger na sumapi sa underground frat ng Business and Commerce na pinangalanang Nu Iota Tau Upsilon. Dinaos ang initiation namin sa likod ng isang abandonadong bahay sa Binangonan.

Tatlong gradong hazing ang maaaring daanan ng bawat recruit: ang di makapasa sa gradong babuyan ay idaraan sa gradong bastusan; ang di makapasa sa gradong bastusan ay idaraan sa gradong bugbugan.

Ang balita namin, marami ang nakakapasa sa unang grado pa lang, kayat naatat kaming sumapi.

Sampu kaming recruit na piniringan sa loob ng mga sasakyang may tinted glass, papunta sa hazing site. Pagdating namin sa likod ng bahay, may dalawampung upperclassmen na nag-aabang na doon. Hinubaran kami 't pinasisid sa putikan, at pinaliguan ng laman ng septic tank, at pinainom ng ihi. Nagawa ko lahat maliban sa huli, na di rin masikmura nina Lover Boy at Tiger. Sa aming sampu, apat lang ang pumasa sa gradong babuyan, na piniringang muli 't hinatid sa isang sasakyan; anim kaming naiwan at ipadaraan sa gradong bastusan.

Pinosasan sa likod ang mga kamay namin, pagkatapos ay pinagparis-paris kaming anim at pinagtalian ng ari. Habang nangakatali

kaming gayon ay pinag-tug-of-war kami sa magkabila ng isang mahabang guhit sa baldosa. Two-out-of-three at saka challenge-the-winner ang naging patakaran; ang mga nalagas ay hinataw sa puwit ng balat na sinturon. Nagwagi sa bawat round si Valentin, kayat matapos ang pinakahuling round ay laspag siya sa mga galos ng taling abaka.

Pinaupo kami sa mababababang stool at binigyan ng tig-isang basket na puno ng itlog ng manok. Inorasan kami ng limang minuto sa chess timer — sa loob niyao 'y isa-isa naming hahampasan ng ari namin ang mga itlog. Dalawang dosenang itlog ang nabasag ni Valentin nang tumunog ang chess timer. Sampu ang nabasag ni Lover Boy; siyam kay Tiger; tig-aapat at tigatlo sa tatlo naming kasama. Lima silang hinataw uli sa puwit ng balat na sinturon, pagkat si Valentin na naman ang panalo.

Pinatayo kaming nangakahanay sa dingding, at sinigawan ng hazing master na si Ulysses Durutdurut sa boses niyang kulog-kidlat, "Awright, milk your cow!"

Pasigaw pa lang si Durutdurut ay namayagpag na si Valentin. Hindi pa man nagsasara ang bunganga ni Durutdurut ay nagpatalipon na siya ng Shu-Milk sa sahig. Matapos ang labinlimang minuto, nagpatilapon ang recruit sa kaliwa ko. Matapos ang dalawampung minuto, nagpatilapon ang recruit sa kanan ko. Lumipas ang isang oras. Patuloy na nagbayo si Lover Boy at si Tiger at ang isa pa naming

kasama — ng dalawang kamay, ng isang kamay, ng kaliwang kamay, ng kanang kamay, ng limang daliri, ng apat na daliri, ng tatlong daliri, ng dalawang daliri, ng isang daliri. Pumikit sila at nilabasan ng litid at pinagpawisan, pero di sila tigas-tigasan.

Siyempre, ang grand prize winner, si Valentin. Tatlo kaming pumasa sa gradong bastusan, na piniringang muli 't hinatid sa isa pang sasakyan.

Nang umuwi sina Lover Boy at Tiger noong gabing iyon, pareho silang bugbog-sarado.

6.

Kalagitnaan ng ikalawang semester sa sophomore year nang makilala ko si Sinta Quinaba, na junior cross-enrollee naman ng St. Paul. Mamula-mula siyang kayumanggi, parang laman ng hinog na sampalok. Mahaba 't maitim ang kaniyang buhok. Dyagan ang kaniyang katawan at binti, pero tulad ng iba 'y mahilig siyang magsuot ng pantalong kupas na maong kundi nakauniporменg puti at paldang checkered na black and white.

Magkatabi kasi ang classroom namin sa ground floor ng building. Nasa Financial Accounting ako ni Dr. Archie Macalele-Buntuc, at si Sinta nama 'y sa Principles of Advertising ng Mass Com majors. Tuwing break time, ang

mga estudyante sa klase ni Dr. Macalele-Buntuc ay naroon sa kabilang classroom sa halip na sa cafeteria.

Madalas maantala ang klase dahil sa pagdaos ng student council ng mga rally sa quadrangle, o ng mga convocation sa harap ng Faculty Building, o ng mga martsa sa labas ng campus. Aktibista si Sinta; features writer siya ng kanilang school organ; tuwing Linggo ng umaga 'y tumutugtog siya ng organ sa chapel ng isang indigent community sa Barangay Doña Juana; pangarap niya noon ang mag-Bio o Pre-Med at mag-specialize sa organ diseases; naging topnotcher siya sa Organic Chemistry sa St. Paul; pero pinakapaborito niyang organ ay si Valentin. Tuwing masu-suspend ang klase at ang fence-sitters ay magsisitakbo sa Cubao o magsisibabad sa library at ang mga leftist naman ay magsi-sibuklod at magsisisigaw ng "Ibagsak!", yayayain ako ni Sinta sa C.R. o kaya 'y sa utility room ng janitor o kaya 'y sa likod ng kusina ng cafeteria.

"Pa'no na iyong rally mo?" itatanong ko. O, "Pa'no na iyong convocation mo?" O, "Pa'no na iyong martsa mo?"

Lagi niyang 'sinasagot, "Tsaka na ibagsak ang mga iyan. Ibagsak mo muna 'ng pantalon mo."

Noong unang makita ni Sinta si Valentin, ang una niyang napansin, "Ay, rightist ka pala."

"Ayaw mo ba sa rightist?"

"'Bayaan mo — ako 'ng magbe-brain-wash diyan."

Nagbagsak din siya ng pantalong maong, at agad-agad niyang isinuksok si Valentin sa loob ng pekpek niya, at nagsayaw siya ng Frugg nang pagiling-giling.

Iyon ang unang pagtikim ng pekpek ni Valentin.

"Ang sarap," sabi ko.

Mainit. Madulas. Malambot. Mamasa-masa. Tamang-tama lang ang sukat. Parang daliri sa singsing. Parang paa sa medyas. Parang plug sa socket. Parang ahas sa lungga. Parang caveman sa kuweba. Parang sword sa scabbard. Parang round peg in a round hole. Parang bangkay sa libingan.

"'Sarap," sang-ayon ni Valentin.

7.

Mula noon ay hanap-hanap ni Valentin si Sinta. Ayaw na niya sa *Hustler* at sa pelikulang FF at sa solo flight. Ang gusto niya 'y makisayaw ng Frugg bago magtungo sa demo. At samantalang nagaganap ang demo. At pagkatapos ng demo.

Di na ako pinatahimik ni Valentin mula noon. Nang mag-drop out si Sinta at makipagtanan sa isang kapuwa niya aktibista (sinabi na nga ba 't ayaw niya sa rightist), dali-dali niya

akong pinahanap ng iba. Kayat sumunod si Sugar Dinalan. At si Lovely Mamaligua. At si Pearl Papabusbus.

Kinakalabit ako ni Valentin tuwing may babae akong kausap, o kasalubong sa koridor, o makitang nagdaraan lang. "Tingnan mong mabuti," laging bulong niya. "'Pag nakita mo 'ng mukha, para mo na ring nakita 'ng pekpek."

"Ano ka, sex maniac?" pagsupil ko.

"Kung sex maniac ako," panganga-tuwiran niya, "ikaw rin, sex maniac."

Madalas ko tuloy isipin na magpalagay ng classified ad sa pahayagan:

WANTED SEX PARTNER
FOR PENIS, SINGLE, 6.75"
WET AND WILD
FOR INQUIRIES, CALL VALENTIN

Nakakapagod kasi ang pambihira niyang lakas at uhaw at gutom. Nakakapagod ang kaniyang mga pakiusap at utos at luho at bisyo. Nakakapagod maging kaisplit ni Valentin.

Minsa 'y nasinghalan ko siya, "Kun' 'di mo 'ko tigilan, 'papuputol kita riyan!"

"Masakit iyon!" banta niya, at ngingisi-ngisi lang. "Ikaw rin . . . "

Naku, Valentin.

Para akong nakahuli ng pusit na naging It Conquered The World. Para akong ngumuya ng tsiklet na naging The Blob. Para akong nag-alaga ng butiking naging Godzilla. Para akong nagpalaki ng matsing na naging King Kong. Para akong nagdilig ng taga-ibang planetang halaman sa Little Shop of Horrors.

Paano siyang maaaring supilin: deep freeze? electric shock? artillery bombardment? nuclear blast?

Magtago na kayong lahat — si Valentin ang siyang maghahari sa mundo!

1993 at 1994

KATALO

Sabado na naman, alas nuwebe ng umaga — oras ng pakain at palit ng tubig ng mga lovebird sa patio. Bumukas ang pinto ng Apartment 85-A, at taas-noong lumabas si Purita Cordero, nakabalot ng net ang mamuti-muting buhok, nakasalaming doble-bista na may goldplated chain, nakasuot ng muu-muu na lila at may bold prints na daffodils.

Matandang dalaga si Purita, retiradong piano teacher, magilas na miyembro ng Ways and Means Committee ng C.W.L., at kupkop ng apat na pamangking nagsisipasok sa DILG at sa PICC at sa MMTA at sa UCPB. Maliban tuwing Linggo, ang kasama niya sa apartment ay ang katulong na si Blanca. Gayunpaman, mayroon siyang mumunting mga ligaya: ang makipag-huntahan sa mga pamangkin hinggil sa kani-kanilang buhay tuwing Linggo; ang dumalo sa weekly meeting ng C.W.L. sa parish church tuwing Lunes; ang maggantsilyo ng coasters at placemats para sa taunang Christmas Bazaar ng baranggay tuwing Martes; ang manood ng *Home Along Da Riles* tuwing Miyerkoles; ang tumugtog ng "Love and Devotion" at ng "Remember Me" sa kaniyang lumang Weinstein

tuwing Huwebes; ang magbigay ng English lessons kay Blanca tuwing Biyernes; at ang mag-asikaso sa apat na lovebird na dilaw at bughaw at luntian sa puti nilang hawla tuwing Sabado — tulad ngayon, pagkat Sabado na naman, at alas nuwebe ng umaga.

Pumalatak si Purita. Sangkatutak pa rin ang pakpak at balahibo sa sahig ng hawla — parang himulmol ng estambreng iba 't ibang kulay. Batid niya na ang pagkalagas ng balahibo ng hayup ay may takdang panahon. At ang mga hayup, kung minsan, ay nag-aaway. At kung may matinding sakit ay nagpapakamatay. Ngunit sangkatutak na pakpak at balahibo, na kung tinipon sa loob ng sambuwan ay makapag-sisilbing filling ng mapintog na pin cushion?

Muli siyang napaisip. Kung araw ay tila masaya naman ang lovebirds: nagsisiyapan, nagsisiksikan, nagtutukaan, nagsusuklayan ng pakpak at balahibo sa katawan kundi nangag-sisiidlip sa mga tuntungan. Kung gabi naman ay ipinapasok ni Blanca ang hawla sa sala, kayat di masasabing nabubulabog sila ng pusa, o kaya ng dagang-kanal. Ni walang katibayan na may gulong nagaganap sa loob ng hawlang iyon: maayos ang pagkakasabit ng bahay-bahayang playwud, at ang pagkakabitin ng mga plastic na swing, at ang pagkakasukbit ng mga sisidlan ng birdseed at inumin, at ang pagkakapuwesto ng marikit na birdbath at mabilog na salamin at laruang hagdan.

Umiling si Purita. Sinipat ang ulo at dibdib at buntot ng bawat lovebird. Wala namang sugat. Wala namang kagat. Wala namang lamog. Wala namang pantal.

At anaki 'y upang tuyain lamang siya, ang apat na hayup ay sabay-sabay na inihit ng desintunadong pagsisiyap.

Napakamahiwaga nitong mga lovebird, buntunghininga sa sarili ni Purita.

Matapos niyang isara ang malilinggit na bintana ng hawla 'y napalingon siya sa common court ng sampung apartment, na ang ground plan ay hugis-U, pagkat biglang nagdaan ang isang jacket na electric yellow, mula kalsada patungong Apartment G.

May bridge session na naman kina Tex Recio, ngiti sa sarili ni Purita. Pagkat likas na usisera, lumapit siya sa gilid ng patio upang panoorin ang pagpindot sa doorbell ni Vino Garcia, na bukod sa jacket na electric yellow ay nakasuot ng sunglasses na Ray-Ban na may lenteng olive green.

Kakisig naman ni Mister Garcia, puna sa sarili ni Purita. Tall, dark and handsome. Parang si Michael Jordan. Laging maagang dumating para sa bridge session kina Tex. Kung alam lamang niya na lagi ko siyang napapansin . . .

Bumukas ang pinto ng Apartment G, at sumungaw si Tex Recio.

. . . Pero mas makisig si Tex, kilig na dagdag sa sarili ni Purita.

Tumuloy si Vino Garcia. Muling nagsara ang pinto ng Apartment G.

Naupo si Purita sa pasemanong pebble washout at sandali niyang pinagmuni-munihan si Tex — ang kapitbahay nilang single, eligible at available. Pero sayang, palatak niya sa sarili: beinte-kuwatro anyos lamang si Tex samantalang siya 'y singkuwentay dos na; junior instructor sa isang Department of English samantalang siya 'y retiradong piano teacher; makabago samantalang siya 'y — young once. Nostalgic. May antique value. Patina of age and patina of Clairol. Always a bridesmaid, never a bride. Wallflower. O.M. Nasa last trip na ng Tutuban — hindi, kahit ang last trip na iyon ay hindi niya naabutan.

Sayang, pagkat kung bata lang siya 'y si Tex Recio ang tipo ng lalaking kaniyang pupusuan. Maestro. Disente. Areglado ang bahay. Malinis magdamit — laging naka-trubenized shirt and tie, at laging may bitbit na attache case na makinang at parang platinum.

'Di bale, bungisngis sa sarili ni Purita. Kahit sa imagination na lang.

Tumawid at pumarada ngayon sa gilid ng court ang abuhing Mitsubishi Colt — ni Mister Nilo Virtucio, pangiting tango sa sarili ni Purita. Laging on the dot. At laging muy simpatico. Mahusay magdala ng tank top, palibhasa matipuno ang katawan.

Dalawang lalaki ang umawas sa Mitsubishi Colt, kayat nagtaas pa ng antenna si Purita.

May kasamang binata si Mister Virtucio. Bagong bridge member kaya?

Naka-tank top din. At may hitsura rin.

Muling bumukas ang pinto ng Apartment G, at pinatuloy ni Tex ang dalawang bagong dating.

* * * *

Sa loob ng Apartment G, handa na ang bridge table at apat na silya sa gitna ng sala.

"Tex, Mon, Mon, Tex," pakilala ni Nilo sa may-pintuan. "Iyon naman si Vino."

"Hi," kaway ni Vino, na nakaupo na sa bridge table at kumukukot ng Planters Pretzel Twists.

Sinara ni Tex ang pinto, at 'binaba ang Roman shades.

"Pretzel Twists? Cheez Balls? Ritz Bits? Drinks?" alok ni Vino.

"Sige lang," tanggi nina Nilo at Mon.

Nagsalang si Tex ng compact disc. "Music for Zen Meditation." Binasa nang malakas ang nakasulat sa disc case: "Tony Scott,

Shinichi Yuizi and Hozan Yamamoto sketch stark improvisations on clarinet, koto and shakuhachi. Any objections?"

Nagkibit-balikat sina Nilo at Mon.

"'Kala ko ba, Hildegard?" sundot ni Vino.

"Nakakasawa na kasi, iba naman," sagot ni Tex. Nagsimula ang unang piyesa sa compact disc. "'Umpisa na tayo." At nilakasan nang bahagya ang volume ng player.

Naupo silang apat sa paligid ng bridge table, na pinatungan sa gitna ng makulay na Gameboard na Pretty Pretty Princess: mabilog na kartong may quadrants na kulay-rose-quartz, -turquoise, -amethyst at -topaz; sa palibot ay may spaces na tinitikang "Ring", "Bracelet", "Earring" at "Necklace", tigalawang spaces na "Take Any Piece" at "Put One Back", pinakamimithing spaces na "Crown" at kasuklam-suklam na spaces na "Black Ring"; at sa gitna 'y bilugang Jewelry Box na naglalaman ng apat na singsing, apat na pulseras, apat na paris na hikaw at apat na kuwintas, isang koronang tadtad ng mga rhinestone at isang singsing na itim. Ang baligtarang takip ng Jewelry Box ay may salamin sa ibabaw, at sa ilalim ay Spinner na pinaiikutan ng bilang.

Nagtanggal ng jacket si Vino — sa ilalim niyao 'y nakasuot siya ng sando na Fuchsia at pinalamutian ng crown sequins at bugle beads.

Naghubad ng sports shirt si Nilo, at nagpalit ng tube blouse na red-orange at tahi sa chiffon na masinsin ang shirring.

Nagbukas ng clutch bag si Mon; naglabas ng Italian scarf na mauve at may dibuhong rosettes; ibinalabal yaon sa kaniyang liig at kaliwang balikat.

Si Tex naman ay nagsuot ng mobcap at apron na may purple polka dots at ruffles na lime green.

"Ladies," pasimula ni Tex, "allow me to explain the rules of the game for the benefit of our new player." Bumaling siya kay Mon. "Is it — Mon?"

"Cinnamon Apple," tugon ni Mon.

At nagtawagan na sila ng kani-kaniyang pangalan: Cinna(mon Ap)ple kay Mon Apostol, Di(vine Grace) kay Divino Garcia, Ho(ney Lo)ve kay Nilo Virtucio at P(recio)us kay Tex Recio.

"Pipili tayo ng tig-isang kulay, Cinnamon Apple — first choice to the new player."

"Pink, of course," sundot-ng-baba-sa-himpapawid ni Cinnamon Apple.

"And I'll take Blue, dahling," angkin ni Divine Grace, "as in Blue Fairy, Blue Star, Blue Hawaii and Blue Lagoon."

"Yellow for me," ang kay Honey Love. "For tiger's eyes. For American roses. For the Yellow Brick Road —"

"— And for Mello Yello," patapos ni Divine Grace, at inirapan siya ni Honey Love.

"Leaving me with Lavender, because hostess takes last," dugtong-na-paliwanag ni Precious. "Mabuti na lang, naka-lime-green ako.

Nagsipatong sila ng tig-isang pamato sa Gameboard.

"Iikutin natin ang Spinner," patuloy ni Precious. "Iyong number sa arrow ang number of spaces around the board.

"'Pag nahulog ka sa 'Ring', 'Bracelet', 'Necklace', 'Earring' or 'Take Any Piece', 'susuot ka ng alahas na kukunin mo sa Jewelry Box.

"Ang object ng game, makabuo ka ng set.

"Unfortunately, 'pag nahulog ka sa 'Put Back One Piece', magsasauli ka ng alahas sa Jewelry Box.

"Unfortunately rin, 'pag nahulog ka sa 'Black Ring', isusuot mo iyong Black Ring."

"Iyon ang awful, awful, awful Ring!" ngawa ni Honey Love. "Ang Ring Ng Katsapteran! 'Ibig no'n' sabihin, homophobic ka!"

"And the beautiful girl who completes her set of jewelry — plus the Crown — becomes the Pretty Pretty Princess of the day," pangwakas ni Precious.

"Any questions?"

"Game!" kanta ni Divine Grace (operatic).

"Game!" awit ni Honey Love (falsetto).

"Game!" siyap ni Cinnamon Apple (vocalization). At una siyang nagpaikot ng Spinner.

"Four!"

"One, two, three, four — Earring!"

Nagpalakpakan silang apat.

"Isang tenga lang muna," paalaala ni Divine Grace.

"Kaliwa o kanan?" taas-ng-kilay ni Cinnamon Apple.

"Kahit na saan — tutal, pakawala ka naman," sundot ni Honey Love.

"Kung pakawala ako," sukli ni Cinnamon Apple, "ikaw naman ang kaplugin."

"Kung kaplugin ako," pananggalang ni Honey Love, "ikaw naman ang kaladkarin."

"Kung kaladkarin ako, ikaw naman ang burikak."

"One, two, three — Necklace!" tira ni Precious. At kay Honey Love, samantalang nagsusuot ng lilang Necklace, "Kung burikak si Cinnamon Apple, ikaw ang doble burikak. 'Di ba ikaw ang terror ng mga weyter ng Chow King?"

"At ikaw," irap ni Honey Love kay Precious, "ang triple burikak. Ikaw ang terror ng FDS ng Shakey's, ng mga security guard ng Fairmart, ng mga kargador ng Rustan's Superstore."

"At ikaw, ng mga magdiya-diyaryo-bote sa J.P. Rizal."

"One, two — Take Any Piece: I'll take a Bracelet," tira ni Divine Grace.

"One, two, three — Bracelet din," sunod naman ni Honey Love.

"What's this about J.P. Rizal?" simangot ni Divine Grace. "Huwag nga kayo' mandamay ng national hero sa kabaklaan."

"Kalsada iyon, tonta!" hagis ni Precious.

"Doble tonta!" pitik ni Divine Grace.

"Triple tonta!"

"Kuwadruple tonta!"

"Multi-tonta!"

"Mega-tonta!"

"One — Ring," tira ni Precious, at nagsuot siya ng asul na singsing.

"My turn," muling pasok ni Cinnamon Apple, at sumambot siya ng ikalawa niyang rosas na Earring.

"Ang swangit mo talaga 'pag naka-earrings, mukha kang Chinese lantern," pintas ni Honey Love.

"Ikaw, mukhang pagoda!" patalsik ni Cinnamon Apple.

"Ikaw, mukhang chopsticks!"

"Ikaw, mukhang Tiger Balm!"

"Ikaw, mukhang Bor-Her-Ding!"

"Magtigil nga kayo," pakli ni Precious. "Pareho kayong mukhang tindahan sa Ongpin."

"'Ayan ka na naman," tumbok ni Divine Grace.

"Bakit — national hero ba si Ongpin?"

"Magtanong ka sa kapuwa mo Intsik na tulo-laway!"

"At ikaw, Muslim na dumudura!"

"At ikaw, Kastilang traydor!"

"At ikaw, Bumbay na usurero!"

"At ikaw, Bisayang pasikat!"

"At ikaw, Ilokanong kuripot!"

"At ikaw, asuwang na taga-Capiz!"

"At ikaw, taga-Davao na amoy-durian!"

"At ikaw, Kapampangang tamad!"

"At ikaw, Awstralyanong malibog!"

"At ikaw, Amerikanong imperyalista!"

"You proletarian faggot!" matunog na pasok ni Honey Love. "Alam ko, masyadong ethnic iyang mukha mo, pero ang nakakasuka sa lahat, nationalistic na bakla!"

"Nagmala-malinis ka pa," tusok naman ni Cinnamon Apple kay Honey Love. "Palib'asa ikaw ang unang baklang naging born-again, 'tapos, naging buwang-again."

"Kesa ba sa 'yo, na Katolikong corrupt!" lagablab ni Honey Love.

"Kesa ba sa 'yo, na Protestanteng ignorante!"

"Kesa ba sa 'yo, na Iglesyang Komunista!"

"Kesa ba sa 'yo, na Mormong ipokrita!"

"Kesa ba sa 'yo, na Sabadistang iskuwater!"

"Kesa ba sa 'yo, na Aglipayang gaya-gaya!"

"Kesa ba sa 'yo, na Baptist na prubinsiyana!"

"Kesa ba sa 'yo, na 'di makatapus-tapos ng obra maestra mong survey of gay literature. Kasi, ang literature na sina-survey mo, malalagkit na back issues ng *Honcho*, *Mandate*

at *Advocate Men*! Sa lahat ng katawa-tawa, literary critic na bakla! Critique ka nang critique, pero and sarili mong pagkatao hindi mo ma-critique!"

"At least, ako, nakapunta na sa Mardi Gras — 'di 'tulad mong hanggang Ati-Atihan lang!"

"Ay, naku, Honey Love," turok ni Precious, "everybody knows, kaya ka lang nakaka-travel, kasi, Reyna ka ng Riles! Wala kang perang pambayad ng hotel, kaya patulug-tulog ka lang sa mga tren!"

"Nagsalita ang intellectual na bakla," ganti ni Honey Love.

"'Inggit ka lang."

"Ikaw ang 'inggit. Sinusumpa ko ang kakiki-kikian mo!"

"Sinusumpa ko ang vagina mo!"

"Sinusumpa ko ang labia majora mo!"

"Sinusumpa ko ang labia minora mo!"

"Sinusumpa ko ang clitoris mo!"

"Sinusumpa ko ang vaginal canal mo!"

"Sinusumpa ko ang cervix mo!"

"Sinusumpa ko ang uterus mo!"

"Sinusumpa ko ang placenta mo!"

"Sinusumpa ko ang amniotic fluid mo!"

"Sinusumpa ko ang Fallopian tubes mo!"

"Sinusumpa ko ang ovaries mo!"

"Sinusumpa ko ang hymen mo!"

"Thank you — kasi ikaw, wala ka nang hymen!"

"You brokenwristed cocksucker! Ang galing mo' makipag-away, porke lagi ka' inaaway ng mga co-faculty member mo sa Department of English! Hindi ka nawawalan ng practice — kaya 'di ka masipa-sipa ng chairman, kahit panay ang reklamo ng mga magulang ng estudyante mo! Sa lahat ng nakakasuka, me doctorate na bakla!"

"So what?" urirat ni Cinnamon Apple. "Kung iyon ba ang gusto niya."

"Isa ka pa!"

"Ikaw, dalawa — kasi, 'split-personality ka. Magka-mental breakdown ka sana!"

"Magkaro'n ka sana ng V.D.!"

"Magkaro'n ka sana ng syphilis!"

"Magkaro'n ka sana ng gonorrhea!"

"Magkaro'n ka sana ng Vietnam Rose!"

"Magkaro'n ka sana ng herpes!"

"Mamatay ka sana ng AIDS!"

"You degenerate bitch, ikaw ang mamamatay ng AIDS! Ikaw ang bella ng bayan, ang mananayaw ng kabaret, ang masahista ng sauna, ang hostess ng night club, ang prostitute ng casa, ang pick-up girl ng kanto, ang entertainer ng beer garden, ang dama de noche ng sementeryo!"

"How titillating!"

"Hindi ba, kagabi lang, panay ang iyak mo sa 'kin sa phone, kasi bukod sa kinu-kuwartahan ka ng asawa mo, binugbog ka pa sa Boracay?"

"Excuse me — kahit ano 'ng sabihin mo, ako lang dito ang me special something na walang-wala kayo: I am in love!"

"Sa isang lalaki," diin ni Honey Love, "na hindi ma-in-love-in-love sa isang bakla."

"Excuse me 'uli — me naka-time deposit ako na pang-transsexual operation sa 'kin in the future! And then I'll be a Woman! And then he'll be free to marry me!"

"Tarantada! 'Kala mo ba, 'pag nangyari iyon, babae ka na? Hindi ka babae, kun' 'di baklang nagpa-operation. Ano 'ng tawag do'n? Di bakla pa rin!"

"One, two, three, four."

"One, two, three."

"One."

"One, two," tira ni Honey Love. "Oh, no — Black Ring!"

Nagtilian ang apat.

"'Buti nga!" gitgit ni Divine Grace, na may suut-suot nang asul na singsing, pulseras at dalawang hikaw.

"Belat!" kumpas ni Precious, na may suut-suot nang lilang pulseras, kuwintas at dalawang hikaw.

"Mutya Ng Katsapteran!" malutong na bati ni Cinnamon Apple, na may suut-suot nang rosas na singsing, pulseras, kuwintas at dalawang hikaw.

Tumira si Cinnamon Apple.

"Crown!"

Sabay-sabay na umirit ang lahat.

"I win!" lagapak ni Cinnamon Apple. "I win! I win!"

"Tse!"

"'Tsura!"

"Lang!"

Manginig-nginig ang mga daliring ipinatong ni Cinnamon Apple ang korona sa kaniyang ulo. Galak na galak siya at maluha-luha. "S'abi na nga ba 't magwawagi ang true love!"

Yumukod si Precious. "Now look into the mirror and see the Pretty Pretty Princess looking back at you."

"Your scepter, your Royal Highness," yukod ni Divine Grace, sabay-hablot ng tapered candle sa kandelerong tingga.

"Your cape, your Royal Highness," yukod din ni Honey Love (nagngingitngit), sabay-buhol ng beach towel sa palibot ng liig ni Cinnamon Apple.

(Napatikhim si Cinnamon Apple. "Nilo, mahigpit."

"Ay, sorry.")

"The Pretty Pretty Princess may now claim her Prize!" anunsiyo ni Precious.

At nagsiluhod sina Precious, Divine Grace at Honey Love samantalang marahang pinanhik ni Cinnamon Apple ang kahoy na hagdan tungo sa ikalawang palapag ng apartment.

. . . Sa loob ng small bedroom, hubad na 't nagsisigarilyo ang call boy, at inip na inip na sa kahihintay.

"Bilisan mo lang, pare," pakiusap ng call boy. "Me iba pa 'kong pupuntahan."

At agad-agad siyang humilata sa hihigan.

* * * *

Naglabas si Purita ng abanikong anahaw na pintadong blue-green, may burdang straw na yellow-orange at beadwork na plastik na red-orange, at pinalibutan sa gilid ng pakpak ng manok na blue-violet at ric-rac na yellow-green. Mahinhin siyang namaypay at nakinig sa malakas, naiiba at pakala-kalabit-sa-isip na tugtuging nagmumula sa Apartment G. Kaylayo sa musical structure ng "Love and Devotion". Kaylayo sa melodic pattern ng "Remember Me". At walang refrain!

Nang magsawa siya sa pakikinig at labis na naalinsanganan, lumapit siyang muli sa hawla at sinipat nang isa pang beses ang mga hayup doon.

Napakamahiwaga nitong mga lovebird, buntunghininga sa sarili ni Purita.

1994

Third Trip

BALANI*

Kabilang si Adonis Casas sa Tuesday Group ng *That's Entertainment.* Katorse siya nang dalhin sa GMA-7 ng manager na si Reuel Torre at ipa-audition kay Kuya Germs; ang pinayo ng impresaryo 'y i-enrol muna ang bata sa summer program ng Actors Workshop Foundation. Noong Hulyo ng sumunod na taon, pinakilala sa mga manonood ang pinakabagong miyembro ng *That's*: Adonis Casas, kinse anyos, tubong Davao, tatlong ulit naging champion sa singing competition ng high school department ng Philippine Women's University.

Madaling nabansagan si Adonis ng palayaw na Baby Face. Sa edad niyang iyon ay di pa lumalabnaw ang kawalang-malay sa ningning ng kaniyang mata, kutis ay simpino ng leche flan at di pa pinagagaspang ng pakikipaglaban sa mga munting digmaang-buhay, katawan ay pahakbang pa lamang mula paggiging baguntao tungo sa paggiging ganap na lalaki. Buhok niya 'y malambot at maalon, at alinsunod sa nilikhang image ni Reuel ay pinabayaang humabang hanggang-batok. Ang mga labi niya 'y parang laman ng hinog na suha,

---

**Ang mga bahaging Sebuwano ay kinatha sa tulong ni Marilee Joy M. Pasandalan.*

ngiti 'y ubod ng liwanag — kapag ngumiti si Adonis, sumisikat ang araw sa kaninumang makulimlim na langit, kayat pinagkaguluhan siya ng mga bata, at dumami ang kaniyang tagahanga.

Pagkat masipag na manager si Reuel (oo 't hawak din niya ang recording artist na si Halina at ang dramatic starlet na si Gemma Villa), di niya pinaubayang manatili sa larangan ng T.V. entertainment si Adonis. Una 'y dumagsa ang fan mail ng bata, kayat napagbuksan niya ng pitak na "All About Adonis" sa pinagsosyohan niyang magasing *Showbiz Express*. Ikalawa 'y panatag ang loob niya na bata 'y may likas na talent at di kailangang i-package sa kung anu-anong pamamaraan. Ikatlo, at maaaring pinakamahalaga sa kaniya, ang ina ng bata na si Corazon Castillo (na dating stage actress at miyembro ng Sining Kambayoka sa Mindanao) ay malayo niyang kamag-anak, at si Adonis ay inaanak niya sa binyag. Nang ang ama ng bata 'y malugi sa pangangalakal ng Royal Jelly at isang gabi 'y nagpasagasa sa tren ay naging madalas siyang takbuhan ni Corazon sa mga suliraning pinansiyal. Dahil sa mga iyan, isinabak ni Reuel si Adonis sa pagganap ng supporting roles sa mga pelikulang pambagets, sa paggiging isa sa mga piling guest performer sa mga outreach project sa mga kabayanan, at sa pagsali sa tryouts para sa stage musicals ng mga kilalang theater group.

Nagsimula ang karanasan sa teatro ni Adonis nang tanggapin siya sa isang musikal na pinamagatang *Ibong Adarna* ng Tanghalang Pilipino, ang residenteng kumpanya ng CCP. Matapos ang tatlong araw na deliberation,

pinagkaloob sa kaniya ng musical director ang paggiging principal player sa pangunahing papel na Don Juan. Nasiyahan si Reuel pagkat talos niya ang kakayahan ni Adonis, at alam niyang mamumukod-tangi ang bata sa kaniyang gagampanan. Higit sa lahat, si Adonis lamang ang taga-showbiz na naipasok sa cast, kayat tiyak na siya ang uusyusohin ng madla.

Nasa isang rehearsal ng *That's* si Adonis nang tumunog ang beeper ng kaniyang Easy Call Pager, at nabasa niya ang balita ng manager na katatanggap lamang sa kaniya sa musikal. YOU ARE DON JUAN CONGRATULATIONS R.

Sa halip na matuwa ay nakaramdam siya ng kaba. Para siyang nakalulon ng kapirasong tube ice na lumapag sa sahig ng kaniyang sikmura at di matunaw-tunaw, kayat unti-unting namanhid ang kaniyang mga kalamnan. Naging labis siyang tahimik sa sumunod na pag-eensayo ng kanilang dance number, na napuna at binati ng kaniyang mga kasamahan.

Takipsilim na 't sakay siya ng kotseng pahiram ni Tito Reuel nang isiwalat niya ang kaniyang pag-aalinlangan kay Mommy Azon, na nakaupo sa kaniyang siping.

"An' dami man k'uwento nina Cody, Mama. Iba man daw sa stage. Tuluy-tuloy ang performance, ba. Walang cut, walang retake. One mistake, bistado ka."

"Kaya mo iyan," pampanatag-loob ni Mommy Azon. Nagsalaysay siya kay Chiboy ng iba 't iba niyang naging karanasan sa Sining

Kambayoka, noong kaniyang kabataan. Tungkol sa stage presence. Tungkol sa projection. Tungkol sa register. Tungkol sa energy level. Tungkol sa tension. Tungkol sa audience rapport. Tungkol sa apogee.

Datapuwat naroon pa rin ang kapirasong tube ice sa sahig ng sikmura ng bata. Di matunaw-tunaw. Nangmamanhid.

Sumaglit si Reuel sa kanilang apartment sa Mahiyain Street noong gabing iyon. May dala siyang tatlong malalaking bilaong pansit Malabon at anim na supot na fried chicken, na nagkulang pa sa hapunan, pagkat bukod sa mag-ina at nakikipisang tatlong kamag-anak na taga-Leon Ma. Guerrero at dalawang kaibigang taga-San Rafael at dalawang katulong na taga-Matina, pitong fans ang biglaang dumalaw at nagpalipas ng gabi sa masayang kuwentuhan at biruan at paglalaro ng dama at kantahan at pagtugtog ng gitara.

Bago umuwi sa kaniyang townhouse sa Pasig ay nagbigay si Reuel ng maikling pep talk kay Adonis.

"Kaya mo iyan. Mabuting pang-build-up iyan. 'Di lahat ng artista, nagpe-perform sa stage. Dapat, iba ka sa kanila."

Hindi niya pinagtapat sa bata na asa pa niyang makatamo ito ng magagandang review sa pahayagan, upang mabigyang-kabuluhan ang kaniyang portfoliong naglalaman ng pulos mga press release at write-up pa lamang.

Hindi naisiwalat ni Adonis sa manager o kay Mommy Azon o kaninuman ang sarili niyang kinatatakutan: na baka sa sirkulong tanghalan ay maging mababa lamang ang turing sa kaniya, at laitin siya, at pagtawanan siya.

"Puro sophisticated ang makakasama mo riyan," ang naging panakot ni Angelique Arcadio, na taga-Tuesday group din at minsa 'y nag-tryout at di natanggap sa summer production ng *The Fantasticks* ng Repertory Philippines. "Ingglisan nang Ingglisan, basa nang basa tsaka panay ang punta sa States. Kailangan, marunong ka' makisama sa ganyan."

"Walang pera diyan, pagod lang," ang naging panakot naman ni Cody Taverna, na taga-Tuesday group din at madalas mapabarkada sa mga taga-Bulwagan.

Pagkat ang kaba 'y unti-unting naging pahapyaw na pagkabalisa, mababaw ang tulog ni Adonis noong gabing iyon. Mag-aalas dos na ng madaling-araw nang magpaalam ang pitong fans. Si Mommy Azon at ang dalawang katulong ay tulog na sa small bedroom sa itaas, ang tatlong kamag-anak sa sopa at mga pinagdikit na silya sa sala, at ang dalawang kaibigan sa mga inilatag na banig sa kumedor. Pipi na ang gitara at ang karaokeng parang itim na bagahe lamang sa isang sulok ng silid.

Pumanhik si Adonis sa hagdan, tahimik at lipad ang isip, at tumuloy sa big bedroom na tumatanaw sa kapirasong hardin. Iyon ang kuwartong sarili niya 't inayos ni Mommy Azon

para lamang sa kaniya. Sa apartment ay yaon lamang ang kuwartong naka-air-con, at nilapatan ng wallpaper, at ang sahig ay naka-carpet, at may standing shelves na pinagpatungan ng tatlo niyang tropeo at mga knick-knack na contemporary crafts at mga souvenir ng Davao at mga abubot na regalo ng fans. Mayroong dresser na tanguile, salaming nakakuwadro ng fiberglass at acrylic na torchiere na handog ng isang granatsang production designer ng *That's* noong nakaraang taon. Nangakasabit sa mga dingding ang iba 't ibang kuha sa mga pictorial niya, sampu ng mounted blow-up na minsa 'y ginamit na prop sa nilabasan niyang sitcom. Ang kama 'y king-size, at may apat na unan, at may fitted bedsheet at pundang satin.

"Isang araw," pangako ni Tito Reuel noong kasisimula pa lamang niya, "hindi ka na uupa diyan. Lilipat ka sa sarili mong bahay. Asikasuhin mo lang ang career mo. Magtrabaho ka."

Kayat di siya tumutol nang payuhan siya ng manager-ninong-tito-amain na sumali sa tryouts ng *Ibong Adarna*.

Nagpatawag ang Tanghalan ng unang production meeting, kayat muli niyang nakita, sa rehearsal hall ng CCP, ang musical director na si Rudolph Cuevas, isang dating concert cellist na nagkusang kumalas sa kampong classical music upang umakda ng mga popular na love song. Nilapitan siya nito 't pinakilala sa mga miyembro ng principal cast at ng alternate cast at ng koro.

Pinaliwanag ng stage director ang concept ng isasagawa nilang production, at nilinaw ng SM ang magiging masinsing rehearsal schedule. Sumunod ang picture-taking ng mga pangunahing tauhan, ang pagpapasukat sa mga wardrobe mistress at ang pakikibahagi ng lahat sa haing refreshments ng Aristocrat, na isa sa mga sponsor ng musikal.

Dinikitan siya ni Rudolph, at habang kumakain sila ng chicken honey ay kinumusta nito ang kasalukuyan niyang kalagayan sa *That's*.

"Mabuti naman po," tugon niya.

"Maiging pan-develop ng tagahanga iyan," ang dagdag ni Rudolph. "Pero huwag ka' magpapapako diyan."

"Kaya nga po pinasasali ako ni Tito Reuel sa stage."

Tumango si Rudolph. "'Pasok mo lang sa system mo ang discipline, Chiboy. 'A-attend ka ng rehearsal. Huwag ka' 'a-absent. Magawa mo lang iyan, ayos ka na.

"Malaking production 'to. Maraming plano.

"'Tu-two-hour T.V. special tayo. Lahat ng theme ng *Ibon*, ifi-feature do'n. Siyempre, si Don Juan ang bida." Bumaling siya kay Reuel. "Sa GTV iyon. Sana, payagan siya."

"Okey iyon," sagot lamang ni Reuel. "Walang problema iyon."

Nakaramdam si Adonis ng kilig. Isang T.V. special — kayang-kaya niyang gawin iyon. Ang hintayan. Ang puyatan. Ang lamayan. Ang mga take at retake at tuhog at cure at pag-favor sa kamera. Ang daigdig na minulatan niya, na malayo sa daigdig ng tanghalan.

Ngunit nang sakay na sila sa kotse at ungkatin niya sa manager ang proyekto ni Rudolph, ang sabi sa kaniya ni Reuel:

"'Ingat ka diyan. Me kursunada sa 'yo iyan."

Iyon lamang.

Datapuwat nayanig siya.

Patungong Mahiyain Street, binalangkas ni Reuel ang mangyayaring pagsasalit-salit ng ensayo para sa musikal at para sa *That's*. Datapuwat isang bahagi lamang ng isip ni Adonis ang nakikinig, pagkat may ibang tinig na nagtanong at nakipag-usap at paulit-ulit na umalingawngaw sa kaloob-looban niya.

"'Ingat ka diyan. Me kursunada sa 'yo iyan."

Babalang ibig niyang uriratin ng, "Bakit man, Tito? Pa'no mo' alam?"

Pagkat wala siyang nahalata sa anumang ikinilos o binanggit ni Rudolph Cuevas na makapagtitibay sa ganoong obserbasyon.

Ang totoo, malakas ang pandama ng sinumang tagahanga na unang nagbansag kay

Adonis ng Baby Face. Marahil ay pagkat maagang nasawi ang ama, at wala siyang kapatid na masasanggunian hinggil sa mga bagay-bagay, at ang dalawa o tatlong malalapit niyang kaibigan ay nasa Davao at matagal na niyang iniwan doon. Maging sa edad na kinse 'y wala pa siyang alam sa panliligaw, sa pag-ibig, sa pakikipag-ugnay sa kapuwa, babae man o lalaki, matanda man o bata. Oo 't sa mga rehearsal ng *That's* ay madalas siyang nakaririnig ng kuwento at birong kalaswaan sa kaniyang mga kasamahan, sa crew at maging sa mga P.A. at E.P. at T.D. at iba pang nasa production staff. Naulinig niya sa dressing room ang lumalaganap na balita tungkol kay Angelique, na masugid na inestehan ng isang congressman at ngayo 'y may mamahaling alahas at sariling sasakyan at tila nagpapatayo na ng Mediterranean bungalow sa Ayala Alabang. Nasagap niya sa canteen ang lumalaganap ding balita tungkol kay Cody, na "available" daw "if the price is right," na "natikman" na raw ng real estate developer na si X, ng milyonaryang matronang si Y at ng concert king na si Z, na kasalukuyan siyang secret lover ng isang movie producer na madalas niyang samahan sa Hong Kong at sa Bangkok at sa Singapore, at madalas din niyang puntahan, sakay-sakay ng bago niyang Ninja, sa paborito nilang tipanang beach house sa La Union.

Minsa 'y pinayuhan siya ni Cody: "'Pag me tama sa 'yo 'ng tao, pare, kuwartahan mo na ka'gad."

Datapuwat ibig naman niyang itanong, "Kelan iyon?"

Pagkat hindi niya masapul-sapol kung kailan ang isang tao 'y may tama sa kaniya. Ang mga fans kayang nagtitilian, at nakikipagtulakan sa isa 't isa upang makahingi ng litrato niya, at lumuluwas mula sa iba 't ibang bayan upang abutan si Tito Reuel at si Mommy Azon ng kahun-kahong bibingka at kaing-kaing na lansones at buslu-buslong alimango at hipon? Ang movie reporter kayang minsang nag-interview sa kaniya ay pilit nagtanong ng kung anu-anong mga bagay na ubod nang personal? Ang floor director kayang masyadong mapangalaga sa kaniya, na tuwing may taping ay laging naglalapit ng silyang mauupan niya, at tuwing umuulan ay pinapayungan siya? Ang mga tao kayang naglalakad sa kalsada? Ang sinuman kayang mapatingin sa kaniya?

Kailan kung ang tao' y may tama?

At paano bang nalalaman iyon? May kaibang tingin ba sa mata? May kaibang tinig? May kaibang posisyon ng katawan? May kaibang amoy?

Di pa siya nakipaghalikan at di pa siya nakipag-holding-hands kaninuman. Maliban kung kukuwentahin ang nangyaring tuksuhan noong siya 'y apat na taong gulang lamang, pagkat minsa 'y namitas siya ng bulaklak sa gloryeta upang ihandog sa anak ng kanilang kapitbahay na si Marcia Catedral. Maliban kung kukuwentahin din ang katawa-tawang pakitaan ng titi sa comfort room nilang magkakaklase sa

elementari, sa ikaapat na baytang. At maliban kung kukuwentahin pa ang nilikhang love team ni Tito Reuel at ni Kuya Germs para sa kaniya, bilang palagiang kapareha ni Janina Pensiones. Ngunit may tama ba sa kaniya si Janina, o nakikiayon lamang? Nagkukunwari? Nakikipaglaro?

Pagkat kung tutuusin, kapag walang nakatutok na kamera 'y mabuting kaibigan lamang ang turing sa kaniya ni Janina.

Nagtapat siya kay Cody: "Wala akong alam diyan."

"'San' tanga 't kalahati ka kasi, e," sukli naman ni Cody. "Gusto mo, inosente ka, pero 'ng totoo, naduduwag ka lang."

Nagkibit lamang siya ng balikat, ngunit di niya maamin sa sarili na siya 'y naduduwag lamang.

Hindi. Hindi siya naduduwag.

Bagamat di siya umiinom ng serbesa, pagkat para sa kaniya 'y mapait ang lasa niyon at hindi kasiya-siya. Bagamat di siya nagsi-sigarilyo, pagkat nababahuan siya sa usok, at talos niyang nakapagpapabaho rin yaon ng hininga. Bagamat nandidiri siya sa mga babaeng bayaran. Bagamat wala siyang makitang kaakit-akit sa mga babae at baklang nagpapaayos ng buhok sa parlor at makapal ang make-up at nangakagayak ng makikislap at kahali-halinang kasuotan.

Bagamat hilig pa rin niyang manood ng mga pelikulang Walt Disney at ng mga programang Shaider at Maskman at Machineman at X-Men. Bagamat mas gusto pa niyang magbasa ng makakapal na komiks na Archie at Casper kaysa magpuyat sa mga disko.

Bagamat lagi niyang naaalaala ang bitiw sa kaniya ni Mommy Azon sa maliit na memorial chapel noong huling gabi ng burol ng kaniyang ama: "Pagdako nimo, Chiboy, ayaw 'g minyo dayon. Hulata ang hustong babae para sa imoha. Kanang mapanggaon ug mahigugmaon sa imoha."

Naduduwag nga kaya siya?

Muling umalingawngaw sa isip niya ang sinabi ni Tito Reuel: "'Ingat ka diyan. Me kursunada sa 'yo iyan."

Tumigil ang sasakyan sa isang stop light, at nang mapasulyap siya kay Tito Reuel ay nakatingin ito sa kaniya at waring may hinihintay.

"Tito?" bulalas niyang tuliro, at pinamulahan siya.

"S'abi ko, umpisahan mo na' magmemorize. Para hindi ka mag-fumble. Para makita ng lahat, marunong ka rin' magdala."

"Yes, Tito," sa mahinang tinig, at aywan ba niya 't sa saliw ng pagkakapahiya.

Labis na ikinatuwa ni Adonis ang nangyaring pakikisama sa kaniya ng cast members ng *Ibon*, na malayo sa dinanas ni Angelique noong nakaraang tag-init. Palabati sila 't mapagkaibigan; higit sa lahat ay hindi siya tinuring na iba sa kanila.

Malaki rin ang naitulong ni Rudolph Cuevas sa kaniyang pag-a-adjust sa daigdig ng teatro. Palibhasa arranger din ng mga ballad ni Lindo Atelier, isang popular na mang-aawit na may sariling programang pinamagatang *Cielito Lindo*, naibahagi niya sa bata ang mahahalagang pagkakaiba ng pagganap sa telebisyon sa pagganap sa tanghalan. Bukod doon, naging kagiliw-giliw ang samahan ng cast at ng creative staff, pagkat tuwing matatapos ang ensayo 'y madalas silang kaladkarin ni Rudolph sa iba 't ibang kainan at tambayan ng mga taong makasining — at natural na kasa-kasama si Adonis sa mga lakad na iyon. Natutuhan ni Adonis ang makibabad sa Penguin Café & Gallery, at ang kumukot ng chapati, at ang magtaglay ng panlasa sa gazpacho Andaluz at anchovies at blue cheese dressing at pate de foie gras at Black Angus beef, at ang magmalas ng kagandahan sa paintings ni Charlie Co, at ang kumilala sa kaibang mga kulay na bistre at Payne's grey at teal at nile green at zinc white at titanium white, at ang makipagdiskusyunan tungkol sa mga lumang pelikula nina Luis Buñuel at Francois Truffaut.

Datapuwat lagi siyang sinasamahan ni Tito Reuel, o kung di ni Tito Reuel ay ni Mommy Azon, sa mga lakad na iyon. Si Tito Reuel na walang kahilig-hilig sa art at ang tawag sa postmodern movement ay Miami Vice at ang bawat pakikisalamuha 'y laging sa kawawaan ng business at racket at pagkakakitaan. Si Mommy Azon na walang ibang interes kundi ethnicity at cultural conservation at social consciousness drama at protest theater at mangilan-ngilang dula nina Maxim Gorky at Gerhart Hauptmann at Bertolt Brecht at Jean Genet.

Lagi siyang sinasamahan.

Upang alalayan? (Ngunit sa mga ensayo sa teatro 'y di siya paulit-ulit na nagbibihis at nagpapalagay ng make-up at nagpapabitbit ng bag.) Upang bantayan? (Ngunit kinse man siya 'y lalaki 't responsable, at ang mga miyembro ng Tanghalan ay di tulad niyang binabantayan ninuman.) Upang protektahan? (Ngunit sa mga lugar na kanilang pinupuntahan ay walang nagtitiliang fans.) Upang ipagtanggol? ("'Ingat ka diyan. Me kursunada sa 'yo iyan.") Upang depensahan? (Paulit-ulit man niyang obserbahan at pag-aralan ay wala siyang mahuli-huling kindat o makahulugang ngiti o malagkit na tingin kay Rudolph, o sa mga baklang dancer at miyembro ng koro, o sa kahit na sino.)

Isang mabuting kaibigan si Rudolph. Mabait, mapagbigay, mapagmalasakit, maalalahanin.

Ganoon lamang.

Maging ang taping ng *Awit Ng Adarna*, na ginawa nilang special para sa *Ibon*, ay naging isang masayang samahan lamang, bagamat oo 't iniangat siya ng musical director, tulad ng pinangako niya kay Tito Reuel. Gayunpaman, kahit minsan ay wala siyang narinig sa ibang cast member na pinalamang siya sa palabas na iyon, at binigyan ng star treatment, at ang special na *Awit Ng Adarna* ay pinamagatan na lamang sanang *Awit Ni Adonis*. ("Me commercial value si Adonis, makakahatak iyan ng audience sa theater.") Sa tulong ni Kuya Germs at ni Tito Reuel, nag-guest appearance si Rudolph at ang principal cast sa Tuesday edition ng *That's*, at sa mga noon-time show, at sa mga prime time show, at sa mga late night show. Ayon sa isang prodyuser ng GTV ay mataas ang rating ng special, kayat humingi ito ng pahintulot upang i-air nang muli "sa mas magandang time slot."

Sumapit ang matagumpay na opening night ng *Ibong Adarna*, na sinundan ng labing-isa pang matinee at evening performance sa Little Theater ng CCP. Nag-abot-taynga ang ngiti ni Reuel, pagkat ayon sa kritikong si Leonor Orosa-Goquinco, "Casas is a competent young actor; his performance as Don Juan is dynamic, multifaceted and powerful," at ayon sa writer na si Jessica Zafra ay isa siyang "enfant terrible bridging the gap between popular entertainment and art," at ayon naman sa columnist na si Mario Hernando 'y "the best thing that happened to Philippine theater this year." Napuno ang bookings ng musikal sa mga estudyanteng nagsidayo mula Pampanga at

Cavite at Antipolo at Laguna. At tuwing curtain call, kapag tumatawid na ng entablado si Adonis upang yumukod sa mga manonood, ang mga dingding at kisame ng house ay nayayanig sa malakas na palakpakan at matinding hiyawan ng lahat.

Tulad ng panakot ni Cody, ang teatro 'y "walang pera diyan, pagod lang." Datapuwat tinamasa niya ang masarap na pakiramdam samantalang nasa entablado siya 't ang mata ng lahat ay nasa kaniya, at daan-daan man ang naroon ay ubod ng tahimik pagkat balani 't nakikinig sa binibigkas at inaawit niya, at parang laging may nakakikiliting koryenteng nama-magitan sa kaniya at sa mga kasamahan niyang artista, at ang sets at ang flats at ang fliers ay di na kinulayang plywood at cardboard at fabric at styrofoam kundi tunay na bato at bakal at langit at lupa. Oo 't napagod siya. Oo 't napuyat. Oo 't nasuya rin sa paulit-ulit na pick-up rehearsal at pag-aabang ng cue at madaliang pahinga tuwing interval at tuwing wala siya sa eksena — ngunit ang mga iyon ay napakagaan sa timbangan kung ihahambing sa napala niya: ang tuluyan niyang pagkawala ng kaba.

At ang patuloy na paghanga sa kaniya ni Rudolph Cuevas.

Noong gabi ng last performance, mahaba-haba ang curtain call; pinaakyat sa entablado maging ang stage director at ang librettist at ang scene designer at ang costume designer, pagkatapos ay si Rudolph Cuevas.

Sinabitan silang lahat ng matatabang kuwintas ng sampagitang tinirintasan ng satin at nangamumukadkad na medalyon. Nabigla si Adonis nang umakyat sa apron at sabitan siya ng bulaklak ng walang iba kundi si Janina Pensiones (isang binalak na sorpresa nina Kuya Germs at Tito Reuel), at ang mga tagahanga nilang naroroon ay nagtilian. Nagpirikan ang flash bulbs at nagliwanag ang mapupulang pilot light ng mga videocam (maikling press coverage na hiningan pa ng permiso sa Office of The Director for Theater Operations ng CCP). Nakaupo 't masayang nakangiti sa kaniya si Tito Reuel at si Mommy Azon sa first row, mga mukhang agad niyang nakita 't nakilala pagkat nasinagan ng ilaw ng malalakas na spots sa stage.

Maliksing tumabing ang kurtina, at biglang nagdilim sa stage. Ang kahanay niya sa kaliwa (na gumanap sa papel na Haring Fernando) at ang kahanay niya sa kanan (na gumanap sa papel na Reyna Valeriana) ay bumitiw sa pagkakahawak sa mga kamay niya, at ang ibang mga miyembro ng cast at ng koro ay nagmamadaling nagsikalas sa tableau at nag-uunahang lumabas sa wings upang mag-shower at magpunas ng cream sa mukha at magbihis sa kani-kanilang dressing room. Ang iba 'y naghalakhakan. Ang iba 'y nagkantahan. Ang iba 'y nagyakapan at naghalikan at nag-iyakan.

Isang anino ang maliksing tumawid sa kadiliman at tumigil sa kaniyang harapan.

"Chiboy?" tanong ng anino.

"Tito Rudolph?" tugon niya.

"Congrats — 'galing mo talaga."

"Thank you, Tito. Tsaka thank you rin sa tulong n'yo."

(Ito na kaya ang pagpapaalam?)

"Walang kuwenta iyon. Pero hindi pa tayo tapos, ha?"

Tumalon ang puso niya.

(Bakit?)

"Ika-cut natin ng disc ang *Ibon*. Tatawagan ko si Reuel 'pag ready na tayo."

"Okey, Tito!"

"Tsaka, alam mo — nag-iisip ako ng show, para sa 'yo."

"All right, Tito!"

At bigla niyang niyakap si Rudolph, yakap na mahigpit at mapagsalamat at —

— mapagmahal — ?

Niyakap din siya ni Rudolph. Binulungan sa mababang tinig ng, "This is for you."

Bumitiw siya sa yakap, sabay-tingin sa maliit at maputing kahon sa kaniyang kamay.

"Thank you, Tito — ano ba 'to?"

Ngunit pagtingin niyang muli sa kausap ay wala na yaon — lumayo na 't nakihalo sa iba 't ibang aninong nagkakagulo pa rin doon.

Binulsa niya ang kahon sa dilim at nagtungo siya sa dressing room.

Pagpasok niya 'y naroon nang nag-hihintay sa kaniya si Tito Reuel at si Mommy Azon.

"Ba't an' tagal mo?" siyasat ni Tito Reuel, at ang tingin niya 'y parang malikot na flashlight na lumibot sa silid ng kaniyang kaisipan.

"Ang dami man good-byes, Tito," paglalaram niya.

Nagbihis siya 't kasama nilang nag-paalam sa lahat, pagkatapos ay tumuloy sila sa Cowrie Grill upang maghapunan.

Pauwing Mahiyain Street, walang binanggit si Adonis tungkol sa maikli nilang pag-uusap ni Rudolph sa likod ng tabing. Batid niya na kung magpahiwatig siya ng kaunti mang paggiging excited sa mga bagong proyek-to ng musical director ay baka mas lalo siyang higpitan ng manager, at baka di pa payagang sumali sa mga yaon. Sa halip ay binanggit niya ang pagdalo ni Janina, at ang laki ng kaniyang tuwa sa binalak nilang sorpresa. Ibinida ni Tito Reuel na gandang-ganda ang batang kapareha sa musikal, at "very impressed siya sa iyo."

"Dapat siguro, i-team-up silan' dalawa sa isang stage musical," mungkahi ni Mommy Azon.

"Magandang gimmick iyan," sagot ni Tito Reuel. At tulad ng dati, ang kanilang usapa 'y muling tumuloy sa *That's*.

Maaga siyang nagkulong sa silid noong gabing iyon. Naupo sa gilid ng kama at agad-agad dinukot ang maputing kahon sa kaliwang bulsa ng kaniyang pantalon.

Mabigat-bigat. Umaalog. Ang nasa loob ay balot ng makinis at malambot at maputing mulberry paper.

Gintong I.D. bracelet. Sa ibabaw ay naka-engrave ang pangalan niya: ADONIS.

Bracelet na mamahalin at magara at gustung-gusto niya.

Datapuwat talos niya na ang bracelet na iyon ay di niya masusuot kailanman, pagkat pagtatanungan lamang ni Tito Reuel at ni Mommy Azon, at maaaring ipasauli pa nila sa pinanggalingan.

Bracelet na itatago lamang. Lihim na titingnan at hahawakan. Paminsan-minsan.

Ganoon lamang.

Lumipas ang tatlong buwan bago muli siyang balitaan ni Tito Reuel tungkol sa *Ibon*. Walang pag-cut ng disc. Walang sariling T.V. show. Sa halip ay isang outreach performance ng principal cast na dadalhin ng CCP at ng Tanghalan sa Dumaguete City.

"Next month ito," pahatid ni Tito Reuel. "Isang pick-up rehearsal sa CCP, 'tapos isang pick-up rehearsal sa Silliman University."

"Kasama lahat, Tito?"

"Oo."

At sasama rin si Tito Reuel. (Upang mag-alalay at magbantay at magprotekta at magtanggol at magdepensa.)

"Sa Doltz Hall tayo' matutulog, courtesy ng university." (Bakit wala siyang balita tungkol kay Tito Rudolph?) "Maganda ro'n, me sarili tayo' kuwarto." (Kinausap na kaya siya ni Tito Rudolph tungkol sa pag-cut ng disc?) "Ayaw kong bumukod tayo, baka sabihin ng president, hindi natin tinatanggap ang hospitality nila." (Pinaringgan na kaya siya ni Tito Rudolph tungkol sa sarili niyang T.V. show, at si Tito Rudolph kaya ay kaniyang tinanggihan?)

Muli niyang nakita si Tito Rudolph sa kanilang pick-up rehearsal sa Little Theater. Kapansin-pansin sa kaniya na di nagbatian at di nagkibuan ang kaniyang manager at ang musical director, at tuwing napipilitan silang makipag-usap ay matabang sila sa isa 't isa.

"Sasama ba kayo sa outreach, Tito?" tinanong niya sa musical director nang matapos ang rehearsal.

Ang isinagot ni Tito Rudolph, "Hindi pa 'ko sure."

At aywan ba 't nalungkot siya.

Nahilo siya 't nagsuka, at ang paningin niya 'y nagparang basag na salamin, noong umagang sila 'y papalipad na patungong Dumaguete.

"Ngayon ka lang ganyan," puna ni Mommy Azon. "Kung dalaga ka, iisipin ko, buntis ka."

Pinainom siya ni Mommy Azon ng dalawang tabletang Dramamine, ngunit sumakit ang ulo niya, waring tinitibag ng maliit na maso, kayat pinainom pa siya ng Motrin.

Alas otso siyang sinundo sa taksi ni Tito Reuel. Tumuloy sila sa Domestic Airport.

— At doon ay lihim siyang natuwa at tinakasan ng sakit ng ulo, pagkat naroroon sa waiting area si Tito Rudolph.

"An' dami-dami naman natin," angal ni Tito Reuel, sa mababang tinig.

"'Di bale man, Tito," pasubali niya. "Mas lalo man masaya." (Sa karaniwang tinig lamang, upang di mahalatang excited siya.)

Alas diyes kinse nag-take-off ang PR-247. Pagkat ang flight ay binuo ng samahang *Ibon*, nagsitayo 't nagpagala-gala ang lahat nang mamatayan ng ilaw ang mga fasten-seatbelts sign. Maging si Tito Reuel ay nakiupo sa gawing buntot ng eroplano, upang makipagsatsatan sa stage director at sa stage manager tungkol sa mga lugar na kanilang mapapasyalan sa Dumaguete.

Minsan siyang nilingon ni Tito Rudolph, pagkatapos ay nginitian.

Ngumiti rin siya.

Ibinaba ni Tito Rudolph ang binabasa niyang isyu ng *The Philippine Star*. Tumayo. Lumapit. At naupo sa bakanteng upuan sa tabi niya.

"That's a lovely coastline," ang sabi ni Tito Rudolph. Bumaling siya sa maliit na bintanang may dobleng salamin upang malasin ang tanawin: ang paliku-likong hugis ng pagkahaba-habang dalampasigan, ang buhanging ginto at pilak, ang mga punong jade, ang maputi at makislot na sinulid na bula sa baybaying-dagat, ang bahagi ng aplayang pumapailalim sa tubig-alat, na nagkulay-abuhin-at-bughaw, at ang bahagi sa mababaw, na nagkulay-luntian-at-bughaw, at ang bahagi sa malalim, na nagkulay-biyoleta-at-bughaw —

Bistre. Payne's grey. Teal. Nile green. Zinc white. Titanium white.

— at ang milyun-milyong munting kisap ng araw sa tuktok ng mga alon, animo milyun-milyong dropout sa isang lumang videotape na isinalang sa console at ngayo 'y ipinalalabas.

Isang lumang videotape ng mga alaala.

Tinagasan ang kaniyang mga mata ng mainit na luha.

"Bakit, Chiboy?" bulong ni Tito Rudolph.

"Wala po," bulong din niya. "Me naala'la lang po ako."

Paano kasing maipaliliwanag kung bakit siya lumuluha, gayong yaon ay bunga lamang ng bigla niyang paggunita sa pagkabata niya noon, sa Davao. Ang dalampasigan. Ang dagat. Ang mga puno. Ang kanilang lumang bahay. Si Marcia Catedral. Ang kaniyang mga kaibigan. Kaylayo sa daigdig ng telebisyon. Kaylayo sa daigdig ng tanghalan. Kaylayo sa apartment sa Mahiyain Street, na pinaliligiran ng mga apartment din, at walang mga daang buhangin.

"Eleven-thirty tayo lalapag." Tinig ni Tito Reuel sa kanilang gawing likuran. "Fifteen minutes late."

Marahang tumayo si Tito Rudolph at nagbalik sa dati niyang upuan; nagtali siya ng seatbelt at muling nagbasa ng pahayagan. Naupo si Tito Reuel, at pinabasa niya kay Adonis ang schedule na binigay sa kaniya ng stage manager:

1115	ETA Dumaguete City Airport. Met by Dr. Avelina Hospicio, Dean of Student Affairs, and Atty. Cipriano Parola, Administrative Officer, Silliman University.
	Proceed to SU in chartered bus.
1200	Arrive SU. Check-in at Doltz Hall.
1230-1330	Lunch hosted by SU in Faculty Lounge.
1330-1500	Free time.
1500-1900	Pick-up rehearsal at Luce Auditorium.
1900-1930	Free time.
2000	Reception and dinner hosted by Dr. Hermogenes J. Nido, President, SU, at residence.

Sinalubong sila sa airport di lamang ng dalawang opisyal ng pamantasan kundi ng dalawampung estudyante ng mataas na paaralan, sampu ng mga nagsidating upang magmiron, na nangagsabit sa kanilang liig ng mga kuwintas ng pira-pirasong kabibe. Ilang potograpo ang naroon at kuha nang kuha: ng pakikipagkamay ng mga opisyal sa stage director, ng pakikipagkamay ng mga opisyal kay Tito Rudolph, ng pakikipagkamay ng mga opisyal kay Tito Reuel at kay Adonis, at ng pagsampa nilang lahat sa malaking bus.

Dalawang mahabang streamer ang ibinihis sa magkabilang gilid ng bus, na tinitikang "WELCOME CULTURAL CENTER OF THE PHILIPPINES' 'IBONG ADARNA'". Di iilang tinedyer ang sumigaw at tumawag ng ngalan ni Adonis; tatlo sa kanila ang naniko 't nangahas na magpa-autograph.

Si Tito Rudolph at ang stage director ay isinama ng dalawang opisyal sa university limousine.

Masarap ang pananghaliang hain sa kanila ng pamantasan sa Faculty Lounge: grilled prawn with lemon butter sauce, chili lobster, steamed pampano with mayonnaise, green mango salad. Pagkat naantala ang flight at bahagyang disorganisado ang nangyaring check-in sa Doltz Hall, pagod ang lahat at gutom, at naging malakas ang kain.

Dalawang lady teachers ang kapit-tukong nakipanayam kay Adonis habang sila 'y nananananghalian. Bagamat di sila nanonood ng *That's* (kahit ito 'y naka-rainbow satellite at "where you belong"), tuwang-tuwa sila sa malinis at sariwang kakisigan ng bata; di man sila nagdadalantao 'y halos paglihihan na nila si Baby Face.

Ikinalugod sila 't pinagbigyan ni Adonis. Gayunpaman, di-minsan siyang sumulyap sa kinaroroona 't mga kausap ni Tito Rudolph, at sa kaloob-looban niya 'y nais niya itong masarili nang kahit minsan. Upang ipagtanong ang binalak niyang pag-cut ng disc. Upang ipagtanong ang binalak niyang T.V. show.

O kaya 'y upang kumustahin lamang siya.

O kaya 'y upang pasalamatan siya sa gintong I.D. bracelet na hinandog niya.

At sabihin sa kaniya na di man niya yaon masuut-suot ay laging nasa kaniyang bulsa.

("Tito Rudolph, I like you very much.")

(At ano kaya kung sumagot siya, "Ako rin, Chiboy.")

Nang mapasulyap siya sa lady teacher na huling nagtanong sa kaniya 'y nakatingin ito sa kaniya at waring may hinihintay.

"Ma'am?" agad niyang tugon, at pinamulahan siya.

"S'abi ko, siguro, an' dami-dami mong girlfriend," ngiti ng lady teacher.

"Ma'am, wala pa po, ma'am." At naramdaman niya na siya 'y pinamulahan pa.

Isang faculty member ang naglabas ng soft drinks at beer, pagkatapos ay nagkamaling maglabas ng scotch, na hindi nilubayan ng scene designer, ng ilang miyembro ng cast — at ni Tito Rudolph.

Masaya sana ang halubilo, datapuwat minsang nagkatagpo sa isang grupong-huntahan sina Tito Reuel at Tito Rudolph. At nag-usap

hinggil sa pagma-manage ng artista. At naki-pagtalunan hinggil sa exploitation. At nag-simulang mag-away.

"Ang hirap sa 'yo, masyado ka' pos-sessive sa mga talent mo," bintang ni Tito Rudolph, sabay-galaw ng kamay na may-hawak sa pangatlo niyang basong scotch. Umikot ang scotch sa loob ng baso — parang karo ng tilt-a-whirl na hilig sakyan ng mga bata sa karnabal.

"Pare, pamangkin ko iyan," sangga ni Tito Reuel.

"Mas lalo mo' dapat i-nourish ang talent niya. Mas lalo ka' me obligasyon."

"Gano'n nga ang ginagawa ko, 'di ba?"

Umiling si Tito Rudolph — ulo naman niya ang nagparang karo ng tilt-a-whirl. "Masyado' sheltered siya. Wala siya' alam tungkol sa mundo. Pa'no siya matututo' lumaban?

"Dapat, habang ma'ga, turuan mo' maging independent siya. Hindi parang hayup na nakakulong sa hawla."

"Paano ba iyon — ang pabayaan ko' siya' ma-corrupt ng iba? Hindi ba, mas malaki' kasalanan iyon?"

Tumahimik ang lahat, at pigil-hiningang nag-abang ng mangyayaring eskandalo.

Nagpaumanhin si Adonis sa dalawang lady teacher at dali-daling nagtungo sa grupo

upang awatin si Tito Reuel. Di niya pinag-isipan, at di niya sinadya —

— subalit ang nilapitan niya 't ma-among hinawakan sa bisig ay si Tito Rudolph.

"Tito, tama na," dinig niya ang sariling nakikiusap. ("I like you very much.")

"Chiboy — bitawan mo iyan," banta ni Tito Reuel. Kunot-noo. May apoy ng galit sa mata.

"You see," patuloy ni Tito Rudolph kay Tito Reuel, "masyado ka' nakikialam."

Hinablot siya ni Tito Reuel at hinilang palabas sa Faculty Lounge.

"B'alik ka sa dorm," ang bilin niya. "Huwag ka' lalapit sa pesteng-yawang iyan."

Iniwan siya ni Tito Reuel sa kanilang silid sa Doltz Hall. Nahiga siya sa kama at naghintay — pinagtakhan kung kailan nagbinhi ang banasang namagitan sa manager at sa musical director, at kung kailan yaon sumibol, at kung kailan lumago, at kung kailan yuma-mungmong.

Alas tres nagtipon ang lahat sa loob ng Luce Auditorium, na luma na subalit higit na malaki kaysa sa Little Theater ng CCP. Nangakaayos na ang sets, at ang mga sistemang lights and sound ay naka-set-up na; ang technical staff ay tatlong araw nang naroo 't nauna sa kanila. Nagsimula ang pick-up

rehearsal, at bandang alas singko 'y nagbigay ang stage director ng break, at ginanap ang isang technical run-through, at alas siyete medya silang nag-pack-up, datapuwat saka lamang nagpakitang muli si Tito Reuel.

"Kunin natin ang gamit natin," ang sabi niya, "Lilipat tayo ng tulugan, para malayo ka sa animal na iyan."

Nag-ayos sila ng bag, at samantalang ang kanilang mga kasamahan ay nagbibihis upang dumalo sa reception at dinner ng presidente ng pamantasan ay patago silang nagtungo sa Administration Building.

Doon ay may naghihintay na PU, na pinatawag ni Tito Reuel sa isang security guard.

"South Seas," utos ni Tito Reuel sa nagmamaneho ng PU.

Lumabas ang sasakyan sa malaking gate ng campus. Naupo silang tahimik at walang kakibu-kibo samantalang ang sementadong daan ay naging aspaltado, at naging mabato, at naging maburak, at naging mabuhangin.

Walang ibang tao sa lobby ng South Seas Resort kundi isang check-in clerk nang sila 'y dumating. Hiningi ni Tito Reuel ang susi sa inireserba niyang cottage, at saka sila tumuloy, sa landas na nasisilong ng mga punong niyog, sa pulutong ng mga bahay-bahayan sa buhangin.

Agawdilim na 't ang langit ay mistulang aninag lamang ng itim na dagat, pagkat higit na maliwanag sa tubig ang kahuli-hulihang dingas ng araw.

"Dito ka, Chiboy," ang sabi ni Tito Reuel nang pumasok sila sa cottage at maglapag ng bag. "Ako lang ang a-attend ng reception. Ako na 'ng mag-e-explain sa president. Sasabihin ko, masakit ang ulo mo.

"Huwag ka' lalabas. Dito ka lang sa loob ng compound."

Muli siyang iniwan ni Tito Reuel. ("Masyado ka' possessive sa mga talent mo.") Lagi siyang iniiwan ni Tito Reuel. ("Masyado' sheltered siya. Wala siya' alam tungkol sa mundo. Pa'no siya matututo' lumaban?") Parang hayup na nakakulong sa hawla. ("Hindi parang hayup na nakakulong sa hawla.") Laging pinakikialaman. ("Masyado ka' nakikialam.")

Naisip niyang mag-shower, naisip niyang maligo sa dagat, naisip niyang mahiga at matulog, naisip niyang magbihis at maghapunan sa dining room, naisip niyang sumuway kay Tito Reuel at sumunod sa tahanan ng presidente ng pamantasan.

Nakaramdam siyang muli ng kaunting pagkahilo, at ng bahagyang kislot sa sikmura. Nahintakutan siya 't naupo sa silya.

(Nasaan ang Dramamine? Nasaan ang Motrin?)

Inilabas niya sa kaniyang bulsa ang gintong I.D. bracelet, at marahan yaong pinaikot sa kaniyang pulso, at saka pinindot ang lock, at saka pinagmasdan ang marangyang kislap ng ginto sa krema niyang balat, at ang naka-engrave niyang pangalan. ADONIS. ("This is for you.")

Nang buksan niya ang pinto ng cottage ay sinalubong siya ng malamig na hanging-dagat. Pumanaog siya sa kawayang hagdan, at yumapak sa buhangin, at naglakad sa pagitan ng mga bahay-bahayan — maliliit na bintanang malamlam sa kalakhang dilim.

Parang mga bintana ng tren.

Naglakad siya patungong dining room. Mangilan-ngilan lamang ang kumakain ng hapunan doon — matandang lalaking nag-iisa sa isang mesa, at isang mag-anak.

Naglakad siya patungong lobby. Ang check-in clerk ay may pinagagalitang bata roon.

Naglakad siya patungong tarangkahan. ("Dito ka, Chiboy.") At lumabas sa tarangkahan. ("Huwag ka' lalabas.") At naglakad sa madilim at malawak na pampang, tungo sa kalayuan. ("Dito ka lang sa loob ng compound.")

Naisip niya si Mommy Azon. At ang kanilang apartment sa Mahiyain Street. At ang katotohanang di na siya magbabalik at muling maninirahan sa Davao kailanman, pagkat yao 'y katumbas lamang ng kaniyang pagbabalik sa nakaraang kakapusan, sa libingan ng kaniyang ama, sa kawalang-katuturan sa lipunan.

Naisip niya kung bukas ay sumpunging lumipad sa Dumaguete si Kuya Germs upang panoorin ang kanilang labas. Naisip niya kung binalak nina Kuya Germs at Tito Reuel na si Janina Pensiones ay lumipad din upang manood, at muling magsabit ng bulaklak sa kaniyang liig.

Naglakad siya patungong baybayingdagat — banda roon, sa kalayuan, ay may nasipat siyang apoy sa buhangin na waring kapalit ng araw na tuluyan nang lumubog.

Naglakad siya. Ang apoy-na-araw, sa malapitan, ay likha lamang ng ginatungang kahoy, pinatungan ng maitim na kalderong pinagsaingan, at nagpapailanlang ng malangis na usok at malilikot na alipato sa kawalan. Sa paligid niyaon ay tapos nang maghapunan at masayang nagkukuwentuhan at tumutungga ng kuwatro kantos ang limang lalaki — limang piyon, pagkat nang tumingin si Adonis sa kanilang gawing likuran ay naroong nakaparada ang kanilang elfin truck na pinuno ng buhangin at nilambungan ng trapal.

Tumingin sila kay Adonis, at si Adonis ay ngumiti upang ipahiwatig na siya 'y nagdaraan lamang. Di niya alam kung masisiyahan siya o hindi, pagkat sa pambihirang pagkakataong iyon ay hindi siya nakilala ng mga lalaking iyon. Si Adonis Casas. Mang-aawit. Artista. Miyembro ng Tuesday group ng *That's*. Katambal ni Janina Pensiones. At principal player ni Don Juan sa musikal ng CCP. Ang *Ibong Adarna* ni Rudolph Cuevas.

Sumipol ang isang kargador.

Napatda si Adonis, at sinaklot ng takot.

"Babae ba iyan o lalaki?" tanong ng isang piyon.

"Lalaki," sagot ng isa pang piyon.

"Babae," salungat ng isa pang piyon.

Sumutsot kay Adonis ang isa pang piyon. At ang sabi sa kaniya, "Hoy, halika."

Tumalikod si Adonis at kumaripas ng takbo. Lumipad ang buhangin sa bawat sad-sad ng sapatos niya, at pagkat walang kailaw-ilaw ay nagpatungo siya sa iba 't ibang direk-siyon — sa dagat, sa mga punong niyog, sa beach resort, sa daan.

Datapuwat hinabol siya 't nadakip ng tatlong piyon. Napadipa siya sa buhangin, at nagalusan sa noo ng nakausling ugat ng isang puno.

Nagpupumiglas siyang hinawakan sa paa 't kamay ng mga piyon. Nanikad siya 't nagmura, ngunit malakas na sampal at dagok sa sikmura ang inabot niya. Nanghina siya 't tumigil sa paglaban. At para siyang hayup na kanilang pinasan at hinagis sa trapal, sa ibabaw ng elfin truck.

"Lalaki," ang sabi ng unang piyon.

"Babae," ang sabi ng ikalawang piyon.

Pinaligiran siya ng lima, at yumabong ang kuwatro kantos sa kanilang hininga.

Humagulgol siya. "Ayaw, ayaw! Magpasundayag ako ug programa nganhi! Bisita ako dinhi! Bisita ako dinhi!"

"Hilum!" bulyaw ng ikatlong piyon, at nag-asinta siya ng talim ng pala sa kaniyang liig.

Matapos siyang pagparausan, nagtaas siya ng pantalon at nagsara siya ng kamisa-dentro at nagpunas siya ng uhog sa mukha at marahan siyang bumaba sa elfin truck.

Naglakad siyang patungo sa beach resort. Natisod siya, bumangon, naglakad, tumakbo, napaluhod, humingal, bumangon, naglakad.

Ano ang sasabihin kay Tito Reuel? Ano ang sasabihin kay Tito Rudolph? Ano ang sasabihin sa kanilang mga kasamahan?

Kay Mommy Azon? Kay Kuya Germs?

Kay Janina Pensiones?

Umiling siya 't lumiko ng landas, at doon siya nagtungo sa dagat. Sa dalampasigan. Sa mga alon.

Lumusong siya sa malamig na tubig. Nagtampisaw siya 't nag-anlaw ng marumi niyang damit at nananakit na katawan.

Kaysarap ng haplos ng dagat. Nakasisiyang pakiramdaman, nakatutuwang isipin na ang tubig-alat niyon ay kaniya pang dinaragdagan ng luhang maalat na ibinubukal ng kaniyang mga mata.

Ngumiti siya. At natawa siya.

Nang umahon siya sa tubig ay saka lamang niya napansin na wala na ang gintong I.D. bracelet sa pulso niya.

Naglakad siya — di tungo sa beach resort kundi tungo sa apoy-na-araw, sa nakaparadang elfin truck, sa limang piyon.

Bakit?

Upang bawiin ang gintong I.D. bracelet na matagal niyang minahal, at matagal niyang inilihim, at matagal niyang ninais isuot at ilantad, nang sa wakas ay makita ng lahat?

Upang sila 'y kausapin?

Pagdating niya sa dulo ng pampang ay nakaalis na ang elfin truck at ang limang piyon. Naupo siya sa isang bato, at matagal niyang pinagmasdan ang mga bakas ng gulong at paa sa buhangin, at ang ginatungang kahoy na ngayo 'y nagbabaga na lamang at parang nabasag na engkantadong lampara sa malamig na dilim.

1993

KIROT

Pinanganak si Kiss noong Agosto ng nakaraang taon. Tag-ulan noon at kalalampas lang ng magkasunod na bagyong Ditang at Epang. Kinulong ang ina ni Kiss sa masikip na silong ng bahay, sinapnan ng sako at ng lumang pahayagan. Anim na tuta ang sinilang noong hapong iyon: tatlong malulusog na mahaba at makinang at maputi ang balahibo; dalawang payat at matamlay; at isang maliit at mahina ang katawan at waring di magtatagal ang buhay.

Ang huling tutang yaon ay si Kiss, na kulelat man sa pagkamulat ay di pinabayaan ng ina sa pagpapasuso ng gatas, at sa paghimod sa katawan, at sa pagdudulot ng init at yakap at halik sa nanaig na tag-ulan.

Makalipas ang isang linggo, ang anim na tuta 'y dilat na at nagtatatahol at nagkakakawag ng kanilang maiikling buntot. Marami ang nanaog at sumilip sa silong. Marami ang natuwa sa mga hayup na puti, na may mga batik na itim, at kayumanggi, at abuhin, at itim at kayumanggi, at kayumanggi at abuhin, at abuhin at itim, at itim at kayumanggi at abuhin, sa dulo ng ka-

nilang taynga, o sa palibot ng kanilang mata, o sa bumbunan ng kanilang ulo, o sa iba pang bahagi ng kanilang katawan.

Sa katotohanan, walang maipagmamalaki sa angkan ng ina ni Kiss, na tinaguriang mongrel, cur, Oh Dee (ordinary dog), asong lokal, pampulutan, B.D. (breedless dog), Asqal (asong-kalye), Carras (karaniwang aso) at asong Pilipino. Maging ang kaniyang ama ay kung sinong aso lang sa kapitbahayan, at, sang-ayon sa Code of Ethics ng mga Kaasuhan, minsan lamang nakatagpo at nakasalamuha at nakaniig ng ina ni Kiss. Walang ligawan. Walang maluwat na kasunduan. Walang kasalan. Sang-ayon din sa Family System ng mga Kaasuhan, ang ama 'y walang pananagutan sa pag-aaruga 't pagpapalaki sa tuta. Datapuwat nagsilang man nang walang asawa at walang tiyak na apelyido ang mga supling — na ang katumbas sa tao ay ang paggiging disgrasyada — ang ina ni Kiss ay larawan ng kasiyahan sa kaniyang pagpapasilang.

Di lumaon at ang unang limang tuta ay kinuha ng iba 't ibang taong dumating at madaliang nagpasiya kung alin ang mapapasakanila. Nalungkot si Kiss nang unti-unting nangawala ang maliliksi at maiingay niyang kasama. Nang kunin na ang ikalimang tuta ay bigla siyang nawalan ng kalaro sa ngusuan (bagamat lagi siyang nauungusan) at sa habulan (bagamat lagi siyang nauunahan) at sa lundagan (bagamat lagi siyang naiisahan) at sa dambahan (bagamat lagi siyang nalalamangan) at sa kagat-kagatan (bagamat lagi siyang natatalo) at sa

salpukan (bagamat lagi siyang napipikon). Datapuwat wala siyang nakutubang pagkabalisa mula sa kaibuturang-aso ng kaniyang ina, kayat sinapalagay niya sa kaniyang kaisipang-tuta na maayos pa rin ang lahat. Lagi pa ring may pagkain sa malukong na sartin. Lagi pa ring may inumin sa maliit na palangganang plastik. Lagi pa rin siyang pinasususuhan ng gatas ng kaniyang ina (at walong suso na ngayon ang kaniyang napagpipilian), at hinihimod sa katawan (na naging madalas kaysa rati) at dinudulutan ng init at yakap at halik, kahit palipas na ang tag-ulan.

Isang araw, isang lalaki ang dumating, at sinamahan siya sa silong ng tagapangalaga ng ina ni Kiss.

"Iyan lang ang naiwan," ang sabi ng tagapangalaga. "Walang me gusto diyan, muk'a kasi' sakitin."

Tumalungko ang lalaki, at may-kakimiang nag-abot ng kamay kay Kiss.

Pagkat sanay sa pagtanggap ng bisita at naging hilig niya sa lahat ang kamut-kamutin ang ulo niya at tiyan, nagkawag ng buntot si Kiss, at lumapit sa lalaki, at dumila sa kaniyang kamay.

"'Pare, gusto sa 'kin, o."

"Kunin mo na iyan, 'Pare, kung gusto mo."

Kayat noong hapon ding iyon ay binuhat si Kiss at isinilid sa isang karton, at ang araw ay naging gabi sa loob niyon, at pakiramdam niya 'y inilipad siya at itinaas at itinagilid at inikot at inalog at inilakbay sa mahabang-mahabang panahon.

Tumahul-tahol si Kiss sa madilim niyang kulungan, at nangalmot siya ng dingding, at ngumuso siya ng mga butas na lagusan ng hangin. Nakaramdam siya ng gutom at uhaw at matinding pagkaalinsangan. Tatlong beses siyang napaihi sa sahig ng karton. Paulit-ulit niyang tinawag ang kaniyang ina, at ang bawat isa sa limang kapatid niya. Datapuwat nang mapagod siya, nagbahag siya ng buntot at sumiksik sa isang sulok at nagpara na lamang mabalahibong bolang umbuk-umbok at may isang batik na itim at kayumanggi at abuhin sa bilugan niyang gulugod. Naidlip siya at nanaginip. Sa panaginip na iyon ay kumakain siya sa malukong na sartin, at umiinom siya sa maliit na palangganang plastik.

Tahimik ang kapaligiran nang lumapag ang karton. Gumising si Kiss nang masagap ng mga taynga niyang gising-at-alisto ang mga kaluskos sa ibabaw ng kartong kulungan. Nasilaw siya sa biglaang liwanag. Suminghut-singhot siya sa daigdig na katatambad. Kakaiba ang mga amoy. Mas presko kaysa sa pinanggalingan niyang silong ng bahay. At may mga bagong amoy, mga amoy na di niya dating naaamoy. Higit sa lahat, wala ang pamilyar na amoy ng kaniyang ina, at ng mga kapatid niya, at ng sako at lumang pahayagan na nakasanayan niyang galawan at tulugan.

Sandaling humalinghing si Kiss. Nasaan na ba ang kaniyang ina? Nasaan na ba ang mga kapatid niya? Di rin ba sila sumakay sa mga lumilipad na karton, at di rin ba sila magkikita-kita rito sa nagisnan niyang palapagan?

Bigla siyang nakarinig ng matunog na palatak, at muli siyang tininagan ng taynga. Hayun ang lalaking dumalaw sa silong, nakatalungko pa rin at nag-aabot ng kamay.

Sa wakas, isang kakilala!

Tuwang tumahul-tahol si Kiss, at tuwang tumalon sa labas ng kahon, at tuwang dumila-dila sa kamay ng lalaki, at tuwang suminghut-singhot sa ngayon-ay-pamilyar niyang amoy, at tuwang dumila-dila na naman sa kaniyang kamay, at tuwang suminghut-singhot na naman sa pamilyar-nang-amoy na ibig pa niyang maging pamilyar-na-pamilyar.

Tumawa ang lalaki.

"'Hilig mo' humalik, ha," ang sabi niya. "'Buti kaya, 'pangalan sa 'yo, Kiss."

Tumahul-tahol si Kiss.

"Kiss! Kiss! Dito, Kiss!" huni ng lalaki, sabay-bangon at -lakad nang palibot sa loob ng silid.

Tumahul-tahol si Kiss, at tumalun-talon, at humabul-habol sa lalaki.

Sapak na sapak ang agenda ni Kiss noong hapong iyon. Naroon ang ilapag siya sa loob ng isang mababang litter box, na may latag na magaspang na buhangin; napaihi siya 't napadumi matapos niya yaong singhut-singhutin. Naroon ang pakainin siya sa isang doggie dish (nasaan na nga ba yaong malukong na sartin?) at painumin sa isang water dish (nasaan na nga ba yaong maliit na palangga-nang plastik?); kaiba ang sabor ng pagkain at ang lasa ng tubig, datapuwat masarap din. Naroon ang basain siya at sabunan at banla-wan at dampian ng malaking tuwalya sa labahan; anong tapang ng amoy ng sabon, at anong lamig ng tubig, ngunit nakawawala ng pangangati at pagkaalinsangan sa kaniyang katawan. Naroon ang suotan siya ng kuwelyong balat na kulay-balat-ng-anonas at may anim na rematseng nangakapalibot sa kaniyang liig; alam niyang anim ang rematse pagkat nang maikabit ang kuwelyo 'y ihinarap siya sa isang salamin. Naroon ang patakan siya ng bitamina sa bibig (malinamnam at maasim-asim) at dalhin sa veterinary clinic upang turukan sa puwit (masakit at mahapdi sa una, kayat napaigtad siya 't napakangkang). Naroon ang pumasyal siya nang kusa sa buong tahanan, at matuklasan na may mga bahaging di niya dapat lapitan at puntahan, at matuklasan din na may mga bagay na bawal dilaan at kagat-kagatin at ngatngatin.

Noong una niyang gabi sa bago niyang tahanan ay dinale siya ng matinding pangu-ngulila. Hinanap-hanap niya ang kaniyang ina, at ang kaniyang mga kapatid, at maging ang tinig at amoy ng tagapangalaga ng kaniyang ina.

Di niya mapangalanan ang damdaming iyon. Batid lamang niya na di siya makatulog, at natatakot siya sa dilim, at parang kay-ilap ng tunay na ligaya. Ilang ulit siyang napahalinghing at napabangon at umikut-ikot sa malambot na sapin sa sahig ng silid-tulugan ng tahanan. Datapuwat tuwing matatanaw niya ang anyo ng lalaki at marinig ang paghihilik niya at ang paminsan-minsan niyang pagbiling ay natatahimik siya, at nadudulutan ng payapa, at nakararamdam ng kasiyahan.

Matalino si Kiss, kayat marami siyang natutuhan sa loob ng maikling panahon. Talos niya, halimbawa, na silang dalawa lamang ng lalaki ang nakatira sa tahanang iyon. Talos niya na ang lalaki 'y maagang bumabangon, pagkatapos ay nawawala nang buong maghapon. Talos din niya na paglubog ng araw, ang lalaki 'y darating, at siya 'y tatawagin, kayat maaga niyang aabangan upang masayang salubungin. Sa kadalasan, ang lalaki 'y may dala-dalang pasalubong, na kaniyang bubulatlatin at ihahandog sa kaniya sa kusina: biskuwit, tinapay, mga buto, bola, mga abubot na maaari niyang dilaan at kagat-kagatin at ngatngatin.

Kapag ang lalaki 'y nasa bahay, nauupo siya sa sala at nagbabasa, o kaya 'y nagmamakinilya sa mesa, o kaya 'y umiinom ng serbesa at nanonood ng balita sa telebisyon, o kaya 'y nagsisigarilyo 't nakikinig ng iba 't ibang tugtugin sa stereo. Kung minsa 'y tatawagin niya si Kiss, at kakamutin niya sa ulo at sa tiyan, o kaya 'y bubuhati 't iduduyan.

Ngunit ang paborito niyang laro sa lahat ay tuwing Linggo ng hapon. Bubuksan ng lalaki ang malaking kabinet sa itaas, at maglalabas siya ng malaking kahon, at ipapanaog niya yaon at maingat niyang bubuksan.

Mauupo siya 't tahimik na panonoorin ang paglabas sa kahon ng magagarang piyesa: ang mga bunduk-bundukan, ang maliliit na puno, ang mga tau-tauhan, ang mga bukid at ilog na karton, ang mga bahay-bahayan, ang maliit na simbahan at ang mga tinda-tindahan, ang mga tunnel at tulay, ang maliliit na railroad signs, ang maliliit na railroad lights, ang pira-pirasong riles, at ang maliliit na tren.

Pagkakabit-kabitin ng lalaki ang lahat ng iyon, pagkatapos ay paaandarin niya ng control, pagkatapos ay walang-sawa niyang panonoorin ang pag-andap ng mga ilaw at ang paggalaw ng mga elevator at lift at rampa at tarangkahan at pintuan at halang, at ang pagtakbo ng maliliit na tren sa maliliit na riles sa palibot ng maliit nilang mundu-munduhan.

Tatlong klaseng rota ang nadadaanan ng maliliit na tren na iyon — isang paikot, isang pa-figure-eight, at isang pakaliwa 't kanan — na napapalit-palitan ng lalaki ayon sa pagpindot niya sa control.

Pag-andar niyon, si Kiss ay tatalon at tatahol at tatakbo nang paikot sa electric train set sa sahig ng sala, at ang lalaki ay tatawa nang tatawa.

Naging maligayang aso si Kiss, laging busog at laging masaya, at wala nang hilig-asong mahihiligan pa.

Subalit lumipas ang dalawang taon, at isang hapon, paglubog ng araw, ang lalaki ay hindi umuwi sa tahanan. Nagtaka si Kiss, at naghintay, at nag-abang, at nainip, at naglibot ng bahay, pagkatapos ay naghintay na naman, at nag-abang na naman, at nainip na naman.

Nagdaan ang mahabang gabi, na sinundan ng mahabang araw, ngunit di masagap-sagap ng matalas niyang pandinig ang mga yabag ng lalaki sa daan, at ang pagsuksok ng susi sa susian, at ang pagbukas ng pintuan.

Nangulila si Kiss, at pinangambahan, at dinalaw ng kawalang pag-asa. Bawat gabi 'y pumasok siya sa silid-tulugan, at bawat umaga 'y nagising siya upang makita lamang na ang lalaki 'y wala sa kama. Ang doggie dish at ang water dish ay matagal nang walang laman, at ang buhangin sa litter box ay matagal nang di napapalitan.

Humalinghing si Kiss. At tumahul-tahol. At kumahol.

Pagkatapos ay umalulong siya — isang pagkahaba-haba at makapangalisag-balahibong alulong, alulong na di niya naalulong sa buhay-aso niya, kayat maging siya ay nanibago at saka namangha.

Umihi siya sa sahig ng silid-tulugan, at nagdumi siya sa sahig ng sala, at pinuntahan niya ang mga bahaging di niya dapat puntahan, at kinagat-kagat niya at nginatngat ang mga bagay na bawal. (Kasi 'y baka nagtatago lamang ang lalaki, at baka sakaling bigla siyang lumabas upang siya 'y pagalitan.)

Datapuwat ang lalaki 'y di rin lumabas at nagpakita, at ang tahanan ay pumanghi lamang at namaho at naging masukal.

Isang umaga, nakarinig siya ng hugong ng makina ng mga sasakyan, at ng mga yabag sa daan, at ng mga pukpok sa susian, at ng pagbukas ng pintuan.

Kumahol si Kiss, nanghihina man at matamlay, at nagulumihanan siya sa iba 't ibang amoy at sa iba 't ibang taong pumasok sa tahanan.

"Ay, me aso."

"Alaga niya siguro."

"Baka mangagat."

"Palagay ko, gutom na iyan."

May naghalungkat sa kusina at naglagay ng pagkain sa doggie dish at nagbuhos ng tubig sa water dish, na agad-agad niyang nilapitan at nilantakan.

May umakyat sa silid-tulugan at nagbaba ng kagamitan.

May umikot sa buong bahay at nagtanggal ng mga dekorasyon sa dingding at nagbalot ng mga kasangkapan.

May naupo sa sala at tahimik na lumuha, pagkatapos ay umiyak, pagkatapos ay humagulgol.

"Pa'no 'tong aso?" tanong ng isa.

"Gusto mo iyan?" tanong ng ikalawa.

"Ayoko, hindi ako mahilig diyan," ang sagot ng una.

"Akin na lang, kung walang kukuha diyan," ang sabi ng ikatlo.

Kayat ang lahat ng laman ng tahanan ay hinakot sa isang malaking trak, at ang lahat ng basura ay hinagis sa tambakan, at si Kiss ay tinalian at isinakay sa likod ng isang dyip na stainless.

Malayo ang nilakbay ni Kiss sa likod ng dyip, at maraming amoy ang sumalubong sa kaniya sa paglalakbay. Sa palaki nang palaki nang agwat mula sa pinanggalingan niyang tahanan, ang amoy ng lalaki at ng dati niyang buhay ay di na niya mahagi-hagilap, at naging alaala na lamang. Nabahala siya sa di pa niya tiyak na kapalaran, na wari 'y tinatakda pa lamang at ginuguhit ng pangingibang-posisyon ng mga planeta sa galaksiyang pang-Kaasuhan.

Tumigil ang dyip sa harap ng isang maliit na bahay, sa gitna ng lunsod. Maingay sa kapaligiran, at malansa ang naghaharing mga

amoy. Ibinaba si Kiss sa dyip, at hinila patungo sa madilim na likod ng bahay, at itinali sa isang haliging nakatirik sa putikan. Walang natatanaw doon kundi marurusing na pader na hollow block at naglipanang lamok at ipis at bangaw.

Malamang ay temporary quarters ito, ang palubag-loob ni Kiss sa kaniyang sarili. Di niya ubos-maisip na ang kinatatalian niya ngayon ay siya niyang bagong tahanan, na masahol pa sa masikip na silong na kaniyang minulatan. Naglaro rin sa kaniyang diwang-aso na kung magtiis lamang siya nang kaunti ay darating din ang kaniyang Original Amo, upang siya ay sunduin na at kunin, kapag maayos na ang lahat. Pagkat sa ngayon, pakiwari niya 'y walang kaayusan ang kaniyang kinalalagyan at ang kaniyang kalagayan.

Ngunit nagbilang ng buwan si Kiss, at hindi siya pinakawalan sa kaniyang kinatatalian. Tuwing gabi 'y pinakain siya ng tira-tira, na kung minsan ay may-halong panis at ibinubuhos lamang sa putikang lupa, at ang inumin niya 'y nasa tabong matalas ang gilid at panay kalawang at pinangingitlugan ng mga kasamahan niyang lamok. Di siya pinaliguan. Di siya kinamot sa ulo at sa tiyan; di siya binuhat at dinuyan. Wala siyang kalayaang lumibot sa maliit na bakuran, at wala siyang munting pasalubong sa paglubog ng araw. Ang pinakamasakit sa lahat, nagtiis siya nang maluwat at nang buong kadakilaan, ngunit si Original Amo ay hindi dumating.

Tuwing gabi ay sinasaklot siyang lagi ng matinding pangungulila, tulad noong una niyang gabi sa dati niyang tahanan, pagkatapos niyang sumakay sa kartong lumilipad. Hinanap-hanap niya si Original Amo, ang kaniyang tinig at tawa, ang mga tunog at amoy sa kanilang tahanan. Di pa rin niya mapangalanan ang damdaming iyon. Di siya makatulog, at natakot siya sa dilim, at parang kay-ilap ng ligaya. Ilang ulit siyang napahalinghing at napabangon at nasakal sa hangganan ng maikling kadena sa kaniyang liig.

Tuwing di na niya makayanan ang damdaming iyon ay bigla siyang kumakahol, at saka umaalulong. Datapuwat sinusutsutan siya at binubulyawan ni Bagong Amo, na kung nagkataon pang mainit ang ulo ay lalabas at tatadyakan siya sa tadyang at papaluin siya ng patpat sa likod.

Mahihiga siyang tahimik sa lupa, nakasandal sa haligi, pinamumulahan ang mata ng luhang-aso, maga sa tadyang, lamog ang likod, masakit ang loob, sugatan ang damdamin. At pipilitin niyang matulog.

Isang gabi, matapos siya uling bugbugin ni Bagong Amo, nahiga si Kiss sa lupa, at muli niyang pinag-isipan ang antak ng pangungulilang iyon, ang kirot sa kaniyang pusong-aso na ubod ng hapdi at walang paghilom. Mabuti pa ang mamatay, ang isip niya, pagkat mukhang si Original Amo ay talagang di na darating, at si

Bagong Amo naman ay walang kahit kaunting pagtingin sa akin. Pumikit siya at nanaginip ng electric trains, na kaniyang tinahul-tahulan at hinabol nang walang katapusan.

Kinaumagahan, nang datnan siya ng katulong, nakangiti pa siya 't nakaliyad ang tiyan, ngunit sumabog ang puso niya sa labis na tuwa, kayat wala na siyang buhay.

1994

RELASYON

At ito naman ay tungkol kay Carissa.

Wala na siya sa buhay ko, subalit paminsan-minsa 'y naaalaala ko pa siya.

Para siyang langit na bughaw kung kaunti ang ulap at malakas ang araw — may aandap na kidlat sa kalayuan, at akala mo 'y na-malikmata ka lamang.

Para siyang malawak na bukid kung tag-init, kung ang palayan ay tagpi-tagping dilaw-mais at dilaw-tanso at dilaw-nangka at dilaw-kosmos hanggang sa abot-tanaw — at sa dulo niyaon ay may kamatsileng bukod-tangi 't madahon, sa krus na pilapil.

Para siyang dula na walang ibig sabihin ngunit maraming kahulugan — o kaya 'y walang kahulugan ngunit maraming ibig sabihin.

Para siyang riles ng tren na inilatag sa dagat — daang-bakal sa maalong tubig-alat sa sinumang handang makipagsapalaran sa paglalakbay.

Iyan si Carissa, sa aking buhay.

Una ko siyang nakilala sa poetry reading nina Blanca Gaston at Aster Colayco at Hope Nocum sa Chew Chew Junction, sa Cubao. Bagamat kababaihan ang karamihang naroon (kaugnay ang reading ng launch ng feminist poetry anthology na pinamagatang *Bathaluman Blues* ng New Day), may mangilan-ngilang lalaki (kamag-anakan, kasintahan, kasosyo, kaibigan at kung sinong nagpupumilit na sila man ay feminist) na dumalo sa launch, na sinundan ng reading, na sinundan ng open forum, na sinundan naman ng cocktail buffet.

Naroon ako bilang tagasubaybay ng makata at mandudulang si Blanca Gaston.

Naroon si Carissa pagkat kaligayahan niya sa buhay ang pagtitipong gayon. Isa siyang launch groupie: may hilig sa mga batang manunulat ("Gusto ko rin' maging writer, Vir, kaya 'intrigue ako sa kanila." Salin: Turuan mo naman akong magsulat. "Di magsulat ka. Gano'n lang kadali, Carissa." "Ayoko, hirap na hirap ako. Pag-umpisa ko pa lang, nabubuhol na 'ko sa salita." Salin: Hindi naman ako seryoso, e.); may hilig sa mga bagong-labas na akda (na di man niya binibili 'y hinihiram sa U.P. Library o sa library ng sinumang may library); at may hilig sa mga libreng kainan (pagkat madalang magpa-money order ang ama niya sa Tacloban, at ang kaunti niyang perang hawak ay nakalaan na sa matrikula at boarding house).

Kung mayroon siyang kailangang puntahan, pilit siyang makikiangkas sa kamag-aral na may sasakyan. Kung kailangan niyang magbihis nang pustura, manghihiram siya ng

damit sa co-boarder na mayaman. Kung kailangan niya ng pera, manghihingi siya sa kahit sinong kaibigan. O kaya, mangungutang. O kaya, pipili ng taong mukhang malinis at mapagkakatiwalaan — at saka siya mag-aalok ng kaniyang katawan.

Di ako pinakilala kay Carissa, at di rin siya pinakilala sa akin noong hapong iyon. Kusa siyang lumapit sa kinatatayuan ko sa likod ng reading room, at doon siya lumagi sa tabi ko at saka nagpakilala.

"Vir Basilio? Carissa Nespral. (Paseksi.) Philippine Studies major ako sa U.P. (Pa-academic.) Napanood ko iyong play mo. (Pabitin.)"

"Alin?" kagat ko sa kaniyang pabitin.

"Iyong sa Tanghalang Ateneo."

"Sophomore pa 'ko no'n."

"Alam ko, graduating ka ngayon. Philippine Studies din. Ako rin sana, kaya lang, an' da'i kong back subject. So who said life is easy? Me bago ka na bang nasulat?"

At di na siya umalis sa tabi ko.

Sa gilid ng mesang hinainan ng pika-pika, pinakilala ako ni Blanca kay Glenn Avila, na batang manunulat din at junior student ng B.S.E. Physics sa Philippine Normal University.

"Si Glenn, poet din, tsaka associate editor siya ng *The Torch,*" paliwanag ni Blanca.

"Glenn, si Virgilio Basilio, iyong young playwright, otherwise known as Vir, otherwise known as Virge."

"Vir for Man, Virge for Never Mind," dagdag ko.

"Puki mo," bungisngis at siko ni Carissa.

Pinamulahan si Glenn.

At pagkat walang ibang nakipagkiskisan ng balikat sa amin pagdating sa dulo ng pila, kaming tatlo ang nagsamang kumukot ng taquitos at baked mussels at hot dogs at chicken wings at mini-siopao at pork barbecue sa malayong sulok ng Chew Chew Junction, kung saan kami naupo 't nagpanimbang ng paper plates at plastic cups — kami ni Glenn sa aming mga palad at tuhod at kopya ng *Bathaluman Blues*, si Carissa sa kaniyang mga hita.

Pinag-usapan namin nang may-halong-tawa ang mga kagitla-gitla naming pangarap: ang akin, maging "major Filipino playwright" at makapagpatanghal ng mga dula "sa New York"; ang kay Glenn, makatanggap ng "maraming awards" at maging "bantog na makata ng bayan"; ang kay Carissa, maging "novelist kaya, o kaya short fiction writer — kasi, meron nang poet tsaka playwright."

"Mag-review ka na lang," mungkahi ni Glenn, "para me mag-rave ng isusulat namin."

"O, sige," tango ni Carissa. At bigla kaming nagtawanan.

Bitiw ni Carissa, "Tawa tayo nang tawa, pero sa totoo lang, sana totoo nga."

"Tawa tayo nang tawa," biro ko, "gusto natin' mag-asawa."

Patapos na kami sa pagkukukot nang mahulugan ng barbecue stick si Carissa mula sa kaniyang paper plate.

"Ay, puki!" bulalas niya.

Pinamulahan uli si Glenn.

"Carissa," ngisi ko, "iyang bunganga mo."

Alas siyete pa lamang nang maisipan naming kumalas sa lugar na iyon.

Pumuslit kami sa makitid na entrance ng restawrang hugis-tren, at sa labas ay sandaling nagpakasasa sa sariwang hangin ng takipsilim. Nangakasindi na ang lobo-lobong merkyuri sa mga palibot na daan ng Araneta Center.

"Maaga pa, maglakad muna tayo," anyaya ko.

"Ako, okey lang," mabilis na tugon ni Carissa. "Me curfew kami sa boarding house, pero anytime, makakapasok ako do'n."

"Glenn, sa'n ka nakatira?"

"Antipolo ako, pero me d'ala 'kong tsikot."

"O, tara," sagot ko. "Teritoryo ko 'to."

Tumawid kami sa maliit na parking lot at sumakay sa lumang Corona ni Glenn. Una 'y binalak naming maglakad na lamang hanggang Fair Plaza, o kaya 'y hanggang Isetann; datapuwat pagkat may sasakyan si Glenn ay nironda namin yaong mga bahagi ng Cubao na tanging taong-Cubao lamang ang nakaaalam: mga eskinita at pasilyo sa mga looban, mga hole-in-the-wall na palamigan, mga kainan sa mezzanine ng mga lumang building, mga tindahang tago at walang karatula at hindi naiilawan.

"Ito ang tunay na Cubao," pagmamalaki ko, "hindi ang commercial center na kilala ng tao.

"Ito ang Cubao na unang sumibol dito may kalahati nang dantaon — dahan-dahang tumanda, naging luma, natabingan ng lahat ng bago."

"'Galing mong tourist guide," paghanga ni Glenn.

At si Carissa 'y namangha sa mga sulok at singit at kanto ng Cubao na ngayon lamang niya nakita, at ngayon lamang napagmasdan.

"Ito siguro ang Cubao ng mga playwright," deklarasyon niya.

Bandang alas diyes ay nasa likod kami ng malamlam na yungib ng Kauban, tumatagay ng Red Horse at namimingwit ng kinilaw at

matamis na dilis at inihaw na talaba sa mga platitong nangibang-kulay sa sinag ng mga ilaw na pula, at bughaw, at dilaw. Di na ang Cubao ang laman ng usapan namin kundi ang mga sarili namin.

"'Balita sa U.P., Vir, A.C.-D.C. ka raw," sabi ni Carissa.

Nagkibit-balikat ako.

"Sa totoo lang, iyong girlfriend mo nung high school, naging classmate ko sa AS, History. Mahal na mahal ka daw, pero hindi mo pinagtapat na A.C.-D.C. ka. Nasaktan siya. Para daw dinaya mo siya."

"Kasalanan ko iyon," amin ko. "Ang mali ko ro'n, siyota ko siya, at the same time me siyota 'kong upperclassman.

"Gago pa 'ko no'n. Hindi ko na uli' gagawin iyon."

"Ang alin?" salo ni Carissa. "Ang mag-siyotang babae o ang mag-siyotang lalaki?"

"Ang mag-siyotang babae tsaka lalaki 'ng sabay," palinaw ko.

"Puki mo!" Humalakhak si Carissa.

"Hindi, serious lang. Kasi, 'di lang isa 'ng nasasaktan. Dalawa. Gawin mo nang tatlo — siyempre, kasali 'ko."

"E, ngayon — me siyota ka ba?"

"Wala."

"Kahit babae, kahit lalaki?"

"Wala."

"Pareho tayong zero," buntunghininga niya.

"Ikaw, Glenn, zero ka rin ba? Magsalita ka naman," pabuntot ko. "Ba't ganyan ang titig mo — mukha ba 'ko' asuwang?"

"Ngayon lang kasi ako nakakilala ng bisexual," pagtatapat ni Glenn nang may kaunting hiya.

"Puki mo!" halakhak ni Carissa.

"Masarap maging bisexual," ngisi ko. "Iyon nga' secret ko, kaya prolific ako' magsulat. Nakaka-empathize kasi ako sa mas maraming character. Nasasakyan ko pareho 'ng babae tsaka lalaki."

"Literally tsaka figuratively," hagikgik ni Carissa.

"Walang 'stir," dugtong ko. "'Di mo ba napapansin, ang ibang playwright, deretso lang, o kaya, bakla? Malaking restriction iyon. Very limited sila, very limited din pati creativity nila. Ang feeling ko, ako 'ng nakakalamang."

"Agree," tango ni Carissa.

Napakunot-noo si Glenn. "S'abi kasi nila, wala naman' bisexual, 'di ba — either deretso ka lang, o bakla."

"'Ibig no'n' sabihin, kung deretso ka, predominantly' deretso ka; kung bakla ka, predominantly' bakla ka.

"Para sa 'kin, lahat ng tao, bisexual. Ayaw lang nila' aminin. Aminin man nila, ayaw nila' patotohanin.

"Kasi, nahihiya sila.

"O kaya, nakakagulo sa buhay nila.

"O kaya, natatakot sila.

"Pero kung writer ka — kung writer ka, iba 'ng isip mo, iba 'ng tingin mo sa karamihan. Hindi ka dapat mahiya. Hindi ka dapat maguluhan. Hindi ka dapat matakot."

"Ako siguro, predominantly' deretso," iling ni Glenn. "Hindi ako na-a-attract sa kapuwa ko lalaki, sa babae lang."

"Ayaw mo bang maranasan?" ngiti ni Carissa.

Sandaling tumahimik si Glenn. "Actually, wala pa 'ko' karanasan. Kahit ano' klase." Pagkatapos, kay Carissa: "O, ba 't ganyan ang titig mo?"

"Ngayon lang kasi ako nakakilala ng virgin," bulalas ni Carissa.

Sabay-sabay kaming naghalakhakan.

"Ako nga, hulaan n'yo kung ano," hamon ni Carissa sa aming dalawa.

"Palagay ko, bisexual," sabi ko.

"Palagay ko, deretso," sabi ni Glenn.

"Pareho kayo' mali," ngisi ni Carissa. "Sa totoo lang, lesbiyana ako."

Naghalakhakan kami ni Glenn.

"Puki n'yo!" tutol niya sa reaksiyon namin. "Totoo!"

At sa saliw ng malungkot na ballad sa magaralgal na jukebox ng Kauban, sinalaysay sa amin ni Carissa ang kuwento ng kaniyang buhay:

"Taga-Tacloban ang family ko. Nakatira sa isang pagka-cheap-cheap at pagkaliit-liit na subdivision do'n. Old-fashioned ang mga tao do'n, makitid ang isip, sarado 'ng isip, hindi enlightened, hindi alam kung ano iyong New Age. Para sa mga iyon, lesbiyana ka lang kung tomboy ka, gano'n pa rin' ka-gothic ang mga tao do'n. Kaya nga 'tapos ng high school, kahit 'di ma-afford ng parents ko, pinilit ko na' umalis do'n.

"'Father ko, me puwestong dry goods sa palengke, maliit lang iyon. 'Mother ko, government employee sa GSIS. Tatlo kami' magkapatid, dalawang lalaki, isang babae, ako' bunso. Iyong kuya namin' panganay, me asawa na, nakatira sila sa Borongan. Iyon naman' isa, high school graduate lang, nag-training sa Navy, 'bakasyon ko lang nakikita.

"Corny, kasi, very stereotype ang situation ko — I mean to say, only girl ka, kaya naging lesbiyana ka. Okey, nung maliit ako, gusto ko, magkaro'n ng sister, humingi ako sa mother ko ng sister, pero hindi na puwede talaga. Me pinsan ako, me best friend na kapitbahay, parang sister na rin, pero gusto ko' magkaro'n, totoong sister, iyong sister talaga. 'Pag naglalaro 'ko mag-isa, nag-fa-fantasize tuloy ako, me sister ako, hindi lang isa — tatlo, apat, dalawa. Sa elementary, would you believe, sa kaka-fantasize ko, nakakakita 'ko ng mga duwende, an' dami-dami, sa labas ng bahay, sa bakuran, sa sampayan, ganyan lang kataas, me isa pa, kulay-blue iyong mukha, pati kamay, pati balbas, kulay-blue, tsaka tawa siya nang tawa. Sa 'kin lang sila nagpapakita, kasi hindi sila nakikita nung mga tao sa bahay, nung mga pinsan ko, nung mga kapitbahay. Kung wala 'ko sa labas, pinapasok nila 'ko para laruin, kahit kumakain kami sa dining room. Hinihila nila 'ko, pinipingutan, kinukurot, kinakagat, nagkakalamog tuloy iyong balat ko, sometimes nilalagnat ako, until one day, pina-albularyo ako ng father ko, tsaka lang sila nag-stop. From then on, gumaling ako, hindi ko na uli sila' nakita.

"Teka, nasa'n na ba 'ko, ba 't ba sa duwende napunta' usapan —

"Gan'to kasi, nung maliit ako, mahilig ako sa dolls, alam n'yo, sa totoo lang, me collection akong dolls, iyong iba lang, nagkasira-sira sa kalumaan, pero marami akong dolls, meron pa 'kong tea set na plastik, tsaka lutu-

lutuan (terracotta, say n'yo), iyong seven pieces, complete, me kasama pang sandok tsaka sangkalan, tsaka meron ako nung maliit na aparador, tsaka iyong maliit na tukador, iyong cheap, iyong palo-tsina tsaka me salamin, iyong super-super-cheap na kulay-orange ang barnis, me naka-enamel-paint pang flowers, sa palengke lang nabibili. In other words, hindi ako iyong type na umaakyat ng puno, ng monkey bars, nakikipagbuntalan, nakikipagbaril-barilan, nagpapaikli ng buhok, nagsusuot lang ng pantalon — iyong tipong paglaki no'n, naka-wet-look na gel, naka-men's shoes, naka-men's watch, naka-I.D. bracelet na makapal, nanunutok ng chicks, alto voce, de-anggulo' makatingin, kun' 'di bodyguard, bouncer, kun' 'di bouncer, konduktora. Huwag ka nga mag-wise crack, Glenn, nawawala 'ng concentration ko.

"Nawala man iyong mga duwende nung maliit ako, 'patuloy pa rin iyong pag-fa-fantasize ko tungkol sa mga imaginary sister ko.

"At the same time, iyong mga kuya ko, thirteen tsaka twelve noon. Inosenteng-inosente kami no'n, sabay-sabay pa kami' naliligo sa banyo, naliligo pa kami sa San Pedro Bay.

"Then, one day, nawala iyong pagka-inosente ng mga kuya ko, tsaka nawala iyong pagka-inosente ko. Naliligo kami sa banyo, 'father namin, nasa palengke, 'mother namin, nasa GSIS.

"At first, kinabahan ako, inisip ko kasi, masama iyon, bawal iyon, mag-asawa lang ang gumagawa no'n, baka me mangyari sa 'kin,

baka magkasakit ako, baka magka-baby ako, gano'n. 'Tapos, nasarapan ako. Kasi, parang nakakakiliti, e — bata 'ko no'n, ha, wala pa 'ko' alam tungkol sa sperm tsaka sa ovum, tungkol sa orgasm, tungkol sa climax.

"Naging secret naming tatlo iyon.

"Hindi namin sinabi sa parents namin, hindi namin sinabi kahit kenino, basta, hindi namin pinag-usapan.

"Tsaka hindi lang minsan iyon.

"Kun' 'di sa banyo namin' ginagawa, doon sa bedroom.

"Noon.

"Hanggang ngayon.

"Kahit me asawa na iyong kuya ko.

"Kahit iyong isang kuya ko, maraming siyota.

"'Pag nasa bahay kami, magtitinginan lang. Gano'n. 'Tapos —

"— Iyon.

"Now, what's the point of all this — Glenn, tumahimik ka diyan, hindi ito lektyur, ha, hindi kita hinihingan ng insight — the point is, sa tinagal-tagal ng relasyon ko sa mga kuya kong gano'n, napag-isip-isipan kong ayoko pala ng buhay na me gano'n. Pinilit ko sa father kong pag-aralin ako sa Manila, kahit bobo ako, kahit

hindi 'ko puwede' maging scholar. Kahit wala nga 'kong pera, lumalabas akong me bag, kahit iyong bag, walang laman — alikabok lang tsaka isang tissue na tiniklup-tiklop — makita lang ako ng taong naka-bag, masabi lang nila na meron akong bag. 'Pag walang-wala na talagang pera, gumagawa 'ko ng paraan.

"So, 'eto 'ko ngayon — wala na sa Tacloban. Nasa Manila na.

"But deep in my heart of hearts (ma-take n'yo iyon, ha, ma-take n'yo iyon), iba na 'kong klaseng tao.

"Unang-una, siguro, nagsawa na 'ko sa sex, para sa 'kin, very boring na 'ng sex, parang iyon na lang nang iyon, I mean to say, para sa 'kin, hindi na iyon exciting, kung minsan, in the middle of the act, kung anu-ano na lang iyong iniisip ko, like iyong oral report ko, iyong midterms, iyong thesis topic ko, iyong mga kuwatrong ilalakad ko, basta, hindi iyong sex, hindi iyong partner ko, hindi iyong performance ko, kasi, naging masyado nang mechanical, para ka na lang naglalaba ng T-shirt.

"Ikalawa, siguro, nagsawa na 'ko sa lalaki (meron bang gano'n, Vir?), kasi, para sa 'kin, parang iyon na rin nang iyon, malaki 'ng katawan, malakas, madiin ang kamay, very firm tsaka muscular iyong dibdib, sila' magtatrabaho, ku' mi'san, puwede mo pang atsuyin — I mean, so what, hindi ba? I mean, I can appreciate a handsome face and a great personality, pero beyond all that, so what? Hindi ba? Hindi ba? O — napapaisip na naman si Glenn.

"Ikatlo, the more I think about it, the more yata' hindi ko ma-take ang sex organ ng lalaki. Parang walang esthetics. Parang walang — I mean, parang walang streamlining, walang architectural sense. Bakit matigas tsaka mahaba — oh, well, teka muna, okey, alam ko kung ba't ganon — pero bakit iyong head, gano'n, tsaka iyong shape nung head, tsaka bakit me naka-circumcise, iyong iba naman, ayaw magpa-circumcise — Glenn, puki mo, sasapakin kita diyan — tsaka bakit nakalabas pa iyong balls, bakit kailangan, ganoon, nakasupot, me line pa sa gitna iyong supot, tsaka iyong skin, kulu-kulubot, tsaka correct me if I'm wrong, pero hindi pa 'ko nakakita ng lalaking me balls na pantay-pantay.

"Very existential ba?

"Sa madaling salita, hindi ko makita' sarili ko na pa-date-date diyan, or as a typical housewife, or as a typical whatever na me kasamang gano'n, tsaka me gano'n' klaseng buhay."

"Do you hate men?" tanong ni Glenn.

"Of course not. Huwag ka' ganyan, stereotype din iyan. Ang bakla ba, do they hate women? Ang bisexual ba, do they hate men and women?"

"Lumiligaw ka ng babae?"

"Kung gusto ko lang."

"Pa'no nila alam?"

"Ikaw, Glenn, virgin ka talaga. Ke bakla, ke bisexual, ke tomboy, ke lesbiyana — isa lang ang paraan: ipapaalam mo lang sa taong kursunada mo, me kursunada ka sa kaniya."

Nang magsawa kami sa atmosphere ng Kauban, tumuloy kami sa bahay namin, sa compound ng mga Basilio, sa Vancouver Street. Tulog na ang lahat, pati na ang mga katulong, pati na ang boy na gawi naming gisingin upang magbukas ng pintuan — ngunit may sarili akong susi, kayat nakapasok kami nang walang ingay, maliban sa sandaling pagkakahol ng Japanese Spitz sa kabilang bahay.

Nagkape kami at nag-blueberry cheese-cake sa den ni Dad (nasa Occidental Mindoro siya noong panahong iyon), pagkatapos ay salit-salit na nag-Solitaire sa Windows program, pagkatapos ay kumatha ng mga kaululan sa WordPerfect 5.1, pagkatapos ay nakinig ng Robbie Gass sa tape deck, pagkatapos ay nag-laro ng Hero Quest, pagkatapos ay naglabas ako ng joint at nahiga kami sa malalaking throw pillows sa carpet.

"'Tulog muna tayo," maya-maya 'y hikab ni Glenn.

Sabi ko, "Patayin natin ang ilaw."

Bumangon ako 't tinodo-pihit ang dimmer sa dingding.

"Ay, puki!" hiyaw ni Carissa, pagkat habang pumipili ng malambut-lambot na throw pillow ay bigla nang nagdilim.

"Nasa'n?" tawa naman ni Glenn.

At ang sabi ko, "Hanapin natin."

Naghubad ako ng damit sa pahapyaw na liwanag ng buwan sa silat-silat na blinds, at naghubad din si Carissa. Lumuhod ako sa carpet at nahiga sa siping niya. Dahan-dahan kong hinalikan at hinipan ang kaniyang mukha — ang nakapikit niyang mata, ang ilong niya, ang mga pisngi niya, ang mga labi niya. Dahan-dahan kong dinaanan ng daliri ang kaniyang liig, at ang kaniyang mga balikat, at ang pagitan at palibot ng kaniyang boobs, at ang kaniyang pusod, at ang private na bahagi sa ilalim noon . . .

Wala siyang kaimik-imik. Walang katinag-tinag.

Dahan-dahan kong ibinuka ang mga binti niya. At saka ko siya pinatungan.

Nang matapos ako kay Carissa 'y naghubad din si Glenn.

Nahiga siya sa siping ni Carissa, at pinagmasdan muna niya, sa mapaglarong dilim, ang hubad niyang katawan.

Hinalikan siya ni Carissa. Pagkatapos ay dinilaan sa dibdib. Pagkatapos ay nginat-ngatan ng utong. Pagkatapos ay binigyan ng BJ.

Pumatong si Glenn kay Carissa.

"Wow," dinig kong bulong ni Glenn, "wow, gan'to pala, wow . . ."

May alas tres na ng madaling-araw noon.

Nang muli kong buksan ang ilaw, nagbihis kami at isa-isang naghilamos sa banyo.

"More coffee?" alok ko, ngunit tumanggi sila.

Pinatay ko ang Robbie Gass sa tape deck.

Lumapit sa akin si Carissa.

"Pahiram naman ng pan'-taksi, Vir," pakiusap niya.

"It's all right," pa-gentleman ni Glenn. "'Hahatid kita."

Sinamahan ko sila sa driveway, kung saan ipinarada ni Glenn ang kaniyang sasakyan. Hinalikan ako sa pisngi ni Carissa, at saka niya hinilang pasara ang pintuan.

Hinintay kong lumiko sa daan ang lumang Corona, upang ihatid si Carissa sa kaniyang boarding house, upang ibalik si Glenn sa kaniyang bahay sa Antipolo, bago ako muling pumasok ng bahay . . .

. . . Lumipas ang dalawang linggo bago muli kong nakita si Carissa.

"Hi," pa-seksi niya sa telephone. "Remember me — the crazy, mixed-up kid from Tacloban?"

"How can I forget?" sukli kong ma-take-mo-ba-iyong-"How-can-I-forget?"

"Puki mo," tawa niya sa linya. Pagkatapos, "Kumusta ka na?"

"Ikaw?" sukli ko na naman.

"'Eto — crazy, mixed-up kid from Tacloban pa rin. Nakuha ko iyong number mo sa high school yearbook n'yo (in case you wanted to know)."

"'Sa'n ka ngayon?"

"'Sa boarding house."

"Me ginagawa ka ba?"

"Oo, kinakausap kita. Corny! — belat, naunahan kita."

"Hindi naman iyon ang sasabihin ko."

"Bakit, ano ba' sasabihin mo?"

"Sasabihin ko, 'Bakit mo 'ko kinakausap?'"

"Kinakausap kita, kasi, it's a Saturday. Alam ko, wala ka rin' magawa — puwera lang kung me back subject kang C.M.T."

"So?"

"L'abas tayo."

"Anong klaseng l'abas?"

"Shut up and let's just get together. Magkita tayo sa Shakey's Katipunan."

Doon ay pinaghatian namin ang isang Masterpizza (maraming black pepper ang hati ko, at maraming hot sauce ang hati niya) at isang pitsel na draft beer, samantalang nagsasatsatan tungkol sa bagong production ng U.P. Rep sa Guerrero Theater.

Iba ang ayos ni Carissa noong hapong iyon: may ginawa siya sa kaniyang buhok kayat nagparang mahaba sa rati; may bahid ng kolorete sa ibabaw ng kaniyang mga pisngi; mapula at makislap ang kaniyang mga labi. Maging ang damit niya ay malayo sa Muslim blouse at white slacks na suot niya noong poetry reading; sa halip niyon ay nakabestida siyang kulay-mustasa.

Binati ko ang kaniyang bagong anyo.

"Nag-aayos ako 'pag magulo ang buhay ko," sagot niya.

"Sigurado ka bang magulo ang buhay mo? Baka 'sing-ayos lang ng buhay ng ibang tao."

"Kaninang umaga lang, nag-volunteer ako' mag-subject sa mga batch-mate ko sa Psych. Binigyan ako ng Thematic Apperception Test. 'Analysis ba naman, manic-depressive ako, tsaka me pagka-paranoid, tsaka me suicidal tendencies. Lalo ako' na-depress."

Tumawa ako.

Pagkatapos, bigla niyang tinanong:

"Ilang babae at lalaki na ba 'ng di-nate mo dito?"

Nagkibit-balikat ako.

"Si Opal, di-nate mo ba dito?"

"Noon. Minsan."

At bigla ko ring tinanong: "Kumusta naman si Glenn — nako-kontak mo pa ba?"

Nagkibit-balikat siya (galaw na napulot niya sa akin) at umiling (galaw na napulot niya kay Glenn). "Ewan. Bakit, ikaw, nako-kontak mo pa ba?"

"Hindi nga, kaya tinatanong kita."

"Gusto mo siya' ma-kontak?"

"Okey lang kung puwede, okey lang kung hindi."

"Ikaw talaga, you're neither here nor there."

"At ikaw, blow-hot, blow-cold."

"Smart aleck."

"Cat Woman."

"Tumigil ka nga."

"Ikaw ang nag-umpisa."

"All right, kung gusto mo' malaman: pinagpilian ko kayo' dalawa."

"And?"

"So sino ba' kasama ko ngayon?"

Namasyal kami sa Ali nang wala nang ibang mapag-usapan at wala nang ibang mapuntahan. Naghawakan kami ng kamay — walang malisya, walang romansa. Magkapatid, magkaibigan lang. Ako, soul brother sa kaniya. Siya, soul sister sa akin.

Sumaglit kami sa Papemelroti pagkat naakit siya ng isang dollhouse sa eskaparate — may dalawang palapag, may garahe, may sala, may kumedor, may kusina, may hagdanan, may silid-tulugan, may banyo 't kasilyas. "Ang cute! Ang cute-cute!

"P'asok tayo," yakag niya.

Sa loob ng shop, pareho kaming naaliw sa maririkit na muwebles at kandelero at plato at pigurin.

"'Pag nagkabahay ako, Vir, gusto ko, country ang theme. Iyon ang pinakamurang maganda, e. Iyon lang ang abot ng budget ko.

"Gusto ko, tisa ang sahig, sa bintana, checkered curtains na me satin ribbons tsaka edging na lace, maraming baskets, maraming jars, maraming shelves, me secretaire, iyong kusina, me tin cannisters na graduated ang sizes, me wooden ducks, me items na cardboard tsaka papier-mâché, iyong table dressings,

maraming pleats, maraming flounces, tsaka ang color scheme na gusto ko, red and white and green."

"Alam mo, Carissa," sagot ko, "para kang hindi lesbiyana."

Saka siya humarap sa akin, may hinanakit sa mata at palaban ang tinig.

"Bakit, paano ba dapat ang lesbiyana?"

Saglit akong natigilan.

"Ang bakla, paano ba dapat?" patuloy niya. "Dapat ba, naka-make-up, dapat ba, naka-drag? Dapat ba, walang bigote, dapat ba, mahaba ang buhok, makulot ang boses, ma'lantik ang daliri, pakembut-kembot ang lakad?"

"Okey, okey," pampahinahon ko. "Touché."

"En garde!" muli niyang pagsangga. "An eye for an eye and a tooth for a tooth."

"Ang hilig mo talaga sa mga idiom na cliche."

Saglit siyang napangiti. "Take it or leave it, it's part and parcel of my personality, besides, they're oldies but goodies, they keep me from going bananas, I just dance to the music, 'cause I don't want to stick out like a sore thumb."

"You drive me up the wall," tawa ko.

"That's just too bad, because you really turn me on."

"So light up my life."

"If you put me on a pedestal."

"No sweat."

"I like your style."

"You're one in a million."

"That is saying a lot, 'cause I take to you like a duck takes to water."

"So let's get on with it."

"Don't put the carriage before the horse, now. I have to straighten out a few kinks first."

"You look A-okay to me."

"I'm not exactly ramrod-straight."

"Not to worry. I'm as gay as Paris myself."

"Meaning, are you Mr. Goodbar? Or are you looking for him?"

"Now, wait a minute, let's not mix apples and oranges here — "

"My mind's a-whirl!"

At sabay kaming naghalakhakan.

Binilhan niya ako ng isang paris na maliliit na maskarang eskayola — country version ng Comedy at Tragedy — "para lagi mo 'ko' maala'la."

"Thanks, Carissa."

"You're welcome."

"Don't mention it."

"Anytime."

"Well, thanks once more."

"You're welcome for that one."

"Don't mention it — again."

"Anytime — again."

"Puki mo!"

Muli kaming naghalakhakan, pagkatapos ay pinagmasdan ko ang mga maskara.

"Alin ka dito sa dalawa?" biro ko.

"Kung ikaw iyong Comedy, ako iyong Tragedy. Kung ikaw iyong Tragedy, ako iyong Comedy."

"We could step into each other's shoes from time to time."

"That sounds like a good idea."

"And see eye to eye."

"So long as that isn't tongue-in-cheek."

Tumawid kami patungong Rustan's, at doon ko siya binilhan ng tatlong yellow roses at isang kahong Cadbury's.

"Sweets for the sweet."

"You shouldn't have."

"It's the least I could do."

"Well, I couldn't ask for more."

"Besides, there's something about you."

"You are such an eager beaver."

"What you see is what you get."

"Are you leading me down the garden path?"

"You know the ins and outs."

"I'm just following your footsteps."

"Then let me show the way."

"Like the blind leading the blind?"

"I can do it with my eyes closed."

"That went in one ear and out the other."

"I really know you like the back of my hand."

"And I know what makes you tick."

"I guess we click."

"It does take two to tango."

"May I have this dance?"

"I have two left feet."

"I won't let you step on my toes."

"You may be in for a let-down."

"I'll take the risk."

"Don't stick your neck out too far."

"Life is not a bed of roses."

"That's the way the cookie crumbles."

"I take everything in stride."

Pagbalik namin sa Katipunan, sumakay kami ng shuttle na U.P.-Kanto at hinatid ko siya sa kaniyang boarding house.

"Have a nice time?" tanong ko.

"Don't you see me smiling from ear to ear?"

"Does that mean I'll see you again?"

"You know where to find me."

"By hook or by crook."

"Cross your heart and hope to die?"

"There's no two ways about it."

"Thanks for meeting me halfway."

"You can count on it."

"And so goodbye."

"Take care."

"God bless."

"Sleep well."

"Pleasant dreams."

"Absence makes the heart grow fonder."

"I'll hold up the torch for you."

"One for the road?" Hinalikan ko siya sa pisngi.

At, bago ko siya iwan, "Vir, alam ko, dyahi naman, pero — uutang sana 'ko sa 'yo. Kailangan ko lang."

Hindi siya nagpasalamat para sa flowers at chocolates . . .

. . . Carissa, Carissa, Carissa . . .

Si Carissa noong birthday ko, noong pilit siyang mag-blow-out ng lunch sa Champagne Room (ng perang malamang ay inutang niya sa iba). Si Carissa noong Christmas Eve, noong regaluhan niya ako ng bagong labas na Tag Heuer ("Carissa, sa'n mo kinuha 'ng pambili niyan?" "Huwag ka nga' bastos — isuot mo lang iyan." "I am scandalized." "Basta, isuot mo

s'abi, puki mo!") Si Carissa noong Valentine's Day, noong magdamag kaming nag-lovemaking sa Sulo Hotel (sa kama, sa banyo, sa sahig, sa balkon), pagkatapos ay nagpa-breakfast-in-bed kinaumagahan. Si Carissa noong graduation ko, at noong mag-overnight kami sa Agoo Playa, at noong unang araw ng first job ko bilang technical writer sa Population Center Foundation. Si Carissa kung araw. Si Carissa kung gabi. Si Carissa kung kami 'y aburido 't naglalakad sa kantu-kanto, si Carissa kung kami 'y ganado 't nagbababad sa mga gay bar, o kaya 'y nagku-cruise sa mga kalsada, o kaya 'y nakikihalubilo sa baras boys at paka sa labas ng Ali o kaya 'y nang-ooras ng hagipan over-the-baras sa loob ng Ali. Si Carissa kung nakahiga kaming magkasiping sa kama, at ikukuwento ko sa kaniya ang lahat ng lalaking natipuhan ko, at ikukuwento niya sa akin ang lahat ng babaeng natipuhan niya.

Noong huli niyang semester sa U.P., nakatunog kami ng paupahang silid sa Cubao — isang bodega sa loob ng bakuran nina Danny at Neomi Olivares, sa 8th Avenue. Nakabukod iyon sa main house, may sariling entrance at maliit na banyo 't kusina, at ang renta 'y kayang bayaran ng sahod ko. Nagpa-country-and-farm-house-roomwarming-and-pot-luck-merienda kami para sa isang dosenang kaibigan, at kahit paano 'y nagkaroon kami ng futon (mula sa manunulat at dating propesor sa U.P. ni Carissa na si Domingo Landicho) at ng wicker chairs (mula sa bodega ng aming bahay sa Basilio compound) at ng picnic-table-cum-dining-table (mula sa makata at dati kong propesor sa

Foundations of Moral Values na si Eddie Boy Calasanz) at ng gas range at ng GE Slim-Line at ng starter sets na baso at plato at tasa at platito at kubyertos at wall mirror na may kuwadrong seashells (na naka-indefinite loan mula kina Danny at Neomi Olivares). At rocking chair na walang paglalagyan. At tatlong punch bowl na hindi namin kailangan. At osterizer na hindi namin nagamit kahit minsan.

Tuwing araw ng suweldo 'y naroon siya, maagang dumating mula sa huling klase niya, nakaabang sa iuuwi kong "Papemelroti surprise": Isang piggy bank. Isang potpourri dish. Isang munting wall hanging. "Tsaka na iyong tisang sahig tsaka checkered curtains tsaka baskets tsaka jars tsaka shelves tsaka secretaire tsaka tin cannisters tsaka wooden ducks tsaka table dressings na red and white and green," pangako ko.

"Saving for a rainy day?"

"Better safe than sorry."

"And better slow but sure."

"You get the drift."

"I'm keeping my fingers crossed."

"And I'll keep that under my hat."

Tinanong ko sa kaniya, bandang katapusan ng Marso, kung dadalo ang kaniyang mga magulang at kapatid sa nalalapit na commencement exercises niya.

"Not by a long shot," sagot niya. "Hindi na lang ako 'mamartsa."

At matapos niyang makuha ang lahat ng clearance at ang grading sheet niya, ang sabi niya sa akin: "Vir, 'uwi muna 'kong Tacloban."

Pagkatapos ay: "Sumama ka."

Kinausap ko ang supervisor ko sa Project Development Division ng PCF upang makapag-file ng postdated sick leave (wala pa akong annual leave pagkat probationary year ko pa lamang noon).

Nang gabing iyon, matapos naming maghapunan at maghugas ng pinggan at nakahiga na kaming magkasiping sa hihigan (actually, futon), ang sabi naman niya sa akin: "Vir, favor naman."

"Ano iyon?"

"Me hihingin sana 'ko sa 'yo."

"Magkano?"

"Huwag kang cheap, puki mo."

"E, ano?"

"Isang favor na hindi ko nahingi sa 'yo kahit kelan. Kaya lang, importante sa 'kin 'to. Sa pag-uwi ko sa Tacloban."

"Is it a matter of life or death?" tanong ko.

"Huwag ka nga' magpatawa. Serious 'to."

"Ano nga?"

Kinabukasan, nagtungo kami sa Office of the Civil Registrar sa Quezon City Hall. Makalipas ang tatlong linggo, nagpakasal kami sa huwes.

Mag-a-apply ako sana ng loan sa credit union sa opisina namin upang may ipambili ng wedding bands, ngunit nanghinayang sa gastos si Carissa, kayat bumili na lamang siya sa Papemelroti ng dalawang singsing na gawa sa pinilipit na pulang tingga at may mga crude na batong amethyst.

"Bakit amethyst?" usisa ko.

"Kasi, cute."

"Iyon lang? Walang symbolism, walang significance, walang special meaning?"

"Wala."

Yaon ang mga singsing na pinagpalit namin, bagamat nagtaas ng kilay ang huwes.

"Shall we celebrate?" mungkahi ko nang muli kaming lumabas sa Elliptical Road.

"Vir, huwag ka' mag-a'lala — it's just a piece of paper, hindi tayo kasal talaga."

"I can tell you're not jumping out of your skin."

"Gusto ko lang 'pakita sa kanila 'tong lisensiya. Gusto ko lang isampal sa mukha nila. Gusto ko, libre na 'ko, wala nang obligasyon." Lumuha siya.

"Cut the melodrama."

"Gusto ko lang — gusto ko lang, magpasalamat, Vir. I really appreciate what you did."

"So buy me a drink."

"Sa 'yo ko lang magagawa 'to — hindi sa iba."

"So now can I call you my better half?"

"Puki mo, ano ba!"

"Okey, okey — huwag ka' pikon!"

Sa harapan ng sakay naming bus na Monumento-Cubao, may matabang tomboy na tinabihan sa upuan ng maskuladong baklang naka-drag.

Biro ng konduktor: "Uy, nagsiping ang mag-asawa."

Naghagikgikan kami ni Carissa. Pag-baba nami 'y matagal kaming naghalakhakan.

Nananghalian kami sa kuwarto ng leftovers na daing at hipon noong araw na iyon . . .

. . . Carissa, Carissa . . .

Marahil ay pagkat kasama ko siya, ang Tacloban ay nagkaroon sa akin ng ibang klaseng kabuluhan. Minsan ko lang yaon nadalaw, noong buwan ng Hulyo at kapiling ko si Carissa. Madalas, pagkatapos noon, ay binalak kong magbalik doon — balak na lagi na lamang nananatiling balak pagkat malamang ay ayaw ko ring magkatotoo.

Maliit lamang ang kanilang tahanan sa V and G Subdivision, de-seis sa ibaba, de-kuwatro sa itaas, walang palitada, walang pintura, ngunit maayos at malinis. Naroon ang bakurang may sampayan, at ang nalalabing dolls ni Carissa sa kaniyang lumang collection.

("Home Sweet Home," bulong niya sa akin nang umawas kami sa tricycle, sa harap ng maliit na tarangkahan.

"No place like."

"Our poor man's castle."

"Where Papa brings the bacon.")

Maganda ang pakikitungo sa amin ng kaniyang mga magulang, at ng kuya niyang lumuwas mula Borongan, at ng kuya niyang Navyman at kasalukuyang nagbabakasyon. May panghihinampo ang kaniyang ama 't ina sa di namin pagbibigay-abiso tungkol sa naganap naming kasal, ngunit madali yaong nahalinhan ng di-maubos nilang ligaya. Nagdaos sila ng handaan: nagpapatay ng dalawang kambing at

baboy, at inanyayahan ang kamag-anakan at kapitbahayan sa kanilang bahay sa okasyon ng natapos na naming kasal. At sa okasyon ng graduation ni Carissa.

Minanhid man ng tuba ang aking pag-iisip, may nabanaagan akong ginhawa sa mukha ng kaniyang mga magulang, marahil ay pagkat ang anak nilang dalaga 'y lumagay na sa tahimik; at sa mukha ng kaniyang mga kuya, marahil ay pagkat ang kanilang kapatid na babae ay nag-asawa na. Carissa Basilio, nee Nespral.

(Virgilio Nespral, nee Basilio?)

Dumalaw kami sa dambana ng Senyor Santo Niño, at doo 'y nagtanggal muna kami ng sapatos bago tumapak sa marmol na bulwagan. Nagpasyal kami sa tabing-dagat, at doo 'y naupo sa lilim ng mga niyog, at nahiga 't nagpa-suntan sa araw, at nagpabaon sa buhangin na wari 'y puting asukal, at lumikha ng malaking sand fortress na tinirikan namin ng seashells at vigil candles. Nagpunta kami sa palengkeng-bayan, at doo 'y tumingin ng iba 't ibang habi ng ma-lalapad na banig na bilugan.

Nagtungo kami sa San Juanico Bridge, at doo 'y inakyat namin ang pinakamatayog na gulugod ng tulay, kung saan ang hampas ng hangin ay hampas ng magpakailanman, kung saan ang tanawin ay tanawin ng walang-hanggan, kung saan ang mga bakal na palikpik ay umingit at nanginig at umunday sa bawat naming galaw, sa bawat kurap ng aming mata, sa bawat naming hininga.

"Iyon ang San Pedro Bay," turo ni Carissa sa ibabaw ng steel railing. "Do'n kami naliligo, nung bata pa kami."

Naulinigan ko ang bahagyang impit sa kaniyang tinig.

"'Sang araw, 'pag 'di ko na talaga' ma-take 'lahat, dito 'ko aakyat, sa pinakamataas na parte ng tulay," ngiti niya, parang sa sarili, at malayung-malayo ang tanaw.

"Dito lumundag si Lito Lapid, 'di ba?"

"'Tapos niya' lumundag, umahon siya. 'Pag lumundag ako, hindi na 'ko aahon."

"Tara na, b'aba na tayo," mungkahi ko. "Lumalakas ang hangin, ang ginaw." . . .

. . . Sa kuwarto namin sa Cubao, paulit-ulit siyang nagpaumanhin, paulit-ulit humingi ng unawa sa akin.

"It's just a piece of paper, Vir. Wala lang iyan. Wala kang pananagutan, wala kang puprublemahin."

"Tama ka na nga diyan," tukso ko. "You sound like a broken record."

Wala siyang sinagot sa patawa kong iyon.

Pagkatapos ay dalawang linggo siyang nawala.

Nang walang pamamaalam.

Nang parang naglahong bula . . .

. . . Nang muli ko siyang datnan mula sa opisina 'y mukha siyang hapo, at para siyang namayat.

"Sa'n ka 'galing?" singhal ko. "'Di mo ba alam, I've been running around like a chicken without a head?"

"Stop breathing down my neck!"

"I've been worried sick about you!"

"I'm a grown woman, it's a free country and I can do what I want!"

"Magpaalam ka naman — huwag ka' basta bigla' mawawala!"

Sandali siyang natigilan. At sa mahinahong tinig, "Sorry. Hindi na mauulit."

Naupo siya sa wicker chair at nagpangko ng noo sa namumutlang kamay. Nilapitan ko siya 't hinagkan — hinalikan sa pisngi at niyakap — ngunit tinabig niya ang aking braso, at tinulak niya ako sa dibdib, at nagpara siyang sumabog na bulkan:

"Ayoko na, umalis ka, masakit ang puki ko!"

Ilang sandali ko siyang pinagmasdan bago nagliwanag ang computer screen sa aking isipan.

("WARNING! WARNING! WARNING!
WARNING! WARNING!
Your remaining free disk space in drive C
is 1501184 BYTES only

Please delete unwanted files before
proceeding with your application

Press any key to continue")

"Bakit?" bulong ko.

"Kasi, ayoko!" sigaw niya.

"Kasalanan iyan."

"Go ahead — arrest me!"

"The most stupid thing you ever did in your life," patuloy ko.

"I don't care!"

"Matagal na ba?"

"Tatlong buwan."

"Ba't 'di mo man lang sinabi muna sa 'kin?"

Mas malakas: "Because I don't fucking care!"

Bigla siyang tumayo. "An' dali-dali' sabihin, kasalanan iyan! Pa'no mo' alam — ikaw ba' nabuntisan? Ikaw ba' magdadala nito nang siyam na buwan? Ikaw ba' mag-le-labor pains, ikaw ba' manganganak, puki mo ba' huhugutan ng laman, puki mo ba' ma-si-stitches, puki mo ba' hahapdi tuwing iihi ka sa toilet?

"I don't fucking care!

"I don't fucking care kasi sawa na 'ko sa buhay kong gan'to, sawa na 'ko sa expectations mo, sa expectations ng ibang tao, sa expectations ng mundo, sawa na 'ko sa kaplastikan, sawa na 'ko sa kantutan! Ayoko nang 'pakantot, I hate it, I just hate it 'pag kinakantot ako, I hate it 'pag kinakantot mo 'ko, kasi, 'tapos mo 'ko' kantutin, ang feeling ko, kinakantot mo pa rin ako, kahit naka-panty na 'ko, kahit naghugas na 'ko ng puki sa banyo, ang feeling ko, kinakantot mo pa rin ako, kahit magisa na 'ko' naglalakad sa daan, kahit wala ka na, kahit wala na 'ko' kasama, ang feeling ko sa puki ko, kinakantot mo pa rin ako! Naaamoy ko pa, naaamoy kita, I can smell it in my hair, 'tapos ko' maligo I can still smell it in my hair, kahit ten times ako' maligo, kahit mag-shampoo ako I can still smell it in my hair, and I hate it, I hate it, kasi parang me pinapasok akon' tao sa loob ng katawan ko, sa loob ng kaluluwa ko, pinapasok 'tapos 'di ko na alam paalisin, and every minute of the day, ang feeling ko, kinakantot ako!"

"But I care. Kasi, asawa kita. Kasi, kinasal tayo. Whichever way you look at it, magasawa tayo."

"Sa papel lang iyon, Vir," iling niya. "Inulit-ulit ko sa 'yo, to the best of my knowledge naintindihan mo 'ko — kaya huwag mo 'ko' susumbatan, huwag na huwag mo 'ko' susumbatan. I asked your permission. Pumayag ka. Ginamit kita kasi nagpagamit ka, ginamit

mo 'ko kasi nagpagamit ako. I scratched your back and you scratched mine. Fair and square. That was the deal."

"Pero — "

Sandaling katahimikan.

"Pero mahal kita."

Sandaling katahimikan.

"Does that make sense to you at all, Carissa?"

Lumuha siya.

Pagkatapos ay muli siyang umiling. "No. No, it doesn't."

"Why not?"

"Kasi — imposibleng love ang love natin.

"Para tayo' sumakay ng tren sa dagat. Imposible, kasi lulubog ang tren. Malulunod lang tayo."

"So, let's go ahead, sumakay tayo ng tren!" sinikap kong magpatawa. "You're married to a playwright. Hindi tayo lulubog, hindi tayo malulunod. We can make it happen.

"'Di ba, sa theater, anything is possible? Kasi, kontrolado mo 'ng scene design? Kontrolado mo 'ng lighting? Kontrolado mo 'ng special effects?"

Hindi siya natawa.

"Hindi ito theater, Vir," malungkot niyang tugon. "It's reality. It's a cruel world. It's a mad, mad, mad, mad world. Everything is cut-and-dried. Everything 's spelled out in black and white."

"No ifs, ands or buts about it?"

"You hit the nail on the head."

"Gano'n lang? You just throw in the towel, you just call it a day, you just drop me like a hot potato?

"Without batting an eyelash?

"In the wink of an eye?"

Hindi pa rin siya natawa.

"Vir," malungkot ang tinig niya. "Makinig ka. I owe you an explanation. That much, I can give you."

Marahan siyang nagpunas ng mukha.

"Remember Opal?

"Si Opal na dating girlfriend mo.

"Si Opal na naging classmate ko.

"Pinilit ko' maging close ka sa 'kin, kasi, naging close ka sa kaniya. Pinilit ko' maging close ako sa 'yo, kasi, naging close siya sa 'yo. Kasi, gusto ko din, maging close siya sa 'kin. Gusto ko din, maging close ako sa kaniya.

"Gusto ko' matikman kung pa'no mo siya' niligawan, kung pa'no mo siya hinalikan, kung pa'no mo siya' hinawakan. Kasi, gusto ko rin siya' ligawan. Gusto ko rin siya' halikan. Gusto ko rin siya' hawakan. Kasi, iyong ginagawa mo sa 'kin, parang ginagawa mo rin sa kaniya. Iyong ginagawa mo sa 'kin, parang ginagawa ko rin sa kaniya.

"Nasasakyan mo ba?

"Minahal ko si Opal. Pero wala siyang kaalam-alam. 'Trato niya sa 'kin, kaibigan lang.

"'Tapos, nung last day ko sa U.P., everything just went berserk.

"Kasi, naglakas-loob ako. Kasi, last day na, kasi, last inning na. Who knows kung makikita ko pa siya? Who knows kung mabubuhay pa 'ko, kung mabubuhay pa siya?

"'Gaya ni Glenn, hindi ba? Here today, gone tomorrow.

"So, nagtapat ako sa kaniya.

"And — she laughed at me. Tumawa siya nang tumawa. Para ba 'kong pagka-cheap-cheap na freak sa sideshow na bukod sa freak na, e, nag-crack pa ng dirty joke.

"Isang disgusting, dirty joke.

"S'abi niya, 'Oh, no — not again!'

"Ma-take mo iyon, ha, ma-take mo iyon — 'Oh, no — not again!'? Parang punch line sa sitcom! Parang curtain line sa isang pagka-cheap-cheap na play!

"Gusto ko no'n' magpakamatay, gusto ko no'n' mag-evaporate, gusto ko no'n' mag-vanish, gusto ko no'n' mawala na lang! I hated life, I hated the world, I hated everything! I hated myself! I hated her! I hated you!"

"But can't we start all over again?" tanong ko. "Can't we do it right this time? Can't we give it a second chance?"

"No way, Jose."

"Let's try again, Carissa. Back to the salt mines? Back to the drawing board?

"Wala ba sa 'yo 'ng matagal natin' pinagsama? Lahat-lahat ng namagitan sa 'tin? 'Lahat-lahat ng adventures natin, 'lahat-lahat ng ups and downs, 'lahat-lahat ng kaululan?"

Ang sagot niya, "I have to go."

Siguro, noong sandaling iyon, everything just went black. Kasi, inupakan ko siya sa nguso.

Humandusay siya 't bumagsak sa futon.

Ngunit nang makita kong nagdurugo ang ilong niya ay nakaramdam ako ng —

Hindi awa.

Hindi pagpapatawad —

— Kundi biglang pagbabalik ng pag-mamahal.

Kakaibang damdamin yaon.

Di lamang basta pagbabalik.

Di lamang basta pagmamahal.

Kundi pagbabalik ng pagmamahal.

Kakaibang damdamin.

Parang alon sa buhangin, na paulit-ulit mang hilahin ng dagat ay paulit-ulit na mag-babalik pa rin.

Niyakap ko siya.

"Carissa — mahal kita."

Ngunit nagpumiglas siya. At bago siya umalis, ang sabi niya sa akin:

"Frankly, my dear, I don't give a damn!"

At binagsak niya ang pintuan.

Parang Tragedy na Comedy. Parang Comedy na Tragedy . . .

. . . Carissa . . .

Hindi ko na siya muling nakita mula noon.

Bagamat makalipas ang anim na buwan, makalipas ang isang taon ay inasahan ko pa ring magbabalik siya. Biglang tatawag sa telepono, o kaya 'y susulpot na lamang sa pintuan.

"Remember me? The crazy, mixed-up kid from Tacloban?"

Parang ghost from the past.

Out of the blue.

Like a cloudburst.

Without fair warning.

Before you could say, "Rumplestiltskin".

Ngunit lumipas ang mga taon, at hindi siya nagbalik.

Ni hindi ko alam kung nasasaan siya ngayon.

Si Carissa.

Si Carissa at ang kaniyang mga idiom na cliche.

Si Carissa at ang pangarap niyang tahanang "tisa ang sahig, sa bintana, checkered curtains na me satin ribbons tsaka edging na lace, maraming baskets, maraming jars, maraming shelves, me secretaire, iyong kusina, me tin cannisters na graduated ang sizes, me

wooden ducks, me items na cardboard tsaka papier-mâché, iyong table dressings, maraming pleats, maraming flounces, tsaka ang color scheme, red and white and green." . . .

. . . Nagdaan akong muli sa Papemelroti noong huli niyang kaarawan. Doon ay nakahanap ako ng isang toy castle na puti, gawa sa bisque ceramic at magaspang ang finish, may moat at drawbridge at turrets at parapets at mga butas na bintanang nilalagusan ng ilaw mula sa maliit na bumbilya.

Binili ko ang toy castle na iyon, at pinadala ko sa Tacloban:

Para kay Carissa:

Isang kastilyong buhangin.

Alaala
ng aming naging relasyon.

Datapuwat makaraan ang dalawang buwan ay nagbalik yaon sa akin, na may timbreng *Return to Sender* . . .

. . . Sa aking mga panaginip, yumayanig pa rin ang mga riles ng tren, at malakas ang tilamsik ng mga alon sa aserong daan. Hatinggabi akong gigising at magsisindi ng night light sa mababang mesita.

Pagmamasdan ko ang aking kastilyong buhangin.

Pilit kong palalabasin ang malilinggit na duwende-sa-isip sa mga bintana ng kastilyong iyon.

At maaalaala ko si Carissa.

At makararamdam ako ng matinding pangungulila.

At sisikapin kong paginhawain ang puso kong naalimpungatan:

No use cryin' over spilt milk.

All is fair in love and war.

Forgive and forget.

Water under the bridge.

At higit sa lahat — Hesus, Maria y Husep, patawarin N'yo ako nawa:

Tomorrow is another day!

1994

Tularan
Sa Pagbuo
Ng Isang Handknitted
Beach Poncho

Mga Rosas Na Papel



Materyales:

6 bilot na puting papel na crêpe
1 paris patpat ng knitting, 10 mm
1 kawit-panggantsilyo, 5 mm
1 karayom na pantahi
puting sinulid na pantahi

Gupitin sa makikitid na bilot na salungat sa haspe at may lapad na 1 sm ang 5 bilot na papel na crêpe; ito ang sinulid na gagamitin sa pagbuo ng beach poncho.

Sukat:

Liig = 100 sm
Haba Sa Pagitan Ng
Magkabilang Pulso = 160 sm
Haba Ng Katawan = 111 sm

Higpit Ng Pagkakabuhol:

5 buhol sa bawat 5 sm pahilera sa habing-medyas
6 buhol sa bawat 5 sm pahanay sa habing-medyas

Habing-Butil:

Unang Hilera: K, P

Ikalawang Hilera: P, K (Ihabing-paalon ang mga buhol na kadena; ihabing-kadena ang mga buhol na paalon.)

TULARAN:

Kaliwa O Kanang Pulso At Balikat:

Maglapat ng isang buhol sa papel na crêpe.

Unang Hilera: K1, P1 sa likod ng buhol, upang lumikha ng karagdagang buhol.

Ikalawa At Sumusunod Na Mga Hilera: Simulan at panatilihin ang habing-butil; samantala 'y magdagdag ng isang buhol sa magkabilang dulo ng bawat hilera hanggang umabot ang hilera sa 162 buhol.

Liig:

Susunod Na Hilera: Itigil ang pag-daragdag ng buhol sa magkabilang dulo ng bawat hilera. Ihabi ang 63 buhol, magsara ng 36 buhol, ihabi ang 63 buhol=126 buhol.

Susunod Na Hilera: Ihabi ang 63 buhol, maglapat ng 36 buhol, ihabi ang 63 buhol=162 buhol.

Kabilang Balikat At Pulso:

Susunod Pang Mga Hilera: Ipagpatuloy at panatilihin ang habing-butil; samantala 'y magbawas ng isang buhol sa magkabilang dulo ng bawat hilera hanggang 1 buhol. Sarhan ang nalalabing buhol.

Pagtatapos:

Ikawit ang mga dulo ng dugtong sa bahaging panloob ng beach poncho.

Lumikha ng mga rosas na papel sa natitirang bilot na papel na crêpe, at itahi sa bahaging liig at laylayan ng beach poncho.

ANG MAY-KATHA

Bagamat ama 'y tubong Santa Maria, Bulacan, at ina 'y tubong Cagayan de Oro, sinilang si ANTONIO BENJAMIN SILVA PEREZ noong Marso 31, 1951, sa San Fernando, Pampanga, kung saan nadestino bilang Provincial Treasurer ang kaniyang lolo sa panig na Silva. Matapos ang ika-II Digmaang Pandaigdig, lumipat ang mga Perez sa Cubao, Quezon City.

Bagamat naging hilig ni Bojie Silva (na naging pangalan niya sa Pampanga, pagkat naging alaga siya ng kaniyang mga tiya) ang pagsusulat, unang pangarap ni Boy Perez (na naging pangalan niya sa Cubao) ang maging mang-gagamot — datapuwat ang pinili niya ay ang paggiging manggagamot di sa sakit sa katawan kundi sakit sa katauhan. Pagkatapos ng walong taon sa Ateneo de Manila Grade School (kung saan siya pinangalanang Tony Perez ng kaniyang mga guro at kamag-aral), apat na taon sa Ateneo de Manila High School, apat na taon sa Ateneo de Manila College of Arts and Sciences at limang taon sa Ateneo de Manila Graduate School of Arts and Sciences, ilang taon siyang nanilbihan bilang psychotherapist para sa mga taong emotionally disturbed.

May 38 taon nang naninirahan si Tony Perez sa Cubao, na sa kadalasa 'y lunan ng kaniyang mga nililikha. Nag-iisa siyang magulang sa kaniyang dalawang ampon na si Nelson, na nagtapos ng D.M. Dentistry sa Centro Escolar University nitong taon, at si Chito, na nasa ikatlong baytang ng Immaculate Conception Parish High School sa kasalukuyan.

1994

Fi-15270g

P2.00 ang Multa bawat araw
paglampas ng
Fi-15270g
TAKDANG ARAW NG PAGSASAULI

NOV 13 2019
MAY 24 2023
JAN 04 2024
JUL 23 2025

UP. MAIN LIBRARY
FILIPINIANA BOOK SECTION

P2.00 a day fine will be charged
if a book is kept beyond
DATE DUE

PL
6165.4
P49
C82
1994

Fi-15270g

UP. MAIN LIBRARY
FILIPINIANA BOOK SECTION

TUNGKOL SA AKLAT

Bibihira ang manunulat na Filipino sa ating panahon na may galing at kaugmang estilo gaya ng ipinamamalas ni Tony Perez sa *Cubao Midnight Express*. Tunay na tunay, buhay na buhay at totoong totoo ang Cubao sa librong ito; at ang mga taong gumagalaw, gumagāla, nagmumuni at nagsasalita rito ay produkto ng sensibilidad na kahanga-hanga ang talas sa pagtatala at pagsasawika ng karanasan. Pero ang lalong kagila-gilalas ay ang lawak ng kanyang alam at ang lalim ng kanyang arok sa tema ng pag-ibig, na sa koleksyong ito ay tuwid, hungkag, baluktot, nakakahilakbot, kalunos-lunos ang pangungulila, at higit sa lahat, gumugurlis sa puso ng mambabasa at nagpapaahon sa mata ng mainit na luha ng pagdamay.

Bienvenido Lumbera
Guro, Kritiko at Manunulat
UP Diliman

Tony Perez gives me the creeps — and I mean that as a compliment. In story after story he leads you on a tour through the dark, slimy, fetid corridors of his characters' souls. At the end of the maze, you stumble onto a mirror and you realize that the darkness is your own.

Jessica Zafra
Writer and Columnist
(Today *and* Woman Today)

Ang seryeng *Cubao* ni Tony Perez, kabilang na rin itong *Midnight Express,* ay maihahalintulad sa mga piraso ng isang basag na salamin — maaaring nag-iiba ang bigat at kahalagahan ng mga kuwento, tula, dula — ngunit tulad ng bubog ng salamin, maging maliit o malaki, sa bawat isa maaaninag pa rin ang larawan ng kadiliman ng pusong Cubao.

Karen Berthelsen Cardenas
Guro at Manunulat
Ateneo de Manila University

50000
9 789711 901653
ISBN 971-19-0165-X (Bookpaper)

National Book Store
03 5107
160.00
7447